

# Talatinigan ng mga Terminolohiyan g Pang-Halalan

Komisyon ng U.S. para sa Tulong Pang-Halalan
633 3rd Street NW, Suite 200 I Washington, DC 20001
www.eac.gov

Mga Nilalaman


Layunin ..... 3

Talatinigan ng mga Terminolohiyang Pang-Halalan ..... 4

**A** ..... 4

**B** ..... 10

**C** ..... 16

**D** ..... 29

**E** ..... 34

**F** ..... 42

**G** ..... 46

**H** ..... 47

**I** ..... 49

**J** ..... 50

**K** ..... 50

**L** ..... 50

**M** ..... 52

**N** ..... 56

**O** ..... 60

**P** ..... 64

**Q** ..... 75

**R** ..... 77

**S** ..... 84

**T** ..... 93

**U** ..... 97

**V** ..... 99

**W** ..... 110

**X** ..... 112

**Y** ..... 112

**Z** ..... 112

## Layunin

Ang talatinigang ito ay naglalaman ng 1299 na mga kataga at parirala na ginagamit sa pangagasiwa ng halalan sa Estados Unidos. Ang pangunahing layuin ng talatinigang ito ay ang makapagbigay sa mga tagapamahala ng halalan ng isang komprehensibong mapagkukunan ng mga karaniwang salita at parirala na ginagamit sa pamamahala ng halalan.  Ang pagtatatag ng magkakatulad na katagang pang-halalan ay nakakatulong para tiyaking tugma kapag nagbibigay-alam sa publiko tungkol sa halalan at pagboto. Subalit, dahil ang mga proseso ng halalan at kataga ay iba-iba ayon sa hurisdiksyon, makabubuting sumangguni lagi sa estado at lokal na tagapamahala ng halalan kung ang isang kataga ay naiiba sa mga kahulugan sa talatinigang ito.

# Talatinigan ng mga Terminolohiyang Pang-Halalan

## A

**Abandoned Ballot (Balotang Hindi Naisumite)**
Balotang hindi nailagay ng botante sa loob ng kahon ng balota o hindi naitalang nakaboto sa isang direct electronic device (DRE) bago umalis sa lugar ng botohan.

**Absentee Application (Aplikasyon para sa Pagboto nang Nakaliban)**
Isang aplikasyon para makatanggap ng balota para sa pagboto nang nakaliban.

**Absentee Ballot (Balota para sa Pagboto nang Nakaliban)**
Isang balotang naipatala ng isang botante bukod sa personal na pagboto sa araw ng halalan. Ang ilang hurisdiksyon ay gumagamit ng katagang kasingkahulugan ng mga balotang ipinakoreo samantalang may ilang hurisdiksyong gumagamit ng katagang kasingkahulugan ng maagang pagboto.

**Absentee Ballot Request Form (Form sa Paghiling ng Balota para sa Pagboto nang Nakaliban)**
Isang form na gamit ng botante upang humiling ng balota para sa pagboto nang nakaliban

**Absentee Mail Process (Paraan ng Pagboto nang Nakaliban sa pamamagitan ng Koreo)**
Isang serye ng mga gawain o hakbang kapag boboto gamit ang balota para sa pagboto nang nakaliban.

**Absentee Procedures (Mga Proseso para sa Pagboto nang Nakaliban)**
Mga itinatag na serye ng mga gawain ng isang tagapamahala ng halalan upang pangasiwaan ang mga balota para sa pagboto nang nakaliban.

**Absentee Vote (Boto mula sa Pagboto nang Nakaliban)**
Isang botong naitala gamit ang balota para sa pagboto nang nakaliban.

**Absentee Voter (Botanteng Nakaliban)**
Isang botanteng gumagamit ng balota para sa pagboto nang nakaliban.

**Absentee Voter Status (Katayuan ng Botanteng Nakaliban)**
Isang katagang gamit ng mga tagapamahala ng halalan upang matukoy kung ang isang botante ay karapat-dapat para sa, nag-apply para sa o bumoto gamit ng balota para sa pagboto nang nakaliban.

**Absolute Majority (Ganap na Nakararami)**
Higit sa 50%.

**Acceptance Testing (Pagsusuri sa Pagtanggap)**
Pagsusuri ng bumibiling hurisdiksyon ng halalan sa isang sistema ng pagboto upang matiyak ang paggana ng mga ipinadalang aparato para masigurong natutugunan nito ang mga pangangailangan sa pagbili (procurement requirements), at ang naipadalang sistema nga ay ang biniling sertipikadong sistema.

**Access Control (Pangangasiwa sa Paggamit)**
Ang proseso ng pagkakaloob o pagtanggi sa mga espesipikong kahilingang makakuha at makagamit ng impormasyon, at mga kaugnay na serbisyong pagproseso ng impormasyon, at makapasok sa mga partikular na pisikal na pasilidad.

**Access Board (Lupon ng Pangangasiwa sa Paggamit)**
Independiyenteng ahensyang pederal na ang pangunahing layunin ay makapagbigay-daan sa mga taong may kapansanan at isang pangunahing mapagkukunan ng impormasyon ukol sa disensyo ng paggamit.

**Accessibility ( Madaling Paraan ng Pagggamit)**
Mga masusukat na katangiang nagpapahiwatig sa antas kung saan ang isang sistema ay mapapakinabangan at magagamit ng mga taong may kapansanan. Kabilang sa mga pinakakaraniwanang kapansanan ay yaong may kaugnayan sa paningin, pandinig at pagkilos, pati na rin mga kapansanan sa pag-iisip.

**Accessibility Requirements (Mga Kinakailangan para sa Madaling Paggamit)**
Ang kalipunan ng mga batas, kautusan at pamamaraan na gumagabay sa proseso ng pagboto upang matiyak na makakapagboto ang mga indibidwal na may mga kapansanan.

**Accessible Facility (Pasilidad na Magagamit)**
Isang lokasyon na naaayon sa lahat ng batas at kautusan upang matiyak na ito ay magagamit ng mga indibidwal na may kapansanan.

**Accessible Voting Station (Madaling Magamit na Istasyon ng Botohan)**
Istasyon ng botohan na handa para sa mga indibidwal na may kapansanan.

**Accreditation (Akreditasyon)**
Pormal na pagkilala na ang isang laboratoryo ay may kakayahang magsagawa ng mga espesipikong pagsusuri o pagsasaayos.

**Accreditation Body (Lupon sa Akreditasyon)**
(1) Lupong may kapangyarihang magsasagawa ng akreditasyon. (2) Isang independiyenteng organisasyong responsable sa pagtatasa sa gawain ng ibang mga organisasyon laban sa isang kinikilalang pamantayan, at para pormal na kumpirmahin ang katayuan ng yaong tumutugon sa pamantayan.

**Accuracy (Kawastuhan)**
(1) Lawak na kung saan ang isang ibinigay na sukat ay naaayon sa pamantayang tinatanggap para sa pagsukat na iyon. (2) Malapit na pagkakatugma sa pagitan ng resulta ng isang pagsukat at ng tunay na halaga ng partikular na dami depende sa pagsukat. Ang kawastuhan ay isang konsepto ng kahusayan at hindi maaaring pagpalitin sa katiyakan.

**Accuracy For Voting Systems (Kawasatuhan ng Mga Sistema sa Pagboto)**
Kakayahan ng sistemang makunan, itala, itago, at pagsamahin at iulat ang mga partikular na mga pinagpilian at kawalan ng mga pinagpilian ng botante sa bawat posisyon ng balota nang walang pagkakamali. Ang kailangang kawastuhan ay binibigyang-kahulugan batay sa antas ng kamalian na para sa layunin ng pagsusuri ay nagpapahiwatig ng pinakamaraming bilang ng pinapayagang kamalian habang nagpoproseso ng espesipikong dami ng datos.

**Activation Device (Aparato sa Pag-activate)**
Aparatong naka-program na bumuo ng mga mahahalagang katibayan ng pagkakakilanlan upang masimulan ang sesyon ng pagboto gamit ang isang partikular na istilo ng balota. Kabilang sa mga halimbawa ay mga elektronikong aklat ng botohan at mga card activator na naglalaman ng impormasyon ukol sa katibayan ng pagkakakilanlan upang malaman ang wastong istilo ng balota para sa botante.

**Active Registered Voter (Aktibong Rehistradong Botante)**
Isang botanteng may pinakabagong record mula sa nararapat na awtoridad pang-halalan at kwalipikadong bumoto.

**Active Status (Aktibong Estado)**
Isang katagang ginagamit ng mga opisyal ng halalan kapag ang rekord ng isang botante ay nagpapakita na ang botante ay kwalipikadong bumoto. Ang kasalukuyang katayuan ay maaaring hindi tama kung ang mga impormasyon ay nagbago mula noong huling nag-update ng kanilang rekord ang botante.

**Adjudication (Paghatol)**
Proseso ng pagresolba sa isinumiteng balota na nagpapakita ng hangarin ng botante. Kabilang sa mga karaniwang dahilan ng mga balotang nangangailangan ng paghatol: mga pagboto sa pamamagitan ng pagsulat ng pangalan ng kanditatong wala sa balota, mga labis na boto, maliit na markang nababasa ng makina, mga pagpipiliang walang pahiwatig ng pagtutol na nakatatak sa buong balota, o balotang hindi mabasa ng scanner.

**Adjudicated Ballot (Hinatulang Balota)**
Isang naisumiteng balota na naglalaman ng mga pagpipiliang may pahiwatig ng pagtutol na nangangailangan ng paghatol.

**Advance(d) Ballot (Paunang Balota)**
Isang balotang naisumite bago ang araw ng eleksyon.

**Advisory Board Member (Miyembro ng Lupon ng Tagapagpayo)**
Isang miyembro ng lupon o panig ng mga tagapagpayo.

**Advisory Panel (Panig ng Tagapagpayo)**
Isang grupo ng mga indibidwal at organisasyong nagbibigay ng mga pansamantalang estratehikong payo sa mga namamahala ng korporasyon, organisasyon, o foundation.

**Affidavit (Sinumpaang Pahayag)**
Isang nakasulat na pahayag na kumpirmado sa pamamagitan ng panunumpa o paninindigan.

**Affidavit For Absentee Ballot (Sinumpaang Pahayag ng Balota ng Nagliban)**
Isang form na ginagamit ng botante para humihiling ng balota para sa pagboto nang nakaliban na kumpirmado sa pamamagitan ng panunumpa o paninindigan.

**Affidavit of Circulator (Sinumpaang Pahayag ng Nagpapakalat)**
Isang nakasulat na pahayag na kumpirmado sa pamamagitan ng panunumpa o paninindigan ng isang taong nagtipon ng mga pirma ng mga botante sa isang petisyon.

**Affidavit of Identity (Sinumpaang Pahayag ng Pagkakakilanlan)**
Isang dokumentong naglalaman ng mga impormasyong matutukoy nang personal na ginagamit upang mapatunayan ang iyong pagkakakilanlan o pirma.

**Affidavit of Registration (Sinumpaang Pahayag ng Pagpaparehistro)**
Isang dokumentong naglalaman ng mga impormasyong matutukoy nang personal na ginagamit upang mapatunayan ang iyong pagkakakilanlan o pirma.

**Affiliation (Pagsapi)**
Opisyal na kasapi ng isang organisasyon. Pagdating sa pagboto, kadalasang tinutukoy nito ang mga botanteng nagpaparehistro para bumoto at pormal silang nakikianib sa isang kinikilalang partidong pampulitika.

**Air gap**
Isang pisikal na paghihiwalay sa pagitan ng mga sistemang nangangailangan ng paglipat ng datos sa pamamagitan ng isang external (panlabas), manu-manong proseso. Nagpapahiwatig na walang koneksyon sa internet o sa ibang mga digital network.

**Alert time (Oras ng Alerto)**
Ang itinakdang haba ng panahon sa paghihintay ng isang aparatong pamboto para sa isang matutuklasang aktibidad ng botante matapos magpalabas ng isang alerto bago makarating sa isang hindi aktibong estado na nangangailangan ng pamamagitan ng opisyal ng halalan.

**Alternative Format (Alternatibong Format)**
Paglalaan ng ibang paraan sa paggamit ng impormasyon, katulad ng nagagamit na balota.

**Americans With Disabilities Act (ADA) (Batas para sa mga Amerikanong May Kapansanan)**
Ang ADA ay isang batas na karapatang sibil na nagbabawal sa diskriminasyon ng mga indibidwal na may kapansanan sa lahat ng aspeto ng pampublikong buhay at lahat ng pampubliko at pribadong lugar na bukas sa madla.

**Anonymous Contributions (Mga Hindi-Kilalang Kontribusyon)**
Mga pinansyal na kontribusyon para sa isang inorganisang kampanya, na hindi nangangailangang isiwalat ang pagkatao o organisasyong nagbigay ng kontribusyon.

**Appeal (Pag-apela)**
(1) Kapag ang mga partido sa isang aksyon ay humiling na isang mas nakatataas na awtoridad ang magrepaso ng pormal na desisyon. (2) Isang pormal na proseso kung saan ang EAC ay napetisyong isaalang-alang muli ang isang desisyon ng Ahensya.

**Appeal Authority (Awtoridad sa Pag-apela)**
Indibidwal o mga indibidwal na inatasang magsilbi bilang awtoridad na tagpagpasya ukol sa apela.

**Appeals Process (Proseso ng Pag-apela)**
Ang proseso kung saan ang mga desisyon ay sinusuri pagkatapos humiling ng apela sa isang desisyon.

**Application for Ballot By Mail (ABBM) (Aplikasyon para sa Balota sa pamamagitan ng Koreo)**
Isang dokumentong ginagamit sa paghiling na maipadala sa pamamagitan ng koreo ang balota sa isang botante.

**Appointed At Large (Naatasan para sa Nakararami)**
Isang miyembro ng lupon ng tagapamahala na hinirang upang kumatawan sa buong samahan o populasyon (lalong-lalo na sa isang lungsod, lalawigan, estado, probinsya, bansa, kapisanan o kalipunan), sa halip na isang maliit na grupo.

**Appointed Incumbent (Naatasang Manungkulan)**
Isang kandidatong kasalukuyang naglilingkod sa tanggapan kung saan sila hinirang, at sila ay kandidato sa halalan sa parehong katungkulan.

**Appointed Member (Naatasang Miyembro)**
Isang miyembro ng Kongreso na humahawak ng katungkulan kung saan sila hinirang, at sila ay kasalukuyang kandidato sa halalan sa parehong katungkulan.

**Appointed To Serve Until Next General Election (Naatasang Maglingkod Hanggang sa Susunod na Pangkalahatang Halalan)**
Isang taong hinirang ng isang awtoridad na tagapamahala upang punan ang pagkabakante ng isang katungkulang pampubliko, na kasama sa balota sa susunod na pangkalahatang halalan.

**Appointee (Inatasan)**
Isang taong inatasan sa isang posisyon sa gobyerno ng isang tagahirang na awtoridad.

**Appointing Authority (Tagahirang na Awtoridad)**
Isang opisyal o ahensya na may kapangyarihang maghirang sa mga posisyon para sa serbisyong pampubliko.

**Apportionment (Pagbabahagi)**
Proseso ng paghahati ng mga kasapi o botante.

**Appropriation (Paglalaan)**
Ang kabuuang pera o pag-aari na inilaan para sa isang espesyal na layunin.

**Approval Voting (Pagboto ng Pagsang-ayon)**
Isang sistemang pang-halalan kung saan ang bawat botante ay maaaring pumili ng kahit ilang kanditato, at ang mananalo ay ang kandidatong sinasang-ayunan ng pinakamaraming bilang ng botante. Ito ay iba sa karamihang pagboto (plurality voting), na kung saan ang isang botante ay maaaring pumili ng isa lamang sa maraming pagpipilian, kung saan ang opsyong may pinakamaraming boto ang mapipili.

**Assembly (Kapulungan)**
Pangalang ibinigay sa iba't ibang lehislatura, lalo na sa mga mababang kapulungan o buong lehislatura sa mga estado sa mga pederal na sistema ng gobyerno.

**Assembly District (Distrito ng Kapulungan)**
Isa sa takdang bilang ng mga distrito na kung saan hinahati ang isang estado, ang bawat distrito ay bumoboto ng isang miyembro sa mababang kapulungan ng lehislatura ng estado.

**Assembly Member (Miyembro ng Kapulungan)**
Ang isang taong nahalal or hinirang sa mababang kapulungan ng isang lehislatura ng estado.

**Assistance to Vote (Tulong sa Pagboto)**
Ang mga botanteng may kapansanan ay pinapapayagang mabigyan ng tulong mula sa isang pinili nilang taong may mga limitadong exemption.

**Assistant of Voters (Katulong ng mga Botante)**
Isang manggagawa ng presinto o indibidwal na pinili ng isang botante upang tumulong sa proseso ng pagboto.

**Assistive Technology (Teknolohiyang Pantulong sa May Kapansanan)**
Isang bagay na ginagamit upang paramihin, panatilihin, o mapabuti ang mga kakayahan sa paggawa ng mga taong may kapansanan.

**Asymmetric Cryptography**
Sistemang pag-encrypt na gumagamit ng pampubliko at pribadong pares na susi para sa operasyong cryptographic. Ang pribadong susi ay kadalasang nakatago sa digital certificate ng isang tagagamit at karaniwang ginagamit upang mag-decrypt o digital na pirmahan ang datos. Ang pampublikong susi ay karaniwang ginagamit sa pag-encrypt ng datos o pagsuri ng mga digital signature. Ang mga susi ay maaaring gamitin nang papalit-palit kung kinakailangan, ibig sabihin, ang isang pampublikong susi ay maaaring gamiting pang-decrypt ng datos at ang pribadong susi ay maaaring gamitin sa pag-encrypt ng datos.

**At Large (Sa Nakararami)**
Ang buong samahan o populasyon (lalong-lalo na ang isang lungsod, lalawigan, estado, probinsya, bansa, kapisanan o kalipunan), sa halip na isang maliit na grupo.

**Attest (Pagpapatunay)**
Maging isang saksi sa o pormal na magpatunay.

**Audio Ballot (Balotang Audio)**
Isang balota na kung saan ang isang grupo ng mga tanggapan ay ipiniprisenta sa botante sa pamamagitan ng pagbigkas.

**Audio Format**
Isang format ng balotang nagpapakita kung saan ang mga opsyong pagtutol at iba pang mga impormasyon ay inihahayag sa pamamagitan ng tunog at pagsasalita.

**Audio Function with Headset And Earphones (Paggana ng Audio Gamit ang Headset at mga Earphone)**
Isang format ng balotang nagpapakita kung saan ang mga opsyong pagtutol at iba pang mga impormasyon ay inihahayag sa pamamagitan ng tunog at pagsasalita.

**Audio-Tactile Interface (ATI)**
Interface para sa botante na dinisenyo upang hindi mangailangan ng biswal na pagbabasa ng balota. Ginagamit ang audio upang iparating ang impormasyon sa botante at ang mga sensitibong kontrol na pandama (tactile controls) ay nagbibigay-daan sa botante na maiugnay ang mga pagpipilian sa balota sa sistema ng pagboto.

**Audit**
(1) Sistematikong, independiyenteng, dokumentadong proseso para sa pagtukoy ng lawak kung saan ang mga itinakdang kondisyon ay natupad. (2) Ang pagsiyasat sa isang sistema at sa mga kontrol nito upang matukoy ang lagay ng pagpapatakbo at sa kawastuhan ng mga output nito.

**Audit Device (Aparatong Pang-audit)**
Aparatong nakatuon lamang upang malayang mapatunayan o masuri ang paggawa ng isang sistema ng pagboto.

**Audit Trail (Talaan ng Pag-audit)**
Impormasyong nirekord habang may mga aktibidad sa halalan upang muling mabuo ang mga sinunod na hakbang o mapatunayan kalaunan ang mga ginawang hakbang hinggil sa mga proseso ng halalan at mga sistema ng pagboto.

**Audit Trail for Direct-Recording Equipment (Talaan ng Pag-audit para sa Kagamitang Pang-direct recording)**
Papel na printout ng mga isinumiteng boto, na ginawa sa pamamagitan ng direct-recording electronic (DRE) na mga makinang pamboto, na maaaring gamitin ng mga opisyal ng halalan upang matiyak ang mga elektronikong naitalang kabuuan.

**Auditor (Taga-Audit)**
Isang taong nagsasagawa ng pag-audit ng alinmang bahagi ng proseso ng halalan.

**Authentication (Pagpapatunay)**
Pagbeberipika ng pagkakakilanlan ng isang tagagamit, proseso, aparato, o bahagi ng isang sistema, na kadalasan ay isang paunang kahilingan upang magamit ang mga mapagkukunan sa isang sistema ng impormasyon ngunit maaari ring tumukoy sa pagbeberipika ng pagiging totoo ng isang botante o balota.

**Authorized Poll Agent (Awtorisadong Ahente ng Botohan)**
Sa ilang mga estado, ang isang tagapangasiwa ng isang inorganisang komite ng partido, kandidato o komite ng presinto na hinirang upang obserbahan ang halalan.

**Automated Voter Registration (Naka-automate na Pagrehistro ng mga Botante)**
Sistema ng pagrerehistro ng mga botante kung saan ang mga kwalipikadong botante ay binibigyan ng opsyong magrehistro upang makaboto sa pamamagitan ng elektronikong paraan sa tuwing sila ay makikipag-ugnayan sa mga ahensya ng gobyerno.

**Automatic Voter Registration (AVR) (Awtomatikong Pagrehistro ng mga Botante)**
Sa ilalim ng isang awtomatikong sistema ng pagrehistro ng mga botante, ang mga kwalipikadong botante ay awtomatikong nakarehistro para makaboto sa tuwing sila ay makikipag-ugnayan sa mga ahensya ng gobyerno (hal. kagawaran ng mga sasakyang de motor).

**Availability (Magagamit)**
Ang porsyento ng oras kung saan ang isang sistema ay gumagana nang maayos at maaaring magamit.

# B

**Ballot (Balota)**
Opisyal na paglalahad ng lahat ng mga pagtutol na pagpapasyahan sa isang partikular na halalan. Papel man o elektronikong format, ang pamamaraan ng mga botante upang ipakita ang kanilang mga kagustuhan bilang botante.

**Ballot Access (Paggamit sa Balota)**
Ang kakayahang mag-marka, mag-sumite, at magberipika ng balota nang pribado at malaya.

**Ballot Board (Konseho para sa Balota)**
Isang grupo ng mga indibidwal na hinirang, kadalasan ng mga lokal na awtoridad at iniatas na mangasiwa sa halalan at proseso ng pagboto.

**Ballot Box (Kahon ng Balota)**
Isang selyadong lalagyan na naglalaman ng mga balotang isinumite ng mga botante.

**Ballot Card (Card na Balota)**
Isang card o bilang ng mga card na naka-print, o natutukoy ayon sa balota, mga pangalan ng mga kandidatong nominado o iboboto sa isa o higit pang mga katungkulan o mga titulo ng balota ng isa o higit pang mga panukala.

**Ballot Cast (Isinumiteng Balota)**
Ang huling hakbang ng isang botante sa pagpili ng mga opsyong pagtutol at tiyakang pagkumpirma ng kanilang intensyong bumoto gaya ng napili. Kabilang sa mga halimbawa ay kapag ang isang balota ay nailagay na ng botante sa kahon ng balota, mailbox, drop box o isunimite sa pamamagitan nang elektronikong paraan para mabilang.

**Ballot Configuration (Kumpigurasyon ng Balota)**
Partikular na listahan ng mga pagtutol na lumalabas sa balota mula sa isang partikular na distrito ng halalan, ang kanilang pagkakasunod-sunod, at listahan ng mga posisyon sa balota para sa bawat pagtutol, at ang pag-uugnay ng mga pangalan ng mga kandidato sa posisyon sa balota.

**Ballot Counter (Tagabilang ng Balota)**
Katangian ng isang aparatong pamboto na nagbibilang ng mga naisumiteng boto sa isang halalan.
Ito ay maaari ring tumukoy sa isang tao na nagbibilang ng mga boto gamit ang kamay.

**Ballot Counting Logic (Lohikal na Pagbilang sa Balota)**
Isang lohika ng software na tumutukoy sa wasto at hindi wastong kombinasyon ng mga pagpipilian ng mga botante sa isang itinakdang balota at tumutukoy kung paano pagsasama-samahin ang mga boto sa isang halalan.

**Ballot Data (Datos ng Balota)**
Isang listahan ng mga pagtutol at mga kaugnay na opsyon na maaaring lumabas sa isang balota para sa isang partikular na halalan.

**Ballot Designation (Pagtatalaga ng Balota)**
Isang paglalarawan, pangalan o pormal na titulo na naka-print sa ilalim ng pangalan ng kandidato sa balota. Maaaring kasama rin ang partidong pampulitika ng kandidato o kasalukuyang estado ng panunungkulan.

**Ballot Drop Box (Drop Box ng Balota)**
Isang nakakandadong lalagyan, pwedeng sa loob o labas, kung saan ang mga botante ay maaaring magsauli ng balota para sa pagboto nang nakaliban upang kolektahin mismo ng isang opisyal ng halalan.

**Ballot Envelope (Sobre ng Balota)**
Ang opisyal na panloob at panlabas na sobreng ginagamit sa pagpapadala ng mga balota para sa pagboto nang nakaliban at balotang ipinakoreo.

**Ballot Exhaustion (Pagsaid sa Balota)**
Tumutukoy sa pag-proseso ng pagtutol sa isang pagboto ayon sa ranggo (ranked choice voting) sa isang isinumiteng balota, kung saan ang balota ay nagiging hindi aktibo at hindi maaaring umusad sa bilangan para sa pagtutol dahil walang karagdagang balidong pagranggo sa balota para sa pagpapatuloy ng mga opsyong pagtutol.

**Ballot Fatigue (Kapagalan sa Balota)**
Isang kaganapan kung saan pinipili ng mga botanteng huwag bumoto sa mga labanan o isyung makikita sa bandang ibaba ng balota.

**Ballot Format (Format ng Balota)**
Ang kongkretong pagpapakita sa nilalaman ng isang balota na naaangkop sa partikular na ginagamit na teknolohiya sa pagboto. Ang mga nilalaman ay maaaring maipakita gamit ang iba't ibang paraan ng paglalahad (visual o audio), wika o graphics.

**Ballot Harvesting (Pagkolekta ng Balota)**
Ang pagkolekta ng mga balota, kadalasang ginagawa ng isang partidong pampulitika o organisasyong hindi pangkalakalan (non-profit), para sa maraming botante at isasauli ang mga balotang ito sa isang tanggapan ng halalan sa ngalan ng mga botante. Ang legalidad ng gawaing ito ay iba-iba kada estado, na may ilang mga estadong pinapayagan ang gawaing ito, (at) nililimita kung sino ang maaaring magsauli ng mga balota sa ngalan ng iba o ganap na ipinagbabawal ito.

**Ballot Image (Imahe ng Balota)**
Isang talaan ng lahat ng naisumiteng balota ng isang botante. Maaari rin itong mangahulugan ng isang imaheng digital ng isang isinumiteng balota na nakunan ng isang sistema ng pagboto o aparatong pamibilang ng balota.

**Ballot Instructions (Mga Tagubilin ukol sa Balota)**
Impormasyong binibigay sa isang botante na naglalarawan ng mga proseso para sa pagmarka sa balota. Itong impormasyon ay maaaring direktang makita sa papel o sa elektronikong balota o maaaring ibigay nang hiwalay.

**Ballot Label (Tatak ng Balota)**
Ang bahagi ng mga kagamitang pamboto na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga botante, kandidato, balota, pagtutol o iba pang mga datos sa halalan.

**Ballot Layout (Balangkas ng Balota)**
Ang kongkretong pagpapakita sa nilalaman ng balota na naaangkop sa partikular na ginagamit na teknolohiyang pamboto. Ang mga nilalaman ay maaaring naibigay gamit ang iba't ibang paraan ng paglalahad (visual o audio), wika o graphics.

**Ballot Manifest (Manipesto ng Balota)**
Isang katalogong inihanda ng mga opisyal ng halalan na nakalista nang sunud-sunod ang lahat ng mga pisikal na balotang papel at ang kanilang lokasyon. Ito ay kailangan para sa Risk Limiting Audit (Pag-audit para sa Pagbawas ng Panganib) ngunit maaari ring magamit sa pagsubaybay ng imbentaryo ng balota at gumawa ng isang talaan para sa iba pang uri ng mga audit.

**Ballot Marking Device (Aparatong Pang-marka ng Balota)**
Isang aparatong nagbibigay-daan para masuri ang mga opsyong pagtutol sa isang electronic interface, gumagawa ng balotang papel na mababasa ng tao, at hindi gumagawa ng iba pang tumatagal na rekord ng mga napili ng botante.

**Ballot Measure (Tanong/Batas sa Balota)**
(1) Isang tanong na makikita sa balota para aprubahan o tanggihan. (2) Isang pagtututol sa balota kung saan maaaring umoo o humindi ang botante.

**Ballot on Demand (Hiling na Balota)**
Isang proseso na lumilikha ng papel na balota alinsunod sa estilo ng balota na may mga pagtutol at kandidato na partikular na tumutukoy sa isang botante. Ang prosesong ito ay nangangailangan ng isang sistemang may printer na makakagawa ng papel na balota na pwedeng itala sa isang sistema ng pagboto at aparato kasama ang lahat ng datos na kailangan upang ma-print ang isang estilo ng balota na angkop sa isang partikular na botante. Tandaan: ang "ballot on demand" ay isang nakarehistrong trademark ng ES&S, ngunit ito ay isang katagang kadalasan ay ginagamit sa mga kahalintulad na sistema.

**Ballot Order (Pagkakasunod-sunod sa Balota)**
(1) Ang pagkakasunod-sunod kung saan ang mga pagtutol at mga kandidato ay makikita sa isang balota. Ang pagkakasunod-sunod ng mga kandidato at mga panukalang makikita sa balota ay iba-iba kada estado. (2) Ang katagang gamit tuwing ang isang opisyal ng halalan ay humihiling ng isang printer ng balota upang mag-print ng isang partikular na bilang ng mga balota.

**Ballot Pamphlet (Polyeto tungkol sa Balota)**
Opisyal na impormasyon tungkol sa iyong balota na galing sa isang tanggapan ng halalan, na kadalasang tinutukoy bilang opisyal na gabay para sa botante.

**Ballot Pickup (Pagkolekta ng Balota)**
Nangangahulugan ito ng gawaing pagkolekta ng mga balota ng pagboto nang nakaliban o balotang ipinakoreo, sa halip na isauli ito sa pamamagitan ng drop box, koreo, o paghahatid.

**Ballot Position (Posisyon sa Balota)**
Isang espesipikong lugar sa balota kung saan ang napilI ng botante para sa isang partikular na pagtutol ay maaaring ipakita. Ang mga posisyon ay maaaring konektado sa mga numero ng hilera at haligi di umano ng isang makinang pamboto o balota, partikular na mga bit posisyon sa isang binary rekord ng isang balota (halimbawa, ang imahe ng isang elektronikong balota), o ang katumbas sa ibang anyo.

**Ballot Preparation (Preparasyon ng Balota)**
Pagpili ng mga espesipikong pagtutol at tanong na nakapaloob sa isang format ng balota at mga kaugnay na tagubilin; paghanda at pagsuri ng mga software na pang-halalan na naglalaman nitong mga pagpipilian; paggawa ng lahat ng mga posibleng format ng balota; at pagberipika ng kawastuhan ng mga materyal ng balota at software na naglalaman nitong mga pagpipilian para sa nalalapit na halalan.

**Ballot Production (Paggawa ng Balota)**
Proseso ng paglikha ng mga balota para ilahad sa mga botante, halimbawa, pag-print ng mga papel na balota, o pag-configure ng paglalahad ng mga balota para sa isang elektronikong display.

**Ballot Question (Tanong sa Balota)**
Mga panukalang magpapatupad ng mga bagong batas o pagbabago sa konstitusyon na nakalagay sa balota para aprubahan o tanggihan ng mga botante.

**Ballot Remake (Muling Paggawa ng Balota)**
Isang balota na ipinalit para sa isang nasira o bahagyang hindi-wastong balota – kadalasang ginagawang muli ng isang kontroladong  proseso kung saan ang mga boto mula sa nasira o bahagyang hindi-wastong balota ay kinokopya sa isa pang balota na pwedeng mabilang ng isang scanner.

**Ballot Rotation (Pagpapalit-palit ng Balota)**
Proseso ng pagpalit-palit ng pagkakasunod-sunod ng mga pangalan ng kandidato sa loob ng isang pagtutol. Ang gawaing ito ay iba-iba kada estado.

**Ballot Scanner (Pang-scan ng Balota)**
Aparatong ginagamit upang mabasa ang mga datos ng pinagpilian ng botante mula sa papel na balota o `card na balota.

**Ballot Secrecy (Paglihim ng Balota)**
Isang kalipunan ng mga alituntunin at proseso upang itatag ang saligang karapatan ng mga botante sa Estados Unidos na makapagsumite ng isang lihim na balota. Tinitiyak ng mga prosesong ito na walang balotang maiuugnay sa botante, sa gayon ay makapagbigay-daan sa mga botante na malayang markahan ang kanilang mga balota at walang pangambang may kahihinatnan o pahihiganti.

**Ballot Stub (Piraso ng Balota)**
Isang maliit na piraso, kadalasang makikita sa itaas ng balota, na butas-butas at mayroong impormasyon tungkol sa balota tulad ng serial number, petsa ng halalan, at hurisdiksyon kung saan ginaganap ang halalan.

**Ballot Stuffing (Pagsumite ng Maraming Balota)**
Ang ilegal na pagboto o pagsumite nang higit sa isang balota kada botante kahit iisang balota lamang ang pinapayagan sa bawat botante.

**Ballot Style (Estilo ng Balota)**
Isang balota na may espesipikong kalipunan ng mga pagtutol at kandidato para sa isang partikular na presinto. Ang mga estilo ng balota ay iba-iba depende sa kung anong kombinasyon ng mga pagtutol at kung anong kaalyadong partido (sa mga pangunahing halalan), na maaaring salihan ng mga botante. Ang mga estilo ng balota ay iba-iba base sa mga pagtutol na pwedeng pagbotohan ng mga botante at, sa panahon ng pangunahing halalan, ang kanilang kaalyadong partido.

**Ballot Title (Titulo ng Balota)**
(1) Ang opisyal na maikling buod ng isang panukalang-batas na makikita sa balota. (2) Karaniwang kasama ang petsa ng halalan at uri (Espesyal, Pangunahin, o Pangkalahatan) ng halalan sa titulo ng balota.

**Ballot Types (Mga Uri ng Balota)**
Isang balotang may espesipikong kalipunan ng mga pagtutol at kandidato para sa isang partikular na presinto. Ang mga estilo ng balota ay iba-iba base sa kung aling kombinasyon ng pagtutol at aling kaalyadong partido (sa isang pangunahing halalan), na maaaring salihan ng mga botante.

**Barcode**
Isang optical at nababasa-ng-makina na representasyon ng datos bilang isang pagkakasunod-sunod ng mga bar at patlang alinsunod sa mga tinatanggap na pamantayan. Ang QR code ay isang halimbawa ng barcode.

**Barcode Reader (Tagabasa ng Barcode)**
Aparatong gamit para mag-scan ng mga barcode at mag-convert ng mga na-encode na impormasyon sa isang magagamit na format. Ang mga tagabasa ng barcode ay ginagamit upang mag-scan ng mga code sa ibat' ibang kagamitan sa halalan kabilang ang mga balota, lisensya sa pagmamaneho, mga ID card ng botante, pakete ng impormasyon ng botante, sobre, at iba pang mga dokumento sa halalan.

**Baseline Voting (Baseline na Pagboto)**
Isang uri ng pagboto kung saan ang kandidato na may pinakamaraming boto ang nananalo. Sa mga single-seat (solong-tungkulin) na pagtutol, ang botante ay maaari lamang pumili ng isang opsyong pagtutol. Sa mga multi-seat (maraming katungkulan) na pagtutol, ang botante ay maaaring makapili hanggang sa kung ilang pagtutol ang nakalagay sa balota.

**Batch**
Isang koleksyon ng mga papel na balota na tinipon bilang isang grupo para bilangin at suriin.

**Batch-fed scanner (Batch-fed na pang-scan)**
- Isang elektronikong aparato sa pagboto na:
- tumatanggap ng mga salansan na markado ng kamay o gawang-BMD na mga papel na balota at awtomatikong nag-poproseso sa mga ito hanggang sa maubos;
- kadalasang gamit sa sentral na lokasyon ng hurisdiksyon ng halalan;
- karaniwang ginagamit upang iproseso ang mga balota ng pagboto nang nakaliban;
- kadalasang may input at output na mga hopper para sa balota;
- nagii-scan ng balota at tinatanggihan ito kung hindi mabasa o hindi maiproseso;
- tinutukoy, ipinapaliwanag at tinitiyak ang mga pinagpiliang pagtutol;
- tinutukoy at inaayos (sa paraang digital man o pisikal) ang mga balotang hindi mabasa o hindi maproseso, o
- naglalaman ng mga di-matukoy na pinagpilian, exception na pag-marka, o pag-sulat ng mga kandidatong wala sa balota; at
- nagbibilang at nag-uulat ng mga resulta ng pagtutol kung kinkailangan.

**Benchmark (Sukatan)**
Pinagbabatayang dami kung saan ang sukat ng paggana ng isang sistema o aparato ay maaaring makumpara.

**Bicameral (Dalawang Kapulungan)**
Isang kinatawang lehislatibo na may dalawang sanga o kapulungan.

**Biennial (Kada Dalawang Taon)**
Nagaganap kada dalawang taon. Ang mga pederal na halalan ay ginaganap kada dalawang taon sa mga taong even-numbered.

**Biennium**
Isang espesipikong panahon na dalawang taon.

**Bilingual Requirements (Pangangailangang Bilingual)**
Listahan ng mga batas at alituntunin na tumutukoy kung aling mga materyal ng halalan ang kailangang makuha sa iba pang wika maliban sa Ingles.

**Blank Ballot (Blangkong Balota)**
Nailabas na balotang walang nakalagay na pagpipilian.

**Blank Space (Blangkong Patlang)**
Isang lugar sa balota na kadalasang ginagamit ng mga botante para isulat ang isang pangalan na hindi pre-printed kasama ang pangalan ng ibang kandidato sa balota para sa pagtutol na iyon.

**Blanket Primary (Pangunahing Blanket)**
Pangunahing halalan kung saan ang isang botante ay pwedeng bumoto ng mga kandidato sa kahit anong partido, kahit ano pa ang politikal na kaalyadong partido ng botante o mga kandidato.

**Blind (Bulag)**
Napaka-limitado o kawalan ng paningin.

**Block Voting (Block na Botohan)**
Isang sistema kung saan ang botante ay pwedeng pumili ng kahit ilang kandidato dahil may mga bakanteng posisyon.

**Board (Election) Lupon (Halalan)**
Isang grupo ng mga indibidwal na nagsanib-puwersa upang magampanan ang tungkulin sa halalan. Kabilang sa mga halimbawa ang mga Lupon ng mga Presinto, Lupon ng mga Tagabilang, Lupon ng Taga-suri, at iba pa.

**Board of Canvassers (Lupon ng mga Tagabilang)**
Isang grupo ng mga indibidwal na nagsanib-puwersa, alinsunod sa mga espesipikong patakaran at proseso, para magtipon, magsiyasat, at magpatunay ng mga materyal sa halalan.

**Board of Commissioners (Lupon ng mga Komisyonado)**
Ang kinatawang namamahala sa isang lalawigan sa maraming estado ng U.S., partikular sa Gitnang Kanluran at Silangan, na binubuo ng mga myembrong nahalal ng mga botante.

**Board of Directors (Lupon ng mga Direktor)**
Isang lupon na namamahala sa mga kapakapan ng isang institusyon o lokal na pamahalaan.

**Board of Elections (Lupon ng Halalan)**
Isang grupo ng mga indibidwal na hinirang, kadalasan ng mga lokal na awtoridad, at inatasang pangasiwaan ang halalan at mga proseso sa pagboto.

**Board of Registrars (Lupon ng Tagapagparehistro)**
Isang grupo ng mga indibidwal na hinirang, kadalasan ng mga lokal na awtoridad, at inatasang pangasiwaan ang halalan at mga proseso sa pagboto.

**Board of Supervisors (Lupon ng mga Tagapamahala)**
Ang kinatawang namamahala sa isang lalawigan sa maraming mga estado ng U.S., partikular sa Kanluran, na binubuo ng mga miyembrong nahalal ng mga botante.

**Bond**
Isang utang kung saan ang awtorisadong tagapag-isyu ay may utang at obligadong bayaran ang prinsipal at interes sa kalaunan. Ang mga tanong tungkol sa bond ay maaaring Ilagay sa mga lokal na balota upang aprubahan o tanggihan ang bond at, kung aprubado ng mga botante, ang bond ay pwedeng mabayaran sa pamamagitan ng pagkolekta ng mga buwis sa ari-arian sa loob ng isang natukoy na hurisdiksyon, distrito ng paaralan, o espesyal na distrito. Ang mga tanong tungkol sa balota ay maaaring ilagay sa mga balota ng buong Estado at, kung aprubado ng mga botante, ang bond ay babayaran gamit ang mga buwis at singil na kinolekta ng Estado.

**Bond Election (Halalan ukol sa Bond)**
Isang halalan kung saan ang isang panukalang nagpapahintulot sa estado o lokal na pamahalaan na aprubahan ang karagdagang paggastos, kung saan ang isang utang at obligasyon ay babayaran na may interes ay makikita sa balota para pagpasyahan ng mga botante.

**Bond Issue (Pag-isyu ng Bond)**
Isang panukala para payagan ang isang estado o lokal na pamahalaan na aprubahan ang paggastos kung saan ang isang utang at obligasyon ay babayaran na may interes.

**Bond Proposition (Panukala ukol sa Bond)**
Kapag ang isang estado o lokal na pamahalaan ay naglalatag ng isang tanong sa mga botante bilang isang panukalang-batas ukol sa balota, pinakikiusapan ang mga ito na aprubahan ang karagdagang paggastos gamit ang bond.

**Bond Referendum (Reperendum para sa Bond)**
Isang panukala upang ipawalang-bisa ang isang batas na nagpapahintulot sa bond na dating ipinagtibay ng isang lupong tagapamahala, at ito ay nakalagay sa balota upang aprubahan o tanggihan ng mga botante.

**Borough**
Isang bayan, barangay, o parte ng isang malaking lungsod na may sariling gobyerno.

**Boundary Line (Linya ng Hangganan)**
Isang linyang naghihiwalay sa isang presinto, lungsod, o ibang politikal na bahagi mula sa iba pa.

**Braille Voting Instructions (Mga Tagubilin para sa Pagboto gamit ang Braille)**
Mga tagubilin sa pagboto na nakasulat sa mga karakter gamit ang mga pattern na nakaumbok na mga tuldok na binabasa sa pamamagitan ng paghipo.

**Butterfly Ballot (Butterfly na Balota)**
Isang balotang mayroong mga pangalan ng mga kandidato sa ibaba ng bawat panig ng balota, na may nag-iisang haligi para ma-markahan ang mga pagpipilian sa bandang ibabang gitna.

# C

**Call an Election (Tumawag ng Halalan)**
Kapag ang isang awtorisadong kinatawan ng gobyerno ay nagpahayag na ang isang halalan ay magaganap sa isang partikular na panahon.

**Campaign (Kampanya)**
Isang serye ng mga demokratikong aktibidad para maimpluwensyahan ang isang politikal na boto para o laban sa mga kandidato o mga tanong sa balota.

**Campaign Contributions (Mga Kontribusyon sa Kampanya)**
Kahit anong halagang ibinigay, pinautang o pinauna upang maimpluwensyahan ang isang politikal na boto para sa o laban sa mga kandidato o mga tanong sa balota.

**Campaign Disclosure (Pag-uulat ukol sa Kampanya)**
Ang pag-uulat ng mga kontribusyon sa kampanya.

**Campaign Expense Report (Ulat ng Gastos sa Kampanya)**
Ulat na nagdedetalye ng mga gastusing pampulitika na kailangang isumite ng isang namamahalang awtoridad.

**Campaign Finance (Pananalapi sa Kampanya)**
Ang pangingilak at paggastos ng mga pondo para sa mga politikal na layunin.

**Campaign Finance Disclosure Statements (Mga Pahayag ukol sa Pag-uulat ng Pananalapi sa Kampanya)**
Mga ulat na nagdedetalye ng mga pampulitikang kontribusyon at gastusing kailangang isumite ng isang namamahalang awtoridad.

**Campaign Finance Laws (Mga Batas ng Pananalapi sa Kampanya)**
Isang kalipunan ng mga batas na nagdedetalye ng mga patakaran at regulasyon para sa pangingilak at paggastos ng mga pondo at kontribusyon para sa mga pampulitikang layunin.

**Campaign Finance Report (Ulat ng Pananalapi sa Kampanya)**
Mga ulat na nagdedetalye ng mga politikal na kontribusyon at gastusin na kailangang isumite ng isang namamahalang awtoridad.

**Campaign Finance Reporting Requirements (Mga Kinakailangan para sa Ulat ng Pananalapi sa Kampanya)**
Isang kalipunan ng mga kinakailangan na nagdedetalye ng mga patakaran at regulasyon para sa pangingilak at paggastos ng mga pondo at kontribusyon para sa mga pampulitikang layunin.

**Campaign Materials (Mga Gamit sa Kampanya)**
Ang mga dokumento, mapagkukunan at iba pang mga gamit sa pag-impluwensya ng politikal na boto para sa o laban sa mga kandidato o mga katanungan sa balota. Maaaring kasama sa mga gamit sa kampanya ang mga t-shirt, botones, bumper sticker, karatula sa bakuran, at iba pang mga materyal na naka-print.

**Campaign Signs (Mga Karatula sa Kampanya)**
Isang karatula na nag-aanunsiyo ng isang partikular na boto.

**Cancellation Notices (Mga Abiso sa Pagkansela)**
Mga mensaheng nakasulat para sa mga botante na nag-aabisong sila ay tinanggal sa mga listahan ng nakarehistrong botante.

**Cancellation of Registration (Pagkansela sa Pagkarehistro)**
Ang pagtanggal sa isang botante mula sa listahan ng rehistradong botante

**Cancelled Voter Status (Kanseladong Katayuan ng Botante)**
Katagang ginagamit ng mga opisyal ng halalan kapag ang isang talaan ng botante ay nagpapakita na ang botante ay tinanggal sa listahan ng boboto.

**Candidacy (Pagkakandidato)**
Ang katayuan ng pagiging isang kandidato.

**Candidate (Kandidato)**
Isang taong naghahangad ng nominasyon o mahalal sa isang espesipikong tanggapan at natugunan man ang mga legal na kinakailangan upang ma-print sa balota ang kanyang pangalan o karapat-dapat na maisulat ang kanyang pangalan sa balota at mabilang sa pagpipilian ng mga botante para sa pagtutol. Tandaan – hindi hinihingan ng pederal na pananalapi sa kampanya at ilang mga estado ang isang tao na magsumite ng petisyon para maituring na isang kandidato. Ang pangingilak  ng pera pa lamang ay pwede kang gawing isang kandidato.

**Candidate Committee (Komite ng mga Kandidato)**
Isang grupo ng mga indibidwal na inorganisa para sa mga pampulitikang layunin upang suportahan o tutulan ang mga kandidato para sa katungkulang pampubliko.

**Candidate Nomination Procedures (Mga Proseso sa Pag-halal ng Kandidato)**
Ang opisyal na proseso upang ipanukala na ang isang indibidwal ay kilalanin para sa katungkulang pampubliko.

**Candidate Petitions (Mga Petisyon para sa Kandidato)**
Isang pormal na nakasulat na dokumento na pinirmahan ng mga rehistradong botante upang hilingin na mailagay sa balota ng halalan ang mga pangalan ng mga kandidato.

**Candidate Registration (Pagpapareghistro ng Kandidato)**
Ang pagkumpleto ng mga kailangang papeles upang maging isang sertipikadong kandidato para sa katungkulang pampubliko.

**Candidate Roster (Listahan ng mga Kandidato)**
Isang pormal na listahan ng mga kandidato.

**Candidate Statement (Pahayag tungkol sa Kandidato)**
Isang nakasulat na buod ng impormasyon tungkol sa isang kandidato sa katungkulang pampubliko para sa layuning maimpluwensyahan ang mga botante.

**Candidate Withdrawal (Pag-atras ng Kandidato)**
Kapag ang isang tao ay nagpahayag ng pagkakandidato o naghain para sa halalan ngunit kalaunan ay –kusang nagpasya – na hindi na makasama sa pinal na balota.

**Candidate Withdrawal Periods (Mga Panahon ng Pag-atras ng Kandidato)**
Ang panahong itinakda kung kailan maaaring alisin ng isang indibidwal ang kanilang pangalan mula sa listahan ng mga kandidato para sa katungkulang pampubliko.

**Candidates List (Listahan ng mga Kandidato)**
Opisyal na listahan ng mga karapat-dapat na ihalal na kandidato para sa katungkulang pampubliko.

**Canvass**
(1) Pagsasama-sama o pagpapatunay ng bawat lehitimong balota na naihulog at nabilang, kabilang ang mga pagboto nang nakaliban, maagang pagboto, Araw ng Halalan, pansamantala (provisional), tinutulan (challenged), at sadatahang lakas (uniformed) at mamamayang nasa ibang bansa. (2) Humingi ng mga boto.

**Canvass Report (Ulat ng Pag-canvass)**
Isang detalyadong ulat ng mga aktibidad at impormasyon tungkol sa pagbibilang sa halalan.

**Canvassing Board (Lupon ng mga Taga-Canvass)**
Isang grupo ng mga indibidwal na nagsanib-puwersa, alinsunod sa mga espesipikong batas at proseso, upang itipon, siyasatin at suriin ang mga gamit sa halalan.

**Carry an Election (Pagsasagawa ng Halalan)**
Manalo sa isang halalan.

**Cast (Pagboto)**
Ang pinal na hakbang ng isang botante sa pagpili ng mga opsyong pagtutol at permanenteng pagkumpirma sa intensyon nilang bumoto ayon sa napili.

**Cast Ballot (Pagsumite ng Balota)**
Isang balota na inilagay ng isang botante sa kahon ng balota, mailbox, drop box o isinumite sa elektronikong paraan para mabilang.

**Cast Vote Record (Talaan ng Boto)**
Permanenteng talaan ng lahat ng mga botong ginawa ng isang botate electroniko man, papel o iba pang uri. Tinatawag din na imahe ng balota kapag nangangahulugan itong mga elektronikong balota.

**Cast Your Ballot (Cast Your Vote) (Pagbigay ng Sariling Boto)**
Ang paglagay ng botante ng kanilang nakumpletong papel na balota sa kahon ng balota, pagkumpira at pagtala ng kanilang mga napili sa isang touch screen na aparato sa pagboto sa isang lugar ng botohan, pag-lagay ng nakumpletong balota sa koreo o drop box o ang pagpadala ng nakumpletong balota sa pamamagitan ng isang elektronikong paghahatid sa isang tanggapan ng halalan. Oras na naisumite ang isang balota, kadalasan ay hindi na ito maaaring baguhin.

**Catastrophic System Failure (Labis na Pagkabigo ng Sistema)**
Lubusang pagkawala ng pakinabang, gaya ng kawalan o hindi na maibalik na pagkasira ng datos ng botohan o ang pagkabigo ng on-board battery ng memory ng computer para panatilihin ang nakaimbak na impormasyon (volatile memory).

**Caucus (Pagpupulong)**
(1) Isang saradong pagpupulong ng isang grupo ng mga taong kabilang sa parehong partidong pampulitika o pangkat na kadalasan ay namimili ng mga kandidato o nagpapasya ng polisiya. (2) Isang grupo ng mga taong nagkakaisa upang itaguyod ang isang napagkasunduang layunin.

**Caucus Election (Pagpupulong para sa Halalan)**
Isang pagpupulong kung saan ang mga lokal na miyembro ng isang partidong pampulitika ay nagrerehistro ng kanilang napili mula sa mga kandidatong tumatakbo o namimili ng mga kinatawan para dumalo sa isang kapulungan.

**Caucus System (Sistema ng Pagpupulong)**
Mga patakaran at regulasyong tumutukoy sa proseso para sa pagpupulong kung saan ang mga lokal na miyembro ng isang partidong pampulitika ay nagrerehistro ng napili nilang kandidatong tumatakbo o namimili ng mga kinatawan para dumalo sa isang kapulungan.

**Central Absentee Precinct (Pangunahing Presinto para sa Pagboto nang Nakaliban)**
Ang central absentee precinct (CAP) ay isang presintong itinatag sa korte o iba pang gusaling pampubliko sa isang lalawigan o lungsod para tumanggap, magbilang, at magtala ng mga balota ng pagboto nang nakaliban na isinumite sa lalawigan o lungsod.

**Central Committee (Pangunahing Komite)**
Ang pagbuo ng pangunahing o ehekutibong lupon ng mga partidong pampulitika sa isang lalawigan, estado, o iba pang mga political na pangkat.

**Central Count (Sentro ng Pagbibilang)**
Ang pagbibilang ng mga balotang galing sa iba't ibang presinto sa isang pangunahing lokasyon.

**Central Count Process (Proseso ng Pangunahing Pagbilang)**
Ang mga patakaran at regulasyong sinusunod kapag nagbibilang ng mga balotang galing sa iba't ibang presinto sa isang pangunahing lokasyon.

**Central Count Voting System (Sistema ng Pangunahing Pagbilang sa Pagboto)**
Isang sistema ng pagboto na nagbibilang ng mga balotang galing sa iba't ibang mga presinto sa isang pangunahing lokasyon. Ang mga naisumiteng balota ay nilalagay sa isang ligtas na lagayan sa lugar ng botohan. Ang mga nakatagong balota ay nililipat sa isang pangunahing lugar ng bilangan na siyang gumagawa ng ulat kaugnay sa bilang ng mga boto.

**Central Counting Station (Pangunahing Istasyon para sa Bilangan)**
Isang lugar na ginagamit bilang isang pangunahing lokasyon upang magtala, mag-proseso o magbilang ng mga balota mula sa iba't ibang mga presinto.

**Central Reporting Device (Pangunahing Aparato para sa  Pag-ulat)**
Isang elektronikong aparato para sa pagboto na nagsasama-sama at nag-uulat ng mga kabuuang boto mula sa iba't ibang mga presinto sa isang pangunahing lokasyon.

**Central Voter Register List (Pangunahing Listahan ng Rehistradong Botante)**
Isang listahan ng mga botante na pinananatili sa nag-iisang, permanenteng, opisyal, computerized sa buong estado na database ng mga rehistradong botante.

**Centralized Voter Registration Database (CVR) (Sentralisadong Database para sa Rehistradong Botante)**
Nag-iisang, permanenteng, opisyal, computerized  sa buong estado na database ng mga rehistradong botante.

**Certificate (Katibayan)**
Isang opisyal na dokumentong nagbibigay katibayan.

**Certificate of Circulator (Katibayan ng Nagpapakalat)**
Isang nakasulat na pahayag na nakumpirma sa pamamagitan ng panunumpa o patunay ng isang taong nakalikom ng mga pirma ng botante sa isang petisyon.

**Certificate of Election (Katibayan ng Halalan)**
Isang nakasulat na pahayag na nagpapatunay na ang isang kandidato ay nahalal sa katungkulang pampubliko.

**Certificate of Error (Katibayan ng Kamalian)**
Isang nakasulat na pahayag na nagpapaliwanag ng pagkakamali sa isang halalan.

**Certificate of Nomination (Katibayan ng Nominasyon)**
Isang nakasulat na pahayag na nagpapaliwanag na ang isang kandidato ay nakatanggap ng isa sa pinakamataas na bilang ng boto para sa katungkulang pampubliko, na kadalasang nagpapahiwatig na sila ay pupunta sa pangkalahatan o pandesisyong (run-off) halalan.

**Certificate of Permanent Disability (Katibayan ng Permanenteng Kapansanan)**
Isang form na kinumpleto ng isang lisensyado o sertipikadong propesyonal ng kalusugan, o itinalagang ahensyang nagpapatunay sa kapansanan ng isang indibidwal.

**Certificate of Registration (Katibayan ng Pagpaparehistro)**
Isang opisyal, sinumpaang salaysay ng isang opisyal ng halalan na nagpapatunay na ang isang mamamayan ay isang rehistradong botante.

**Certificate of Restoration (Katibayan ng Pagpapanumbalik)**
Isang katibayang pinalabas ng sistemang panghukuman upang mapanumbalik ang karapatang bumoto.

**Certification (Sertipikasyon)**
Pamamaraan kung saan ang isang ikatlong partido ay nagbibigay ng nakasulat na garantiya na ang isang produkto, proseso o serbisyo ay sumusunod sa mga itinakdang kinakailangan.

**Certification of Election (Sertipikasyon ng Halalan)**
Isang nakasulat na pahayag na nagpapatunay na ang pagsasama-sama at pagbibilang sa halalan ay kumpleto at tumpak.

**Certification of Official Election Results (Sertipikasyon ng Mga Opisyal na Resulta ng Halalan)**
Isang nakasulat na pahayag na nagpapatunay na ang resulta ng halalan ay isang tunay at wastong pagbilang ng lahat ng botong naisumite sa isang partikular na halalan.

**Certification of Signatures (Sertipikasyon ng mga Lagda)**
Isang nakasulat na pahayag na nagpapatunay na ang bilang ng mga lagda sa isang petisyong nabilang na wasto o tinaggihan ay isang tama at tumpak na pag-record ng mga impormasyon.

**Certification Requirements (Mga Kinakailangan para sa Sertipikasyon)**
Ang mga patakaran at regulasyong pinagbabatayan ng mga kondisyon na mga pangunahing elemento sa pagpapatunay ng halalan o proseso ng pagboto.

**Certification Testing (Pagsubok para sa Sertipikasyon)**
Pagsusuring isinasagawa sa pamamagitan ng pambansa man o pang-estadong mga prosesong pagsertipika upang mapatunayan ang pagsunod sa sistema ng pagboto sa mga kinakailangan.

**Certified Election Results (Sertipikadong Resulta ng Halalan)**
Pinal na bilang ng boto na napatunayang tunay at wasto ng mga opisyal na responsable sa pagpapatunay ng kawastuhan.

**Certify (Patunay)**
Ang pagbibigay ng nakasulat na garantiya ng isang third party na ang isang produkto, proseso o serbisyo ay sumusunod sa mga itinakdang kinakailangan.

**Chad**
Isang maliit na itatapong pirasong papel na nagawa sa pamamagitan ng paglalagay ng butas sa isang punched card o tape.

**Chain of Custody (Pagkakasunod-sunod na Pamamahala ng mga Dokumentasyon)**
Isang proseso ng pagsubaybay sa paggalaw at pagkontrol ng isang asset sa buong siklo ng buhay nito sa pamamagitan ng pagdokumento ng bawat tao at organisasyong humahawak ng asset, petsa/oras kung kailan ito kinolekta o nilipat, at ang pakay ng paglipat.

**Challenge (Paghamon)**
Pagkuwestiyon sa pagiging karapat-dapat ng isang botante na magsumite ng balota, o tumanggap ng balotang mabibilang.

**Challenged Ballot (Balotang Tinutulan)**
Balota ng isang indibidwal na kinukuwestiyon ng iba tungkol sa pagiging kwalipikadong bumoto nito (karaniwan ay isang opisyal ng halalan). Ang balota ay hinahawakan hangga't ang dahilan ng pagtutol ay naresolbahan.

**Challenged Voter (Tinutulang Botante)**
Isang botanteng kinuwestiyon tungkol sa pagiging karapat-dapat na magsumite ng balota.

**Challenger (Taga-hamon)**
Isang indibidwal o opisyal na kumukuwestiyon sa pagiging karapat-dapat ng isang botante na magsumite ng balota, o tumanggap ng isang balotang mabibilang.

**Change in Political Affiliation (Pagbabago sa Politikal na Kaalyado)**
Ang pagrehistrong muli ng isang botante na mayroong ibang pulitikang napili o samahan.

**Change of Address (Pagbabago ng Address)**
Ang pagrehistrong muli ng isang botante upang baguhin ang kanilang tirahan o mailing address. Maaari ring mag-update ang mga botante ng kanilang address sa mga aprubadong ahensya ng gobyerno tulad ng Department of Motor Vehicles (Kagawaran ng Mga Sasakyang Motor) at ng United States Postal Service (Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos).

**Change of Party (Pagbabago ng Partido)**
Ang pagrehistrong muli ng isang botante upang bumoto ng may ibang pulitikang napili o samahan.

**Charter (Karta)**
Isang nakasulat na dokumento ng awtoridad ng lehislatura, tulad ng isang Lungsod o Lalawigan, na tumutukoy sa mga patakaran at regulasyon ng lupong iyon.

**Charter Amendment (Pag-amyenda sa Karta)**
Isang pag-amyenda sa nakasulat na dokumentong pinagtibay ng isang awtoridad ng lehislatura, tulad ng isang Lungsod o Lalawigan, na nagbabago ng kanilang karta.

**Check the Box (Pag-check sa Kahon)**
Ang pag-marka ng boto sa isang balota.

**Chief Election Officer (Punong Opisyal ng Halalan)**
Opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan sa isang hurisdiksyon.

**Chief Inspector (Punong Inspektor)**
Opisyal na responsable para sa maayos at tamang pagboto sa lugar ng botohan o proseso ng halalan.

**Chief State Election Officer (Punong Opisyal ng Halalan sa Estado)**
Opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan sa isang estado.

**Circulate (Ipamahagi)**
Ang pagtatangkang mangalap ng mga pirma mula sa mga botante para sa mga inisyatiba, referendum, o kandidato.

**Circulation (Pamamahagi)**
Ang proseso ng pagkalap ng mga pirma para sa mga pangunguna, Referendum, o mga kandidato.

**Circulator (Tagapamahagi)**
Isang taong nagsusumite ng mga petisyon sa mga botante upang magkalap ng mga pirma para sa mga inisyatiba, referendum, o mga kandidato.

**Circulator Statement (Pahayag ng Tagapamahagi)**
Nakasulat na pahayag na binibigyang patunay ng panunumpa o paninindigan ng isang taong nagkalap ng mga pirma ng botante sa isang petisyon.

**Citizen (Mamamayan)**
Isang tao na, dahil sa lugar ng kapanganakan, nasyonalidad ng isa o parehong magulang, o naturalisasyon na ipinagkaloob ng buong karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng isang bansa o politikal na komunidad, kabilang ang karapatang bumoto kung hindi man di-kwalipikado.

**Citizen Initiatives (Mga Inisyatibo ng Mamamayan)**
Ang pamamaraan kung saan ang mga mamamayan ay pwedeng magpanukala ng batas nang direkta sa lupon ng tagapamahala.

**City (Lungsod)**
Isinamang lupon ng lokal na pamahalaan sa loob ng isang estado.

**City Charter (Karta ng Lungsod)**
Isang nakasulat na pahayag ng isang Lungsod na nagpapaliwanag sa patakaran at regulasyon ng lupong iyon.

**City Clerk (Kawani ng Lungsod)**
Isang opsiyal ng lungsod na responsable sa pangangasiwa ng halalan sa isang lungsod.

**City General Municipal Election (Pangkalahatang Munisipal na Halalan sa Lungsod)**
Isang regular na halalan ng mga kandidato at mga hakbang sa isang lungsod.

**City Ordinance (Ordinansa ng Lungsod)**
Isang batas na naipasa ng isang lungsod.

**City Special Municipal Election (Espesyal na Munisipal na Halalan sa Lungsod)**
Isang halalang ginaganap maliban sa regular na naka-iskeydul na primary o pangkalahatang halalan sa isang lungsod.

**Claim of Conformance (Pahayag ng Pagsunod)**
Pahayag ng isang taga-bentang nagsasabi na ang isang espesipikong produkto ay sumusunod sa isang partikular na pamantayan o kalipunan ng mga karaniwang katangian (profile); para sa mga sistema sa pagboboto, kwalipikasyon ng NASED o katibayan ng EAC ay nagbibigay ng malayang katibayan ng isang pag-angkin.

**Clerk (Kawani)**
Isang opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan o ng proseso ng halalan.

**Clerk of Absentee Voting (Kawani ng Pagboto nang Nakaliban)**
Isang opisyal na responsable sa pangangasiwa ng pagboto nang nakaliban o sa bahagi ng proseso ng pagboto nang nakaliban.

**Close of Registration (Huling Araw ng Pagrehistro)**
Huling araw na pwedeng magrehistro ng isang mamamayan para bumoto o i-update ang kanilang pagpaparehistro bilang botante bago ang isang halalan.

**Closed Primary (SaradongPangunahing Halalaan)**
Pangunahing halalan kung saan ang mga botante ay makakatanggap ng balotang may listahan ng mga kandidatong tumatakbo sa isang partido sa politika kung saan kasapi ang mga botante. Sa ilang estado, ang mga walang partidong pagtutol at mga isyu sa balota ay maaaring kasama.

**Code of Conduct (Patakaran sa Pag-uugali)**
Isang kalipunan ng mga patakaran na naglilista ng mga pamantayan, batas at responsibilidad o tamang kaugalian ng isang indibidwal o organisasyon.

**Code of Conduct of Elected Officials (Patakaran sa Pag-uugali ng mga Nahalal na Opisyal)**
Isang kalipunan ng mga patakaran na naglilista ng mga pamantayan, batas at esponsibilidad o tamang kaugalian ng mga opisyal ng halalan.

**Combined Precinct (Pinagsamang Presinto)**
Dalawa o higit pang mga presinto na tinuring na iisang presinto sa isang espesipikong halalan.

**Commercial Off-The-Shelf (COTS)**
Software, firmware, aparato o bahagi na ginagamit sa Estados Unidos ng iba't ibang tao o organisasyon para sa maraming iba't ibang aplikasyon maliban sa mga sertipikadong sistema ng pagboto at nakasama sa sistema ng pagboto na walang tagagawa- o pagbabagong espesipiko sa aplikasyon.

**Common Data Format (Karaniwang Format ng Data)**
Pamantayan at kaugalian ng pagtago at paggawa ng datos sa isang karaniwang, inilarawang format na pwedeng basahin ng ibang mga sistema.

**Common Industry Format (CIF) (Format ng Karaniwang Industriya)**
Tumutukoy sa format na inilarawan sa ANSI/INCITS 354-2001 "Common Industry Format (CIF) for Usability Test Reports."

**Component (Bahagi)**
Bahagi ng isang malaking sistema; ang bahagi ay pwedeng hardware o software. Para sa hardware, ito ay isang pisikal na parte ng isang subsystem na pwedeing gamitin upang gumawa ng mas malalaking sistema (halimbawa, mga circuit board, internal modem, processor, memory ng computer). Para sa software, ito ay isang module ng maisasagawang code na may espesipikong paggamit at nakikipag-ugnayan sa ibang mga bahagi.

**Computer Judge (Tagapamahala ng Computer)**
Isang manggagawa sa halalan na nagche-check sa ID ng botante at pirma, at nagpoproseso ng mga botante sa elektronikong aklat ng halalan.

**Conditional Voter Registration (Kondisyunal na Pagrerehistro ng Botante)**
May ilang mga estadong gumagamit ng katagang ito upang tukuyin ang aksyon ng isang indibidwal na nagrerehistro at nagsusumite ng isang pansamantalang balota pagkatapos ng itinakdang araw, ngunit hindi makumpirma ang pagiging kwalipikado o kalagayan ng pagkakarehistro pagpunta para bumoto.

**Conduct an Election (Pagsasagawa ng Halalan)**
Ang pamahahala, pagpapatakbo at pangangasiwa ng isang halalan.

**Configuration Management (Pangangasiwa ng Kompigurasyon)**
Disiplina sa paggamit ng teknikal at administratibong direksyon at pagmamatyag upang kilalanin at i-dokumento ang paggawa at pisikal na katangian ng isang kagamitang pang-kompigurasyon (configuration item), i-kontrol ang mga pagbabago sa mga katangiang ito, itala at iulat ang kalagayan ng pagproseso at pagpapatupad ng pagbabago, at tiyakin ang pagsunod sa mga tinukoy na kinakailangan.

**Configuration Management Plan (Plano para sa Pangangasiwa ng Kompigurasyon)**
Dokumento na nagdedetalye ng proseso para sa pag-tukoy, pag-kontrol at pangangasiwa ng iba't-ibang inilabas na mga bagay (tulad ng code, hardware at dokumentasyon).

**Configuration Status Accounting (Pagrereport sa Katayuan ng Kompigurasyon)**
Isang elemento sa pangangasiwa ng kompigurasyon, kabilang ang pagtatala at pag-uulat ng impormasyong kailangan upang maayos na mapangasiwaan ang isang kompigurasyon. Kasama dito ang listahan ng mga aprubadong pagtukoy ng kompigurasyon, ang kalagayan ng mga panukalang pagbabago sa kompigurasyon, at ang katayuan ng pagpapatupad ng mga naaprubahang pagbabago.

**Confirmation Mailing (Kumpirmasyon sa pamamagitan ng Koreo)**
Isang ipinakoreong abiso sa isang botante para kumpirmahin ang mga pagbabagong ginawa sa kanilang impormasyon sa listahan ng botante. Ang abiso ay maaaring humiling sa botante na gumawa ng aksyon upang kumpirmahin na ang impormasyong nasa abiso ay tama.

**Confirmation Notice (Abiso ng Kumpirmasyon)**
Isang ipinakoreong abiso sa isang botante para kumpirmahin ang mga pagbabagong ginawa sa kanilang impormasyon sa listahan ng botante. Ang abiso ay maaaring humiling sa botante na gumawa ng aksyon upang kumpirmahin na ang impormasyong nasa abiso ay tama.

**Conformance (Pagsunod)**
Pagtupad sa mga itinakdang kinakailangan ayon sa produkto, proseso, o serbisyo.

**Conformance Testing (Pagsusuri sa Pagsunod)**
Proseso ng pagsuri sa isang pagpapatupad laban sa mga kinakailangan na natukoy sa isa o higit pang mga pamantayan. Ang mga resulta ng isang pagsusuri sa pagsunod ay karaniwang pasado o bagsak, na maaaaring may kasamang ulat ng mga problemang hinarap habang isinasagawa ito. Tinatawag rin itong isang pagsusuri ng kwalipikasyon.

**Congressional District (Kongresyonal na Distrito)**
Ang lugar sa loob ng hangganan ng isang estado kung saan ang miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S. ay nahahalal.

**Congressional Election (Kongresyonal na Halalan)**
Isang halalan kung saan ang mga botante ay lumalahok sa halalan ng kanilang Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S.

**Connect the Arrow (Pagdugtungin ang Palaso)**
Sa ilang mga balota, hinihiling ang mga botante na gumuhit ng isang linya para pagdugtungin ang ulo at buntot ng palaso na nakaturo sa pagpipiliang boto para sa isang kandidato o tanong/batas, sa halip na punan ang bubble o markahan ng X.

**Consolidated Election (Pinagsama-samang Halalan)**
Isang halalan kung saan higit sa isang hurisdiksyon ay nagsasagawa ng halalan sa parehong araw, at ang mga nakikilahok na hurisdiksyon ay gumagawa ng opisyal na aksyon upang ipagsama ang mga halalan sa iisang balota.

**Consolidated Precinct (Pinagsamang Presinto)**
Dalawa o higit pang mga presinto ay tinuturing na iisang presinto para sa isang partikular na halalan.

**Consolidated Primaries (Mga Pinagsama-samang Pangunahing Halalan)**
Isang halalan kung saan higit sa isang hurisdiksyon ay nagsasagawa ng halalan sa parehong araw, na ang isa sa kanila ay isang itinakdang pangunahing halalan, at ang mga nakikilahok na hurisdiksyon ay gumagawa ng opisyal na aksyon upang ipagsama ang mga halalan sa parehong balota.

**Constituent (Manghahalal)**
Isang taong kinakatawan sa politika ng isang itinalagang opisyal ng gobyerno o tagapamahala, lalo na kapag ang opisyal ay yaong taong kinakatawan na may pagkakataong lumahok sa pagpili sa pamamagitan ng pagboto.

**Constitution (Konstitusyon)**
Ang mahalagang saligang batas ng isang bansa, estado o panlipunang grupo na tumutukoy sa kapangyarihan at tungkulin ng mga gobyerno at gumagarantiya sa ilang mga karapatan ng mga taong sakop nito.

**Contest (Pagtutol)**
(1) Isang desisyon o kalipunan ng mga nauugnay na desisyon na ipinabibigay-alam sa mga botante (halimbawa, ang karapatan ng mga kandidato na punan ang isang partikular na katungkulang pampubliko o ang pag-apruba o pagtutol sa isang pagbabago sa saligang-batas). Sakop ng katagang ito ang iba pang katagang tulad ng "labanan," "katanungan," at "isyu" na minsan ay tumukoy sa partikular na mga uri ng pagtutol. (2) Isang ligal na pag-hamon sa resulta ng halalan.

**Contested Races (Tinutulang Labanan)**
Isang tinutulang halalan na mas marami pang kandidato kaysa mga bakante sa halalang iyon.

**Continue Voting (Patuloy sa Pagboto)**
Katagang gamit sa ilang mga elektronikong sistema ng pagboto o mga aparato na pangmarka ng mga balota upang ipahiwatig na ang isang botante ay may mas maraming pagpipilian o hindi nakapagsumite ng kanilang balota.

**Contribution (Kontribusyon)**
Kahit anong halagang binigay, pinautang o pinauna upang maimpluwensyahan ang isang politikal na boto para sa o laban sa mga kandidato o mga tanong sa balota.

**Contribution Limit (Limit ng Kontribusyon)**
Ang pinakamataas na halaga na maaaring ibigay, ipautang o ipauna ng isang indibidwal o organisasyon upang maimpluwensyahan ang isang politikal na boto para sa o laban sa mga kandidato o mga tanong sa balota.

**Contributions and Expenses Reports (Mga Ulat ng Kontribusyon at Gastusin)**
Mga ulat na nagdedetalye ng mga politikal na kontribusyon at gastusing kinakailangang ireport ng isang namamahalang awtoridad.

**Contributions and Spending Limits (Mga Limitasyon sa Mga Kontribusyon at Paggastos)**
Ang mga regulasyon na batayan ng pinakamataas na halaga na maaaring gastusin ng isang kandidato o komite upang maimpluwensyahan ang isang politikal na boto at ang isang indibidwal o organisasyon ay maaaring magbigay, magpautang o magpauna upang maimpluwensyahan ang isang politikal na boto para sa o laban sa mga kandidato o mga tanong sa balota.

**Controls (Mga Kontrol)**
Isang aparato, pamamaraan o subsystem, na kapag maayos na dinesenyo at ipinatupad, ay natitiyak ang kawastuhan ng operasyon ng isang sistema. Kasama sa mga karaniwang kontrol ang pagkakumpleto ng mga pagsusuri sa pagproseso, pagpapatunay ng mga tagagamit, at kawastuhan ng pagpoproseso. Ang mga kontrol ay maaaring makapigil (makakapigil ng mga anomalya)
o ipares, makatunton at makawasto.

**Corrective Action (Pagwawasto ng Pagkilos)**
Sinasagawang aksyon upang alisin ang mga sanhi ng isang umiiral na kakulangan o iba pang hindi kanais-nais na sitwasyon upang maiwasan ang pag-uulit.

**Council District (Distrito ng Konseho)**
Lugar sa loob ng hangganan ng isang estado kung saan ang isang miyembro ng isang Lungsod o Konseho ng Bayan ay inihahalal.

**Count (Pagbilang)**
Proseso ng pagbibilang ng mga boto.

**Counted Ballot (Nabilang na Balota)**
Balotang naproseso at may botong kasama sa mga kabuuang boto ng mga kandidato at mga hakbang.

**County (Lalawigan)**
Isang politikal at administratibong bahagi ng isang estado, na nagbibigay ng ilang lokal na serbisyo ng gobyerno.

**County Auditor (Awditor ng Lalawigan)**
Isang opisyal ng lalawigan, sa ilang estado, na siyang responsable sa pangangasiwa ng halalan para sa isang lalawigan.

**County Board of Election (Lupon ng Halalan sa Lalawigan)**
Isang grupo ng mga indibidwal na namumumo sa pagkontrol ng mga halalan at proseso ng pagboto sa isang county.

**County Board of Supervisors (Lupon ng Mga Tagapamahala ng Lalawigan)**
Ang namamahalang awtoridad ng isang lalawigan sa maraming estado sa U.S., partikular sa Kanluran, na binubuo ng mga miyembrong nahalal ng mga botante.

**County Clerk (Kawani ng Lalawigan)**
Isang opisyal ng lalawigan na responsable sa pangangasiwa ng halalan sa isang county.

**County Commission (Komisyon ng Lalawigan)**
Ang tagapamahalang lupon ng isang lalawigan sa maraming estado ng U.S., lalong lalo na sa Gitnang Kanluran at Silangan, na binubuo ng mga miyembrong nahalal ng mga botante.

**County Election Commission (Komisyon ng Halalan sa Lalawigan)**
Isang grupo ng mga idibidwal na hinirang, kadalasan ng mga lokal na awtoridad at namumuno sa pagkontrol ng halalan at proseso ng pagboto.

**County Election Officer (Opisyal ng Halalan sa Lalawigan)**
Isang opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan sa isang lalawigan.

**County Election Precinct (Presinto ng Halalan sa Lalawigan)**
Administratibong bahagi ng halalan na naaayon sa isang heograpikong lugar na pagbabasehan ng pagtukoy kung aling pagtutol ang pwedeng pagbotohan ng mga botanteng legal na naninirahan sa lugar na iyon.

**County Elections Officials (Mga Opisyal ng Halalan sa Lalawigan)**
Mga opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan sa isang lalawigan.

**County Measure (Batas ng Lalawigan)**
Isang batas, isyu, o katanungang nakikita sa isang balota para pagpasyahan ng mga botante ng lalawigan.

**County Recorder (Tagatala ng County)**
Isang opisyal ng lalawigan, sa ilang estado, na responsable sa pangangasiwa ng halalan sa isang lalawigan.

**County of Residence (Lalawigang Tinitirhan)**
Ang lalawigan sa isang estado o teritoryo na, sa panahong ang isang tao ay tumatanggap ng serbisyo, naninirahan at nakapagtatag nang tuloy-tuloy na pamamalagi ang taong iyon sa isang permanente o hindi-matukoy na panahon.

**County Special District (Espesyal na Distrito ng Lalawigan)**
Isang politikal na subdivision ng lalawigan na naitatag upang magbigay ng isang serbisyo publiko (tulad ng suplay ng tubig o sanitasyon) sa loob ng isang espesipikong heograpiyang lugar.

**Competency Order (Kautusan ukol sa Kakayahan)**
Isang kautusang inilabas ng korte na tumutukoy kung ang isang tao ay may tamang kaisipan para bumoto.

**Critical Infrastructure (Kritikal na Imprastraktura)**
Ang mga pisikal at cyber na sistema at asset na napakahalaga sa Estados Unidos na ang kanilang pagkasira o pinsala ay magdudulot ng epektong makakapanghina sa ating pampisikal o pang-ekonomiyang seguridad o pampublikong kalusugan o kaligtasan.

**Cross-Filing (Pag-rehistro ng higit sa isang partido)**
Pag-endorso ng iisang kandidato o talaan ng mga kandito ng higit pa sa isang partido sa politika. Ang kandidato o talaang nakikita sa balota ay kumakatawan sa bawat nag-eendorsong partido sa politika. Nangangahulugan rin itong isang cross-party na pag-endorso.

**Cross-party endorsement (Pag-endorso ng kandidato ng ilang partido)**
Pag-endorso ng iisang kandidato o talaan ng mga kandidato ng higit pa sa isang partido sa politika. Ang kandidato o talaanng nakikita sa balota ay kumakatawan sa bawat nag-eendorsong partido sa politika.

**Crossover Voting (Pagboboto para sa hindi ka-alyado)**
Ang paglahok ng isang botante sa isang pangunahing halalan ng isang partido na hindi sila opisyal na nakarehistro o kaalyado.

**Cryptographic Key**
Halaga na ginagamit sa pagkontrol ng cryptographic na operasyon, gaya ng decryption, encryption, paglikha ng pirma o pagbeberipika ng pirma.

**Cryptography**
Isang sangay ng kaalaman na kumakatawan sa mga patakaran, paraan, at pamamaraan para sa paglipat ng mga datos upang itago ang kanilang semantikong nilalaman, maiwasan ang paggamit na walang pahintulot, mapigilan ang kanilang di-kapansin-pansing pagbabago at itatag ang kanilang pagiging tunay.

**Cumulative Voting (Pinagsama-samang Pagboto)**
Isang uri ng pagboto na ginagamit sa pagtutol ng maraming kinatawan kung saan ang botante ay pinapayagang mamahagi ng espesipikong bilang ng mga boto sa isa o marami pang opsyong pagtutol. Dalawang malaking uri ang ginagamit sa halalan sa US, ang isa rito ay maaaring magresulta sa paghati na mga boto.

**Curbside Voting (Pagboboto sa Gilid ng Daan)**
Kapag ang isang botante ay hindi makapasok sa lugar ng botohan, may ilang hurisdiksyon kung saan ang mga opisyal ng halalan ay pinahihintulutang tulungan ang isang botanteng bumoto at ihulog ang balota mula sa labas ng lugar ng botohan.

**Cure (Pag-ayos)**
Ang proseso ng pag-ayos ng pagkakamali o pagbigay ng impormasyon sa isang opisyal ng halalan kapag ang iyong balota ay naunang tinanggihan sa pagbilang.

**Cured Ballot (Inayos na Balota)**
Isang balota na naunang tinanggihan dahil sa pagkakamali o dahil may kulang na kinakailangang impormasyon ngunit sa huli ay nabilang dahil inayos ng botante ang pagkakamali o binigay ang kulang na impormasyon.

**Cure Period (Panahon ng Pag-ayos)**
Ang panahong pinahihintulutan ng batas o mga regulasyon para makapagbigay ang isang botante ng kinakailangang impormasyon upang mabilang ang isang balota na nauna nang tinanggihan. Ang prosesong ito ay kadalasang pinahihintulutan kapag ang mga pirma sa sobre ng balota ay hindi tugma sa pirma sa card ng pagrerehistro ng botante, o kung nakalimutan ng isang botanteng pirmahan ang kanilang sobre ng balota.

**Current Resident Address (Kasalukuyang Tirahan)**
Ang address kung saan ka kasalukuyang nakatira.

**Custodian (Tagapag-alaga)**
Taong responsable sa pagprotekta ng mga mahahalagang impormasyon (information assets).

**Cybersecurity**
Mga hakbang na ginawa upang protektahan ang mga sistema ng computer at datos mula sa pag-atake at walang pahintulot na pagkuha at paggamit.

# D

**Damaged Ballot (Nasirang Balota)**
Isang balotang napunit, nagtupi o nasira o kung hindi man ay luray-luray na o hindi mabasa kaya hindi ito maproseso ng aparatong pambilang ng mga balota na dinisenyong magamit kasama ng balota.

**Data Accuracy (Kawastuhan ng Datos)**
(1) Ang pagkawasto ng datos ay batay sa dami ng pagkakamali sa posisyon sa balota. Ginagamit ang dami na ito sa mga gawain sa pagboto at mga sumusuportang kagamitan na kumukuha, nagrerekord, nagtatago, nagsasama-sama at nag-uulat ng mga espesipikong pagpipilian, at kawalan ng mga pagpipilian, na ginawa ng botante sa bawa't posisyon sa balota. (2) Ang kakayahan ng sistema na magproseso ng datos sa pagboto nang walang pagkakamali sa loob (internal errors) na dulot ng sistema. Ito ay iba sa integridad ng datos, na sumasaklaw sa mga pagkakamaling dulot ng mapagkukunan sa labas (outside source).

**Data Integrity (Integridad ng Datos)**
Kawalan ng kahinaan ng sistema sa di-sinsadyang panghihimasok (intervention), mapanlinlang na pagbabago na pwedeng magresulta sa mga pagkakamali ng pagproseso ng datos. Ito ay iba sa kawastuhan ng datos na sumasaklaw sa panloob na pagkakamali dulot ng sistema

**Data Security (Seguridad ng Datos)**
Ang pagprotekta ng digital na impormasyon mula sa mga walang-pahintulot na pag-access, korapsyon, o pagnanakaw sa buong siklo ng buhay nito.

**Deadline for Voting (Huling Araw ng Pagboto)**
Huling oras at petsa na pwedeng bumoto ang isang mamamayan.

**Deaf (Bingi)**
Malalang kawalan ng pandinig na halos wala na o walang marinig.

**Decertification (Pagpapawalang-bisa ng Sertipikasyon)**
Pagbawi ng katibayang pambansa o pang-estado ng hardware at software na sistema ng pagboto.

**Declaration of Assistance to Vote (Pagpapahayag ng Tulong sa Pagboto)**
Isang form na pinupunan ng isang botanteng may kapansanan upang humiling o tumanggi ng tulong habang nasa proseso ng pagboto.

**Declaration of Candidacy (Pagpapahayag ng Kandidatura)**
Ang pagkumpleto ng mga kinakailangang papeles upang maging kandidato para sa katungkulang pampubliko.

**Declaration of Intent (Pagpapahayag ng Intensyon)**
Ang pagkumpleto ng mga kinakailangang papeles upang ihayag ang hangarin ng isang tao na maging kandidato para sa katungkulang pampubliko.

**Declaration of Intent to Solicit and Receive Contributions (Pagpapahayag ng Hangaring Humingi at Tumanggap ng mga Kontribusyon)**
Isang dokumentong isinusumite sa isang namamahalang awtoridad upang ihayag ang hangarin ng isang tao na maglikom at gumugol ng mga pampulitikang kontribusyon.

**Declaration of Write-in Candidate (Pagpapahayag ng Pagsulat ng Kandidatong Wala sa Balota)**
Isang dokumentong isinusumite sa isang namamahalang awtoridad upang ihayag ang hangarin na tumakbo sa halalan kung saan ang kanilang pangalan ay hindi naka-pre-print sa balota ngunit kailangang isulat ng botante ang pangalan ng kandidato sa isang blangkong patlang para sa pagtutol na iyon.

**Decryption**
Proseso ng pagbago ng text na encrypted para maging plain text.

**Defective Ballot (Sirang Balota)**
Isang balota na nasira, nadungisan, o markado sa paraang hindi ito mabibilang ng scanner.

**Defense-In-Depth (Lalim ng Depensa)**
Maraming mga antas ng lohikal at pisikal na mga hakbang sa seguridad na nagbabawal sa iisang punto ng pagkabigo sa seguridad (single point of security failure) sa isang sistema. Tinatawag ring “Castle” na paraan.

**Delegate (Delegado)**
Isang awtorisadong taong pinadala upang kumatawan sa iba, partikular isang hinirang na kinatawan.

**Democracy (Demokrasya)**
Isang uri ng gobyerno na kung saan ang kataas-taasang kapangyarihan ay ipinagkaloob sa mga tao at ginagamit nila ito nang direkta o hindi direkta sa pamamagitan ng isang sistema ng representasyon na kadalasang may malayang halalang ginaganap sa takdang panahon.

**Deputy (Kinatawan)**
Isang taong binigyan ng kapangyarihan o pinahintulutang kumilos sa ngalan ng isang taong may awtoridad. Ang mga opisyal ng halalan ay pwedeng magsagawa ng panunumpa sa mga mamamayan upang magampanan ang mga opisyal na tungkulin sa halalan bilang kinatawan nila sa ilang mga Estado.

**Designation (Pagtatalaga)**
Isang paliwanag, pangalan, o pormal na titulo. Sa ilang mga hurisdiksyon, ang kandidato ay maaaring magpasa ng paglalarawan ng pagtatalaga para ma-iprint sa ilalim ng kanilang pangalan sa balota.

**Device (Aparato)**
Isang magagamit na bagay na nagsasagawa ng mga itinalagang gawain bilang isang pinagsama-samang kabuuan.

**Digital Certificate (Digital na Katibayan)**
Isang teknolohiya na kung saan ang mga sistema at kanilang mga tagagamit ay pwedeng gumamit ng mga aplikasyon para sa seguridad ng Public Key Infrastructure (PKI). Ang PKI ay isang grupo ng mga tungkulin, patakaran at pamamaraan na kailangan upang gumawa, mangasiwa, mamahagi, gumamit, mag-imbak, at tanggihan ang mga digital na katibayan at mangasiwa ng public-key encryption.

**Digital Signature (Digital na Pirma)**
Isang susing pang-operasyon na hindi pantay kung saan ang private key (pribadong susi) ay ginagamit upang digital na pirmahan  ang isang elektronikong dokumento at ang public key (pampublikong susi) ay ginagamit upang patunayan ang pirma. Ang mga digital na pirma ay nagbibigay-patunay sa datos at proteksyon sa integridad.

**Digitize**
Mag-convert ng analog na datos sa digital na format para itago at gamitin sa isang computer. Ang digital na form ng karakter na “A” ay ang byte: 01000001 (ASCII value 65). Ang anumang datos na nakaimbak sa isang computer ay dapat na i-digitize.

**Direct Democracy (Direktang Demokrasya)**
Isang uri ng demokrasya kung saan ang mga mamamayan ang direktang nagpapasya sa mga inisyatibong pang-patakaran, gaya ng kapag ang mga botante ay nagpapasya tungkol sa inisyatibo, mga mungkahi, at mga referendum.

**Direct Primary (Direktang Pangunahing Halalan)**
Isang pangunahing halalalan kung saan ang mga miyembro ng isang partido ay naghahalal ng kanilang kandidato sa pamamagitan ng direktang pagboto.

**Direct Recording Electronic (DRE)**
Isang aparato sa pagkuha ng boto na nagpapahintulot ng elektronikong pagpapakita ng balota, elektronikong pagpili ng mga wastong opsyon sa pagtutol, at elektronikong pag-imbak ng mga pagpipiliang pagtutol bilang boto ng mga indibidwal. Nagbibigay din ito ng buod ng kanilang napagpiliang pagtututol.

**Direct Recording Electronic (DRE) Voting System**
Ang elektronikong sistema ng pagboto na gumagamit ng mga elektronikong  bahagi para sa paggawa ng presentasyon ng balota, pagkuha sa boto, pagtala ng boto, at pagbilang kung saan lohikal at pisikal na pinagsasama-sama sa iisang yunit. Ang DRE ay nagsasagawa ng pagbilang ng mga datos sa botohan na nakaimbak sa isang naaalis na parte ng memorya at sa naka-print na hardcopy.

**Directly Verifiable (Direktang Napapatunayan)**
Isang katangian ng sistema ng pagboto na nagpapahintulot sa botante na mapatunayan ang kahit isang representasyon ng kanilang balota gamit ang kanilang sariling pandama, na hindi gumagamit ng software o hardware na tagapamagitan. Kasama sa mga halimbawa ang papel na balotang Marksense at isang DRE na may katangiang nabeberipikang papel na rekord ng botante.

**Directory (Sanggunian)**
Isang arkitekturang imbakan ng file na kung saan ang mga indibidwal na file ay nakaimbak sa hiwalay, nakabahagdang mga sanggunian. Ang sanggunian ay isang mapa kung saan nakaimbak ang file. Karamihan sa mga sistema ay mag-iimbak ng mga file sa default directory o sanggunian maliban na lang kung tinukoy.

**Disability (Kapansanan)**
Tungkol sa isang indibidwal: (1) isang pisikal o kapansanan sa pag-iisip na malaki ang limitasyon sa isa o mas marami pang mga pangunahing gawain sa buhay ng nasabing indibidwal; (2) isang rekord ng nasabing kapansanan; (3) tinatrato na mayroong nasabing kapansanan (kahulugan mula sa Americans with Disability Act o Batas para sa mga Amerikanong May Kapansanan)

**Disabled (May Kapansanan)**
Isang indibidwal na may kapansanan na tinukoy ng ADA bilang isang taong may pisikal o kapansanan sa pag-iisip na malaki ang limitasyon sa isa o mas marami pang mga pangunahing gawain sa buhay, isang taong may kasaysayan o rekord ng nasabing kapansanan, o isang tao ipinalalagay ng iba na mayroong nasabing kapansanan.

**Disabled Voters (Mga Botanteng May Kapansanan)**
Mga botanteng maaaring mangailangan ng tulong sa proseso ng pagboto upang makapag-ugnay sa mga sistemang hindi dinesenyo gamit ang pangkalahatang (universal) disenyo.

**Discrimination (Diskriminasyon)**
Hindi patas na pagtrato.

**Disenfranchise (Pagkawala ng Karapatan)**
Pagkaitan ng karapatang bumoto ang isang tao

**Displaced Voters (Lumikas na Botante)**
Mga botante na kinailangang umalis sa kanilang tahanan, kadalasan dahil sa isang natural na sakuna.

**Disqualification (Diskwalipikasyon)**
Ang pagdiskwalipika sa isang kandidato o botante na lumahok sa proseso ng halalan.

**Disqualify (Diskwalipikado)**
Ipahayag na ang isang tao ay hindi karapat-dapat para sa isang tungkulin o hindi magawang lumahok sa isang proseso ng halalan.

**Disqualifying (Pag-diskwalipika)**
Isang aksyon o paglabag na sanhi ng hindi paglahok ng isang kandidato o botante sa isang proseso ng halalan.

**Distribution of Contributions (Pagbahagi ng Kontribusyon)**
Ang detalyadong gastusing pampulitika ng kandidato o kampanya.

**District (Distrito)**
Isang politikal na pagpapangkat na itinatag sa loob ng isang espesipikong heograpiyang lugar.

**District Lines (Linya ng Distrito)**
Linyang naghahati sa mga Distrito sa isa’t isa.

**District Number (Numero ng Distrito)**
Ang numerong itinalaga sa isang politikal na distrito.

**District Office (Tanggapan ng Distrito)**
Isang tanggapan ng gobyerno na federal or pang-estado na hindi pinagbobotohan sa buong estado.

**Double Voting (Pagdoble ng Boto)**
Kapag ang isang botante ay bumoto ng higit sa isang balota.

**Download**
Isang gawain o halimbawa ng paglipat ng isang bagay (gaya ng datos o mga file) na kadalasan ay mula sa malaking computer papunta sa memory ng isa pang aparato (tulad ng mas maliit na computer) upang maglipat (data, mga files atbp.) mula sa isang lokasyon (gaya ng malaking computer o sa cloud) papunta sa isa pa (gaya ng mas maliit na computer, smartphone, o aparato sa pag-imbak).

**Dox**
Paglathala ng nakasisira o nakakasirang-puri na impormasyon tungkol sa isang indibidwal o organisasyon sa internet.

**Drop Box**
Isang nakakandadong lalagyan, sa loob man o labas, kung saan ang mga botante ay pwedeng magsauli ng balotang ipapa-koreo para direktang makolekta ng isang opisyal ng halalan.

**Duplicate Ballot (Magkaparehong Balota)**
Isang balotang ipinalit sa isang nasira o bahagyang imbalidong balota. Ang mga magkaparehong balota ay kadalasang ginagawang muli ng isang kontroladong proseso kung saan ang mga boto mula sa nasira o bahagyang imbalidong balota ay kinokopya sa isa pang balota na pwedeng mabilang ng isang scanner.

**Duplicate Records (Mga Magkaparehong Talaan)**
Magkakahalintulad na hilera ng impormasyon o mga dokumento.

**Duplicate Registrations (Mga Magkaparehong Rehistrasyon)**
Isang aplikasyon sa pagrehistro para makaboto mula sa isang taong rehistrado nang bumoto sa parehong address, na may parehong pangalan at personal na impormasyon.

**Duty Station (Istasyon ng Panunungkulan)**
Isang itinalagang lokasyon ng trabaho.

**Dynamic Password (Nagbabagong Password)**
Isang password na nagbabago ayon sa isang itinakdang agwat o pangyayari.

**Dynamic Voting System Software (Nagbabagong Software na Sistema ng Pagboto)**
Software na nagbabago sa pagdaan ng panahon kapag ito ay na-install na sa aparatong pamboto.

# E

**E-pollbook**
Aparato na bahagyang ginagawang awtomatiko ang proseso ng pagsusuri sa mga botante, itinatalaga ang tamang istilo ng balota sa kanila, at minamarkahan ang mga botanteng nabigyan ng balota. Maaaring gamitin sa halip na isang tradisyunal na papel na aklat ng halalan. Ang mga E-pollbook ay maaaring itayong mag-isa sa presinto na may hiwalay na kopya ng listahan ng pagrehistro o pwedeng naka-network sa isang pangunahing sistema ng pagrehistro ng botante kung saan maaari nilang suriin at baguhin ang talaan ng botante sa oras na iyon.

**Early Voting (Maagang Pagboto)**
Pagboto bago ang araw ng halalan kung saan personal na pinupunan ng botante ang balota sa isang tanggapan ng halalan o ibang itinalagang lugar ng botohan bago ang araw ng halalan. Maaaring kabilang sa maagang pagboto ang pagboto gamit ang balotang ipinakoreo o pagboto nang nakaliban bago ang araw ng halalan.

**Early Voting Ballot Board (Lupon para sa Balota ng Maagang Pagboto)**
Isang grupo ng mga indibidwal, na awtorisado ng mga lokal na awtoridad, na namumuno sa paglahok sa o sa pag-obserba ng halalan at mga proseso ng pagboto bago ang araw ng halalan.

**Early Voting Clerk (Kawani para sa Maagang Pagboto)**
Isang opisyal na tagapangasiwa para sa maagang pagboto.

**Elect (Paghalal)**
Ang pagpili sa isang taong na humawak ng katungkulang pampubliko sa pamamagitan ng isang pampublikong halalan.

**Elected (Nahalal)**
Mga kandidatong nakatanggap ng pinakamataas o kinakailangang bilang ng mga boto sa isang halalan para sa katungkulang pampubliko.

**Elected Office (Nahalal sa Tungkulin)**
Isang tungkulin na pangunahing o ekslusibong pinupunan sa pamamagitan ng halalan.

**Elected Officials (Mga Nahalal na Opisyal)**
Mga indibidwal na nahalal upang humawak ng katungkulang pampubliko o mga kandidatong itinalaga sa halip na ihalal sa isang katungkulang pampubliko.

**Elected to Fill Unexpired Term (Nahalal upang Punan ang Hindi Natapos na Termino)**
Ang mga posisyong inihalal ay may nakatakdang termino na kadalasang dalawa, apat, o anim na taon. Kung magkaroon ng pagbakante sa gitna ng isang termino, ang kandidato ay mahahalal at manunungkulan lamang hanggang sa katapusan ng orihinal na termino. Halimbawa, kung ang nahalal na opisyal na may apat na taong termino ay nagretiro pagkaraan ng isang taon, ang susunod na kandidato ay mahahalal upang punan ang natitirang tatlong taon.

**Election (Halalan)**
Isang pormal na proseso ng pagpili ng isang tao para sa katungkulang pampubliko o sa pagtanggap o pagtanggi sa isang politikal na panukala sa pamamagitan ng pagboto.

**Election Administration Process (Proseso ng Pangangasiwa ng Halalan)**
Ang pamamahala, pagpapatakbo at pangangasiwa ng isang halalan.

**Election Assessment (Pagsusuri ng Halalan)**
Isang pagsusuri at pag-aaral ng kahit anong proseso ng halalan o pagboto.

**Election Assistance Commission (EAC) (Komisyon para sa Tulong sa Halalan)**
Ang Komisyon para sa Tulong sa Halalan ay binuo ng Help America Vote Act (HAVA) upang matulungan ang mga estado sa pagsunod sa HAVA at para ibahagi ang mga pondo ng HAVA sa mga estado. Inatasan rin ang EAC sa paggawa ng mga patnubay para sa sistema ng pagboto at pangasiwaan ang unang programa ng pag-sertipika ng sistema sa pagboto ng pederal na pamahalaan. Ang EAC ay reponsable sa pagpapanatili ng form para sa Pambansang Pagpaparehistro ng Botante, pananaliksik, at pangangasiwa ng isang pambansang clearinghouse sa halalan kasama ang mga ibinahaging pagsasanay, impormasyon ng mga botante, at iba pang mga mapagkukunan upang mapabuti ang halalan.

**Election Authority (Awtoridad ng Halalan)**
Ang opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan sa isang hurisdiksyon.

**Election Ballot (Balota ng Halalan)**
Ang opisyal na paghaharap ng lahat ng mga pagtutol na pagpapasyahan sa isang partikular na halalan. Sa papel man o elektronikong  format, ang mekanismo para maipakita ng mga botante ang kanilang mga napili.

**Election Board (Lupon ng Halalan)**
Isang grupo ng mga indibidwal na itinalaga, kadalasan ng mga lokal na awtoridad, at nangangasiwa sa pagkontrol ng halalan at proseso ng pagboto.

**Election Calendar (Kalendaryo ng Halalan)**
Ang opisyal na listahan ng mga mahahalagang petsa at huling araw ng pagboboto sa isang halalan.

**Election Campaign (Kampanya sa Halalan)**
Isang serye ng mga demokratikong pagkilos upang impluwensyahan ang isang politikal na boto para sa o laban sa mga kandidato o mga tanong sa balota.

**Election Certification (Katibayan ng Halalan)**
Ang pagkupirma ng pinal na opisyal na resulta ng halalan sa isang hurisdiksyon. Ang pangyayaring ito ay nagaganap matapos na mabilang ang mga resulta mula sa mga wastong balota galing sa lahat ng pagkukunan (araw ng halalan, pagboto nang nakaliban, maagang pagboto, pansamantalang balota, atbp.) at ang mga resulta ay kinukumpirma at inaaprubahan ng mga may legal na pananagutan.

**Election Clerk (Kawani ng Halalan)**
Ang sinumang tao na kabilang sa pangangasiwa at pagsasagawa ng halalan, kabilang ang mga tauhan ng gobyerno at mga pansamantalang manggagawa sa halalan. Maaaring kasama ang mga kawani at tagatala ng lalawigan, hukom sa halalan, miyembro ng lupon ng tagabilang ng boto, pangunahing opisyal ng halalan, manggagawa sa araw ng halalan, miyembro ng lupon ng mga komisyunado ng lalawigan, miyembro o kalihim ng lupon ng mga direktor na awtorisadong magsagawa ng pampublikong halalan, kinatawan ng isang tagapamahalang lupon, o ibang taong tagapagsagawa ng tungkuling panghalalan ayon sa alituntunin ng halalan.

**Election Code (Alituntunin ng Halalan)**
Ang mga opisyal na batas na nagsisilbing gabay sa prosesong panghalalan.

**Election Commission (Komisyon ng Halalan)**
Isang grupo ng mga indibidwal na itinalaga, kadalasan ng mga lokal na awtoridad, at naatasang pangasiwaan ang halalan at proseso ng pagboto.

**Election Contest (Pagtutol sa Halalan)**
Isang desisyon o kalipunan ng mga nauugnay na desisyon na ipinabibigay-alam sa mga botante (halimbawa, ang karapatan ng mga kandidato na punan ang isang partikular na katungkulang pampubliko o ang pag-apruba o pagtutol sa isang pagbabago sa saligang-batas). Sakop ng katagang ito ang iba pang katagang tulad ng "labanan," "katanungan," at "isyu" na minsan ay tumukoy sa partikular na mga uri ng pagtutol.

**Election Contribution (Kontribusyon para sa Halalan)**
Ang anumang may halaga na ibinigay, pinautang, o pinauna upang maimpluwensyahan ang isang politikal na boto para sa o laban sa mga kandidato o mga tanong sa balota.

**Election Databases (Mga Database o talaan sa computer ng halalan)**
Isang data file o set ng mga file na naglalaman ng mga heograpikong impormasyon tungkol sa mga politikal na pagpapangkat at hangganan, lahat ng mga pagtutol at tanong na maisasama sa halalan, at mga kandidato sa bawat pagtutol.

**Election Day (Araw ng Halalan)**
Ang huling araw kung saan ang mga botante ay maaaring mag-sumite ng balota. Ang mga balota ng pagboto nang nakaliban at mga balota ng maagang pagboto ay maaaring isumite nang mas maaga sa Araw ng Halalan.

**Election Definition (Pagpapakahulugan ng Halalan)**
Kahulugan ng mga pagtutol at mga tanong na makikita sa balota sa isang partikular na halalan.

**Election District**
Magkadikit na heograpikong lugar na kinakatawan ng isang pampublikong opisyal na nahalal ng mga botanteng nakatira sa loob ng mga hangganan ng distrito. Maaaring sakupin ng isang distrito ang isang buong estado o politikal na pagpapangkat, maaari ring isang bahagi ng estado o politikal na pagpapangkat, o pwedeng kasama ang mga bahagi ng higit sa isang politikal na pagpapangkat.

**Election Division (Distrito ng Halalan)**
Ang kagawaran ng gobyerno na responsable sa pangangasiwa ng halalan.

**Election Equipment (Kagamitan sa Halalan)**
Lahat ng mga kinakailangang kagamitan upang magsagawa ng halalan at botohan. Maaaring kabilang dito ang teknolohiya tulad ng mga elektronikong aklat ng halalan, makinang pamboto, at iba pang hindi-teknikal na kagamitan tulad ng kubol sa pagboto at mga karatula sa pagboto.

**Election Fraud (Pandaraya sa Halalan)**
Pagsisinungaling o pagbabago ng totoong mga resulta ng isang halalan.

**Election Inspector (Inspektor sa Halalan)**
Ang opisyal na responsable sa tama at maayos na pagboto sa lugar ng botohan o proseso ng halalan.

**Election Integrity (Integridad ng Halalan)**
Isang halalang propesyonal, walang kinikilingan, at malinaw sa paghanda at pangangasiwa sa buong sikulo ng halalan.

**Election Judge (Hukom ng Halalan)**
Ang opisyal na responsable sa tama at maayos na pagboto sa lugar ng botohan o proseso ng halalan.

**Election Jurisdiction (Hurisdiksyon ng Halalan)**
Isang heograpikong lugar kung saan ang isang praktikal na awtoridad ay naatasang mangasiwa sa halalan para sa mga politikal at mga administratibong katungkulan. Ang mga lugar ng hurisdiksyon ay tumutukoy sa mga lokal, estado, at pederal na antas. Ang mga estado, lalawigan, lungsod, bayan, at mga kabayanan ay mga halimbawa ng hurisdiksyon.

**Election Kit (Kagamitang Panghalalan)**
Isang set ng mga kagamitan na kailangan ng mga opisyal ng halalan upang matulungan ang mga botante sa isang lokasyon ng botohan.

**Election Law (Batas tungkol sa Halalan)**
Ang mga opisyal na batas na nagsisilbing gabay sa proseso ng halalan.

**Election Management System (Sistema sa Pamamahala ng Halalan)**
Set ng mga isinasagawang pagproseso at database sa isang sistema ng pagboto na tumutukoy, bumubuo at nagpapanatili ng mga database ng halalan, nagsasagawa ng mga temino sa halalan at pag-setup ng mga gawain, nagfo-format ng balota, nagbibilang ng mga boto, at nagsasama-sama at nag-uulat ng mga resulta, at nagpapanatili ng mga landas ng talaan ng pag-audit (audit trail).

**Election Materials (Mga Gamit Panghalalan)**
Mga gamit na kailangan para tulungan ang mga botante at magsagawa ng halalan.

**Election Night Tabulation (Pagsusuma-total sa Gabi ng Halalan)**
Ang pagsusuma-total ng mga boto sa gabi ng halalan, pagkatapos na maisara ang botohan.

**Election Officer (Opisyal ng Halalan)**
Isang opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan o proseso ng halalan.

**Election Officials (Mga Opisyal ng Halalan)**
Ang mga taong may kaugnayan sa pangangasiwa at pagsasagawa ng halalan, kabilang ang mga tauhan ng gobyerno at manggagawa sa halalan.

**Election Order (Ayos ng Halalan)**
Isang legal na salita na ginagamit kapag ang isang naatasang awtoridad ng gobyerno ay nagpahayag na ang halalan ay isasagawa sa isang partikular na araw.

**Election Precinct (Presintong Panghalalan)**
Sangay ng tagapangasiwa ng halalan na tumutukoy sa isang magkalapit na heograpikong lugar na siyang basehan para matukoy kung aling mga pagtutol o panukala ang karapat-dapat na iboto ng mga botanteng legal na naninirahan sa lugar na iyon.

**Election Precinct Officer (Opisyal ng Presinto ng Halalan)**
Ang opisyal na responsable para sa tama at maayos na pagboto sa isang lugar ng botohan o proseso ng halalan.

**Election Programming (Pag-program para sa Halalan)**
Proseso kung saan ang mga opisyal ng halalan o kanilang mga itinalaga ay gumagamit ng software na sistema sa pagboto upang lohikal na tukuyin ang mga balota para sa isang espesipikong halalan.

**Election Registrar (Tagapag-rehistro sa Halalan)**
Isang opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan.

**Election Results (Resulta ng Halalan)**
Mga ulat ng mga botong isinumite sa halalan pagkatapos na maisara ang botohan.

**Election Returns (Mga Ulat ng Halalan)**
Mga ulat ng mga botong isinumite sa halalan pagkatapos na maisara ang botohan.

**Election Seals (Mga Selyo ng Halalan)**
Isang mekanismo ng seguridad gamit ang estratehikong paglagay ng naka-serye o hindi ma-tatamper na materyal na katibayang nag-aalerto sa mga opisyal kung ang aparatong ginamit sa proseso ng halalan ay maaaring nabago at nagalaw nang walang pahintulot.

**Election Supervisor (Tagapamahala sa Halalan)**
Isang opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan o proseso ng halalan.

**Election System (Sistema ng Halalan)**
Isang sistemang naka-base sa teknolohiya na ginagamit para mangolekta, mag-proseso, at mag-imbak ng datos na may kinalaman sa pangangasiwa ng halalan. Bukod sa mga sistema ng pagrehistro ng botante at mga pampublikong website tungkol sa halalan, mga sistema para sa halalan tulad ng mga sistema ng pagboto, sistema ng pagbilang ng boto, elektronikong aklat ng halalan, sistema ng pag-ulat ng mga resulta ng halalan, at mga aparato sa pag-audit. Maaari rin itong tumukoy sa buong hanay ng mga proseso, tao, mapagkukunan, kagamitan at lokasyon na may kinalaman sa pagsasagawa ng halalan.

**Electioneer (Tao sa Halalan)**
Ang gawain na subukang hikayatin ang mga taong bumoto para sa o laban sa isang partikular na kandidato, batas o partido sa politika.

**Elections Administrator (Tagapangangasiwa ng Halalan)**
Isang opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan.

**Elective Office (Katungkulang Napanalunan sa Halalan)**
Isang katungkulang pangunahing at eksklusibong napupunan sa pamamagitan ng halalan.

**Elector (Manghahalal)**
(1) Isang taong kwalipikadong bumoto sa isang halalan. (2) Isang taong itinalaga ng isang estado sa U.S. para bumoto ng pangulo at pangalawang-pangulo sa electoral college.

**Elector Candidates (Mga Kandidatong Mamboboto)**
Isang kandidato na itinalaga ng isang estado ng U.S. para bumoto ng pangulo at pangalawang-pangulo sa electoral college.

**Electoral Board (Lupon ng mga Mamboboto)**
Isang grupo ng mga indibidwal na itinalaga, kadalasan ng mga lokal na awtoridad, at inatasang pangasiwaan ang halalan at proseso sa pagboto.

**Electoral College**
Isang kalipunan ng mga taong kumakatawan sa mga estado ng U.S., na pormal na bumoboto para sa halalan ng pagkapangulo at pangalawang-pangulo.

**Electoral Cycle (Siklo ng Halalan)**
Ang yugto ng panahon mula sa unang opisyal na aktibidad ng isang halalan hanggang sa huling opisyal na aktibidad. Ang siklo ng halalan ay nahahati sa tatlong pangunahing kaganapan: ang panahon bago ang halalan, ang panahon ng halalan, at ang panahon pagkatapos ng halalan.

**Electoral Votes (Mga Boto)**
Mga botong naisumite ng mga miyembro ng electoral college.

**Electorate (Lupon ng mga Botante)**
Ang lahat ng tao sa isang politikal na hurisdiksyon na may karapatang bumoto sa isang halalan.

**Electronic Ballot Delivery (Elektronikong Paghatid ng Balota)**
Ang elektronikong paghatid ng balota at mga pakete ng impormasyon ng botante. Hinihiling ng MOVE Act sa bawat estado na maglaan para sa elektronikong paghatid (sa pamamagitan ng fax, email, o isang aplikasyong suportado ng internet) ng mga balota at kaugnay na impormasyon mula sa tanggapan ng lokal na halalan papunta sa mga rehistradong botante na Sandatahang Lakas at Mamamayang na nasa ibang bansa (Uniformed and Overseas Civilian). May ilang hurisdiksyong nagpapahintulot sa mga botanteng may kapansanan, mga botanteng lumikas o iba pang kadahilanan para sa isang botanteng nakatira sa hurisdiksyon ng halalan na makatanggap din ng elektronikong balota.

**Electronic Ballot Return (Pagbalik ng Elektronikong Balota)**
Ang pagbalik sa elektroikong paraan ng balotang naisumite o pakete ng impormasyon ng botante. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng fax, email o paggamit ng isang aplikasyon na suportado ng Internet. Tinatawag minsan na "Pagboto gamit ang Internet" (Internet Voting).

**Electronic Cast Vote Record (Talaan ng mga boto sa pamamagitan ng Elektronikong Paraan)**
Permanteng talaan sa elektronikong paraan ng lahat ng botong ginawa ng isang botante.

**Electronic Poll Book (Elektronikong Aklat ng Halalan)**
Aparato na bahagyang ginagawang awtomatiko ang proseso ng pagsusuri sa mga botante, itinatalaga ang tamang estilo ng balota, at minamarkahan ang mga botanteng nabigyan ng balota. Maaaring gamitin sa halip na isang tradisyunal na papel na aklat ng halalan. Ang mga E-poll book ay maaaring itayong mag-isa sa presinto na may hiwalay na kopya ng listahan ng pagrehistro o pwedeng naka-network sa isang pangunahing sistema ng parehistro ng botante kung saan maaari nilang suriin at baguhin ang talaan ng botante sa oras na iyon.

**Electronic Record (Elektronikong Talaan)**
Impormasyong nirekord ng isang computer na ginawa o tinanggap sa pagpapasimula, pagpapatupad, o pagkumpleto ng gawain ng isang ahensya o indibidwal. Kabilang sa mga halimbawa ng mga elektronikong talaan ang: mga e-mail na mensahe, dokumentong ginawa sa pamamagitan ng word processing, elektronikong spreadsheet, digital na imahe, at mga database.

**Electronic Reporting And Tracking System (ERTS) (Elektronikong Sistema ng Pag-ulat at Pagsubaybay)**
Ang sistema ng ERT ay ginagamit para gumawa ng elektronikong nakapirming pagkukunan ng plano sa pagsuri at pag-ulat ng pagsa-sampol. Ang ERT ay nagkakalkula ng mga resulta ng pagsusuri mula sa datos na inimport o manu-manong ipinasok at may kasamang sumusuportang dokumentasyon upang makagawa ng isang kumpletong elektronikong ulat para ipasa sa isang pangasiwaang ahensya.

**Electronic Storage (Elektronikong Pag-iimbak)**
Ang anumang pag-iimbak ng elektronikong datos ng tagagamit sa isang computer, computer network, o sistema ng computer, kahit na ang datos ay isasailalim sa pagbawi, karagdagang pagbabago, pag-delete, o paglipat. Kabilang sa elektronikong pag-iimbak ang anumang pag-iimbak o elektronikong komunikasyon sa pamamagitan ng elektronikong serbisyong pang-komunikasyon o serbisyong pang-remote computing.

**Electronic Voter Interface (Elektronikong Interface para sa Botante)**
Isang subsystem sa loob ng isang sistema sa pagboto na naghahatid ng impormasyon sa balota sa isang botante sa pamamagitan ng video, audio, o iba pang mga alternatibong format na nagbibigay-daan sa botante na mamili ng mga kandidato at mga isyu gamit ang pananalita o pisikal na pagkilos.

**Electronic Voting (Elektronikong Pagboto)**
Pagboto gamit ang elektronikong paraan upang makatulong sa o mapadali ang pagsumite at pagbilang ng mga boto.

**Electronic Voting Accessibility (Madaling Paggamit ng Elektronikong Pagboto)**
Isang elektronikong sistema ng pagboto na may mga katangian para sa madaling paggamit, kabilang ang touchscreen at audio, na nagbibigay sa mga botanteng may kapansanan ng kakayahang makasumite ng lihim na balota nang walang tulong.

**Electronic Voting Machine (Elektronikong Makinang Pamboto)**
Anumang sistema na gumagamit ng elektronikong bagay. Kadalasang tinutukoy ng katagang ito ang mga DRE.

**Electronic Voting System (Elektronikong Sistema ng Pagboto)**
Ang elektronikong sistema ng pagboto ay isa o mahigit pa sa pinagsama-samang aparatong gumagamit ng elektronikong bagay para sa isa o higit pa sa mga sumusunod na paggamit: pag-presinta ng balota, paghuli ng boto, pagtatala ng boto, at pagbibilang. Ang DRE ay isang kapaki-pakinabang at pisikal na pinagsama-samang elektronikong sistema ng pagboto na nakapagbibigay ng apat na benepisyo sa elektronikong paraan gamit ang iisang aparato. Ang optical scan (tinatawag ding Marksense) na sistema kung saan minamarkahan ng botante ang papel na balota gamit ang isang instrumentong pang-marka at pakatapos ay inilalagay ang balota sa isang aparatong pambilang na bahagyang elektroniko na kung saan ang papel na balota ay nakakapagbigay ng presentasyon, nakakapaghuli ng boto at nakakapagtala ng boto. Ang sistema ng optical scan na gumagamit ng aparatong pang-marka ng balota ay nagdaragdag ng pangalawang elektronikong paggamit para sa presentasyon ng balota at paghuli ng balota.

**Electronically Tabulated Totals (Elektronikong Pagbilang ng mga Kabuuan)**
Mga resulta ng halalan na binilang sa isang elektronikong aparato.

**Eligibility for Office (Pagiging Kwalipikado para sa Katungkulan)**
Ang lahat ng mga legal na kinakailangan para humawak ng katungkulang pampubliko.

**Eligible Candidates (Mga Kwalipikadong Kandidato)**
Mga kandidatong nakumpleto ang lahat ng mga bagay na kailangan at natugunan ang lahat ng mga legal na kahilingan upang lumahok sa proseso ng halalan.

**Eligible Citizens (Mga Kwalipikadong Mamamayan)**
Ang mundo ng lahat ng mga botante na, kapag sila ay magsumite ng balota, ay may legal na karapatan para magkaroon ng mga karapat-dapat na pagtutol sa nabilang na balota. Kasama dito ang mga wala sa listahan ng mga kwalipikadong botante dahil sila ay naninirahan sa isang estadong may parehong-araw na pagrerehistro o walang pagrerehistro at hindi nakapagrehistro o hindi makapagrehistro nang maaga.

**Eligible to Vote (Kwalipikadong Bumoto)**
Isang taong natugunan ang mga itinakdang kinakailangan sa isang politikal na pagpapangkat para makaboto.

**Eligible Voters (Mga Kwalipikadong Botante)**
Ang mundo ng lahat ng mga botante na, kapag sila ay magsumite ng balota, ay may legal na karapatan para magkaroon ng mga karapat-dapat na pagtutol sa nabilang na balota. Kasama dito ang mga wala sa listahan ng mga kwalipikadong botante dahil sila ay naninirahan sa isang estadong may parehong-araw na pagrerehistro o walang pagrerehistro at hindi nakapagrehistro o hindi makapagrehistro nang maaga.

**Emergency Ballot (Balotang ginagamit sa Emerhensiya)**
Isang balotang binibigay sa botante kapag may espesyal na pangyayari, gaya ng paglagi sa labas ng estado habang may halalan o paglikas dahil sa sakunang dulot ng kalikasan.

**Enclose (Kalakip)**
Ang paglagay ng bagay sa loob ng iba pang bagay, gaya ng paglalakip ng balota ng pagboto nang nakaliban sa isang sikretong sobre.

**Encryption**
Proseso ng pagkukubli ng impormasyon sa pamamagitan ng pagbabago ng plain text upang gawing ciphertext para sa seguridad o pagkapribado.

**Endorsement (Pag-endorso)**
Ang pagbigay ng isang pampublikong pag-apruba o suporta sa isang tao o bagay, gaya ng isang kandidato para sa katungkulang pampubliko o sa isang katanungan tungkol sa panukalang batas ukol sa balota.

**Error Correcting Code (Code sa Pagwawasto ng Mali)**
Sistema ng pag-code na nagbibigay-daan upang masuri para sa mga mali ang nababasa o napapadalang datos at, kapag may natuklasan, ay winawasto ang mga maling ito.

**Error Rate (Dami ng Kamalian)**
Proporsiyon ng bilang ng mali na nagaganap sa dami ng naprosesong datos.

**Error Rate Standards (Mga Pamantayan para sa Dami ng Pagkakamali)**
Ang pinakamaraming pinapayagang bilang ng mga mali na maaaring maganap sa dami ng naprosesong datos, ayon sa itinakda ng opisyal na awtoridad.

**Exhausted Ballot (Nasaid na Balota)**
Tumutukoy sa pagproseso ng niranggong pagpipiliang pagtutol sa isang naisumiteng balota, kapag ang balotang iyon ay hindi na aktibo at hindi na pwedeng magpatuloy sa bilangan para sa pagtutol dahil wala nang ibang wastong pagranggo sa balota para ipagpatuloy ang mga opsyong pagtutol.

**Exit Poll (Pagtatala ng mga Nakaboto na)**
Isang pagtatala na kinukuha ang maliit na porsiyento ng mga botante pag-alis nila sa botohan, ginagamit para hulaan ang kalalabasan ng halalan o malaman ang mga dahilan ng mga desisyon sa pagboto.

**Expected Mark (Inaasahang Marka)**
Markang nilalagay nang buo o bahagya sa loob ng inaasintang lugar ng opsyong pagtutol.

**Expense Report (Ulat ng mga Gastusin)**
Ulat na nagdedetalye sa mga gastusing pampulitika na kailangang isumite ng isang namamahalang awtoridad.

**Extended Hours (Pinahabang Oras)**
Kapag pinahaba ng isang taong may kapangyarihan ang kinakailangang bilang ng mga oras para makaboto ang mga botante sa pamamagitan ng isang pormal na aksyon, kadalasan bilang tugon sa isang sitwasyon na nagpaantala o humadlang sa pagboto.

**Extensible Markup Language**
Isang wikang base sa text na ginagamit para mag-organisa at mag-hayag ng impormasyon sa World Wide Web (XML).

**Extension (Palugit)**
Gaya ng "palugit na panahon" o "pagpapahaba ng oras ng pagboto."

**Extraneous Mark (Labis-labis na Marka)**
Isang marka sa papel na balota na waring walang kaugnayan sa pagpapahiwatig sa napili ng isang botante. Kabilang sa mga halimbawa ang: isang markang ginawa ng hindi sinasadya ng isang botante na halatang walang kaugnayan sa pagpipili; marka ng pag-aalangan, isang tuldok sa loob o labas ng posisyon ng opsyong pagtutol na ginawa sa pamamagitan ng paglapat ng panulat o lapis sa balota; mga nakasulat na tala o impormasyong tumutukoy na walang-kinalaman sa pagpapahiwatig sa napili ng botante; o mga depekto sa pag-print.

# F

**Fail-Safe Ballot (Balotang Fail-safe)**
Isang balotang isinumite ng isang botanteng wala sa listahan ng mga kwalipikadong botante, na ang kanilang impormasyon ay hindi kumpleto o hindi tama, o nakatanggap na ng balota sa koreo at pinayagang bumoto. Ang mga fail-safe na balota ay kadalasang nakatagong hiwalay sa iba pang mga balota hanggang sa matukoy ng isang opisyal ng halalan kung ang isang botante ay may karapatang bumoto. Ang mga balotang ito ay minsang tinatawag na mga pansamantalang balota.

**Fail-Safe Voter (Botanteng Fail-safe)**
Ang isang botante na wala sa listahan ng mga kwalipikadong botante, na ang kanilang impormasyon ay hindi kumpleto o hindi tama, o nakatanggap na ng balota sa koreo at pinayagang bumoto. Ang mga fail-safe na balota ay kadalasang nakatagong hiwalay sa iba pang mga balota hanggang matukoy ng isang opisyal ng halalan kung ang isang botante ay may karapatang bumoto. Ang mga balotang ito ay minsang tinatawag na mga pansamantalang balota.

**Fault (Kapintasan)**
Depekto sa disenyo o pagsasagawa na maaaring magresulta sa pagtaliwas ng mga katangian o pagkilos ng isang sistema ng pagboto sa mga inaasahang katangian o pagkilos, kabilang ang mga tinukoy sa VVSG o sa mga impormasyong binigay ng taga-gawa.

**Fault-tolerant**
Isang sistema na patuloy na tumatakbo pagkatapos ng pagkabigo ng isang computer o bahagi ng network.

**Federal Election (Pederal na Halalan)**
Ang anumang pangunahin, pangkalahatan, runoff, o espesyal na halalan kung saan ang isang kandidato para sa Pederal na Katungkulan (Pangulo, Senador, o Kinatawan) ay nakikita sa balota.

**Federal Election Campaign Act (FECA) (Batas ukol sa Kampanya para sa Halalang Pederal)**
Paghihigpit sa halaga ng perang maaaring ibigay ng isang partikular na korporasyon, unyon, o pribadong indibidwal sa isang kandidato para sa halalang pederal. Hinihiling rin sa mga kandidato at mga political action committee (PAC) na ipaalam ang kanilang mga resibo at tukuyin ang kanilang mga kontributor. Itinakda sa isang susog noong 1974 ang mga karagdagang limitasyon sa kontribusyon at ipinataw ang hangganan sa paggastos para sa mga kandidato sa pangunahin at pangkalahatang halalan; subalit, pinuna ng Korte Suprema ang probisyong iyon na labag sa konstitusyon sa Buckley v. Valeo, 424 U.S. 1 (1976). Ang pag-amyenda sa 1974 ay nagtatag din sa Komisyon ng Halalang Pederal at nagtalaga ng pampublikong pagpondo para sa mga halalan sa pagkapangulo. Dalawa pang mga pagbabago (1976, 1979) ang naglayong pangasiwaan ang mga PAC at palakasin ang antas ng partisipasyon ng partido.

**Federal Election Commission (FEC) (Komisyon para sa Halalang Pederal)**
Independiyenteng ahensyang responsable sa pangangasiwa at pagpapatupad ng mga batas kaugnay sa mga kampanya para sa halalang pederal. Ang FEC ay nangangasiwa sa pampublikong pananalapi para sa halalan sa pagkapangulo, tinitiyak ang pampublikong pagpapahayag ng mga gawain sa panalalapi sa kampanya, sinusubaybayan ang mga kontribusyon at gastusin sa kampanya, kinokontrol ang mga gawain sa kampanya ng mga political action committee (PAC), at iniimbestigahan ang mga ulat ng mga paglabag. Ito ay binubuo ng anim na komisyonadong itinalaga ng pangulo na may tagubilin at pagsang-ayon ng Senado.

**Federal Election Inspector (Inspektor ng Halalang Pederal)**
Ang isang pederal na inspector general ng U.S. ay pinuno ng isang independiyenteng, walang-kinikilingang organisasyong itinatag sa loob ng bawat ahensyang sangay ng ehekutibo na inatasan para suriin ang pagpapatakbo ng ahensya upang malaman at imbestigahan ang mga kaso ng katiwalian, pag-aaksaya, pandaraya, at iba pang pag-aabuso sa mga proseso ng gobyerno na nagaganap sa loob ng ahensya.

**Federal Information Processing Standards (FIPS) (Mga Pamantayan sa Pagproseso ng Pederal na Impormasyon)**
Mga pamantayan para sa pederal na sistema ng computer na binuo ng NIST. Ang mga pamantayang ito ay binuo noong walang mga umiiral na pamantayan sa industriya upang pagtuunan ng pansin ang mga pangangailangan ng pederal para sa sama-samang pagpapatakbo ng mga sistema, kakayahang dalhin ang mga data at software, at seguridad ng computer.

**Federal Observer (Pederal na Tagamasid)**
Ang Batas ukol sa Karapatan sa Pagboto ay nagpapahintulot sa mga pederal na tagamasid na subaybayan ang mga proseso sa mga lugar ng botohan at mga lokasyon kung saan binibilang ang mga balota sa mga karapat-dapat na politikal na pagpapangkat.

**Federal Office (Tanggapang Pederal)**
Pangulo ng Estados Unidos, miyembro ng Senado ng U.S., o miyembro ng Kapulungan ng mga Kinatawan o Kongreso.

**Federal Postcard Application (FPCA) (Aplikasyon para sa Pederal na Postcard)**
Kabilang sa mga hamong hinaharap ng mga botanteng sundalo at taga-ibang bansa ay ang malawak na pagkakaiba-iba ng mga panuntunan at prosesong nagsisilbing gabay para sa pagrehistro at pagboto sa lahat ng estado. Ang FPCA ay tinuturing na isang pantay na pagrehistro at aplikasyon sa paghiling ng balota na tinatanggap sa lahat ng estado sa U.S. at mga teritoryo.

**Federal Service Voters (Mga Botanteng nasa Serbisyong Pederal)**
Mga aktibong naglilingkod na sundalo at miyembro ng pamilya at indibidwal, na bumoboto habang nakatira sa ibang bansa.

**Federal Services Ballot (Balota ng Serbisyong Pederal)**
Balota ng mga mga aktibong naglilingkod na sundalo at miyembro ng pamilya at indibidwal, na bumoboto habang nakatira sa ibang bansa.

**Federal Voting Assistance (Tulong-Pederal para sa Pagboto)**
Tulong na makukuha mula sa Pederal na Programa para sa Pagtulong sa Pagboto para sa mga botante na naninilbihan sa militar at mga mamamayang nasa ibang bansa.

**Federal Voting Assistance Officers (Mga Opisyal ng Tulong-Pederal para sa Pagboto)**
Mga Opisyal ng Pagtulong sa Pagboto (mga VAO) na nagtatrabaho para siguraduhing nauunawaan ng mga botanteng sundalo at taga-ibang bansa ang kanilang mga karapatan sa pagboto, kung paano magrehistro para sa pagboto nang nakaliban, at magkaroon ng daan sa tumpak at walang kinikilingang impormasyon at tulong sa pagboto. Ang mga VAO ay maaaring mga miyembro ng Serbisyong Naka-uniporme, mga sibilyan, o miyembro ng mga organisasyon ng mga mamamayan ng U.S. na nasa ibang bansa.

**Federal Voting Assistance Program (Pederal na Programa para sa Pagtulong sa Pagboto)**
Pagtulong sa mga botante at programang pang-edukasyon na magbibigay-daan sa mga miyembro ng sandatahang lakas ng U.S., kanilang mga kwalipikadong miyembro ng pamilya, at mga mamamayan ng U.S. sa ibang bansa na malaman ang kanilang mga karapatang bumoto at magkaroon ng mga kasangkapan para gawin ito.

**Federal Voting Rights Act (Pederal na Batas ukol sa Karapatan sa Pagboto)**
Ang 1965 na Batas ukol sa Karapatan sa Pagboto ay isang mahalagang pederal na panukalang-batas sa Estados Unidos na nagbabawal sa diskriminasyon ng lahi sa pagboto.

**Federal Voting Systems Standards (FVSS) (Mga Pederal na Pamantayan ukol sa Mga Sistema sa Pagboto)**
Ang mga pinakamababang pederal na pamantayan na ginamit ng bawat sistema ng pagboto sa halalan para sa Pederal na katungkulan ay dapat matugunan.

**Federal Write-In Absentee Ballot (FWAB) (Balotang Pederal na Masusulatan para sa Nakaliban)**
Isang blangkong balota na binigay ng Pederal na Programa para sa Pagtulong sa Pagboto kung saan ang mga botanteng sundalo at taga-ibang bansa ay pwedeng bumoto sa pamamagitan ng pagsulat ng kanilang mga napili at pagsauli ng balota sa kanilang tanggapan ng halalan.

**Federally Recognized Tribes (Mga Tribong Kinikilala ng Pamahalaang Pederal)**
Mga katutubong tribo na kinikilalang may gobyerno-sa-gobyernong relasyon sa Estados Unidos, pati mga responsibilidad, kapangyarihan, limitasyon, at obligasyon na kaakibat sa pagtatalagang ito, at karapat-dapat para sa pagpondo at serbisyo mula sa Kagawaran ng Kapakanan ng mga Indian. Dagdag dito, ang mga tribong kinikilala ng pederal ay may hawak na partikular na likas na karapatan na pamahalaan ang sarili (self-government) (na ang ibig sabihin ay kapangyarihan ng tribo) at may karapatang tumanggap ng ilang pederal na benepisyo, serbisyo, at mga proteksyon dahil sa kanilang espesyal na relasyon sa Estados Unidos.

**Felony Disenfranchisement (Pagkawala ng Karapatan Dahil sa Paglabag sa Batas)**
Isang krimeng tinuring na mas mabigat pa sa isang maliit na pagkakasala (misdemeanor) at kadalasang mapaparusahan sa pamamagitan ng pagkawala ng karapatang bumoto sa isang yugto ng panahon.

**File for Office (Paghain ng Kandidatura)**
Ang pagkumpleto ng mga kinakailangang papeles upang ideklara ang intensyon ng isang tao na maging kandidato para sa kantungkulang pampubliko.

**Filing Deadline (Huling Araw ng Paghain ng Kandidatura)**
Ang huling araw ng paghain ng kandidatura o pag-sumite ng mga dokumento sa pagboto para sa isang partikular na halalan at proseso. Kabilang sa mga halimbawa ay mga papeles para magpaikot ng petisyon, ang pagsumite ng papeles upang kumandidato, o ang pagbigay ng mga pahayag ukol sa pananalapi para sa kampanya.

**Filing Electronically (Pagsumite sa Elektronikong Paraan)**
Proseso ng pag-sumite ng papeles para sa halalan sa pamamagitan ng internet.

**Filing Fees (Mga Bayarin sa Pagsumite)**
Ang halaga ng pera na kailangang bayaran para sa pagsumite ng mga papeles para sa halalan, gaya ng paghain ng kandidatura para sa katungkulang pampubliko.

**Filing Petitions (Mga Petisyon sa Pagsumite)**
Pormal na pagsumite ng petisyon sa namamahalang awtoridad.

**Fill in The Oval (Punan ang Bilog)**
Sa ilang mga balota, ang mga botante ay inuutusang punan ang bilog upang bumoto para sa isang kandidato o batas, sa halip na markahan ito ng X o kumonekta ng palaso.

**Finalize Your Vote (Tapusin ang Pagboto)**
Ang huling hakbang na ginagawa ng isang botante sa pagpili ng mga opsyong pagtututol at permanenteng kumpirmahin ang kanilang intensyong bumoto ayon sa napili.

**Financial Disclosure Reports (Mga Ulat sa Pagpapahayag tungkol sa Pananalapi)**
Mga ulat na nagdedetalye ng impormasyon tungkol sa pinanggalingan, uri, laki, o halaga ng mga kita ng mga pampublikong opisyal at mga kandidato para sa katungkulang pampubliko, na kailangang isumite sa isang namamahalang awtoridad.

**Firmware**
Computer programming na nakaimbak sa programmable read-only memory kaya nagiging permanenteng bahagi ng aparato sa pag-compute. Ito ay ginawa at sinubukan tulad ng software.

**First-Time Federal Voter (Pederal na Botante sa Unang Pagkakataon)**
Isang botanteng nakarehistro para bumoto o bumoboto sa unang pagkakataon sa isang pederal na halalan. Alinsunod sa Batas ng HelpAmerica Vote, ang mga botante ay kailangang magbigay ng katunayan ng kanilang pagkakakilanlan bago sila pwedeng bumoto.

**First-Time Registrant (Rehistrado sa Unang Pagkakataon)**
Unang pagkakataon na ang isang mamamayan ay nagrehistro para bumoto.

**First-Time Voter (Botante sa Unang Pagkakataon)**
Unang pagkakataon na bumoto ang isang mamamayan.

**Fiscal Statement (Ulat ng Pananalapi para sa Piskal na Taon)**
Isang ulat na nagdedetalye sa mga politikal na kontribusyon at gastusing kailangan isumite ng isang namamahalang awtoridad.

**Fixed Resident (Permanenteng Residente)**
Kapag ang isang tao ay lehitimo at palaging naglalagi sa isang tirahan nang halos buong linggo, ito ay tinuturing na isang permanenteng tirahan para sa layunin ng pagboto, at ang botante ay tinuturing na permanenteng residente.

**For Election Day Use Only (Gagamitin sa Araw ng Halalan Lamang)**
Isang proseso ng halalan na pwedeng gawin sa araw ng halalan lamang.

**Forms of Identification (Paraan ng Pagkakakilanlan)**
Katunayan ng pagkakilanlan ng isang tao, partikular sa uri ng mga opisyal na papeles. Ang mga karaniwang halimbawa ay mga Lisensya sa Pagmamaneho, Pasaporte at iba pang dokumentong galing sa gobyerno.

**Fraud (Pandaraya)**
Ang pagsisinungaling o pagbabago sa mga tunay na resulta ng isang halalan.

**Fraud Hotline (Hotline para sa Pagbigay-alam ng Pandaraya)**
Isang direktang linya ng telepono na itinatag upang i-ulat ang mga problema sa halalan.

**Fraudulently Registering to Vote (Nandaya sa Pagrehistro upang Makaboto)**
Isang uri ng pandaraya sa pagboto na kung saan isang tao ang nagrehistro para bumoto o nagrehistro para sa ibang tao upang bumoto gamit ang pekeng impormasyon, o kapag sila ay hindi kwalipikadong magrehistro para bumoto.

**Free from Coercion Or Intimidation (Ligtas sa Pamimilit at Pananakot)**
Karapatan na magsumite ng balota nang walang pangamba ng karahasan, manipulasyon, pamimilit, o pananakot.

**Functional Configuration Audit (FCA) (Pagsusuri sa Pagkakaayos ng Tungkulin)**
Lubusang pagpapatunay ng bawat paggamit ng sistema at kombinasyon ng mga paggamit na nakasaad sa dokumentasyon ng nagbenta. Ang FCA ay nagpapatunay ng kawastuhan at pagkakumpleto ng sistema ng manwal ng botante, proseso ng pagpapatakbo, pamamaraan ng pagpapanatili, at mga proseso ng diagnostic na pagsusuri.

**Functional Test (Pagsusuri sa Paggamit)**
Pagsusuring isinasagawa upang patunayan o pagtibayin ang nagawa ng isang tungkulin o isang serye ng mga tungkulin.

**Fundraising (Pangingilak ng Pondo)**
Humingi ng pinansyal na tulong para sa isang kandidato sa politika, kampanya, o organisasyon para sa layuning impluwensyahan ang resulta ng halalan.

# G

**Grounds for Recall (Batayan para sa Pagbawi)**
Ang mga dahilan para simulan ng mga mamamayan ang proseso ng pagtanggal sa isang nahalal na opisyal sa katungkulan.

**Group Affidavit (Sinumpaang Salaysay ng Grupo)**
Isang nakasulat na pahayag na nakumpirma sa pamamagitan ng panunumpa o paninindigan ng isang grupo ng mga indibidwal.

**Gubernatorial (Gubernatoryal)**
Tumutukoy sa gobernador ng isang estado o katungkulan ng gobernador ng estado.

**Gubernatorial Election (Halalan na Pang-Gubernatoryal)**
Halalan kung saan ang katungkulan ng gobernador ng estado ay nasa balota rin. Karaniwang kasama ang iba pang pagtutol sa katungkulan sa buong estado at ginaganap sa isang taong maliban na lang kapag ang pagtutol sa Pagkapangulo ang nasa balota.

**Gubernatorial General Election (Pangkalahatang Halalan Pang-gubernatoryal)**
Halalan kung saan ang mga kwalipikadong botante, anuman ang partidong kaalyado, ay may kakayahang bumoto para sa mga kandidato upang punan ang katungkulang pampubliko at/o bumoto sa panukalang-batas sa balota, at ang katungkulan ng gobernador ng estado ay nasa balota rin.

**Gubernatorial Primary Election (Pangunahing Halalan Pang-gubernatoryal)**
Halalang isinasagawa upang matukoy kung aling kandidato ang kakatawan sa isang partido sa politika para sa nakatakdang katungkulan sa isang pangkalahatang halalan at ang katungkulan ng gobernador ng estado ay nasa balota rin. May ilang estado na may pangunahing halalan na hindi kailangan ang may kaalyadong partido para makaboto (open primary), samantalang ang iba naman ay may pangunahing halalan na sinasalihan lamang ng mga kasapi. Minsan ang halalan para sa katungkulang walang-kinikilingan at mga isyu sa balota ay ipinagsasama sa pangunahing halalan.

# H

**Hand Count (Bilang ng Kamay)**
Pagbilang ng mga balota at/o mga pinagpagpilian sa mga balota gamit ang pantaong pagsusuri.

**Hand-marked Paper Ballot (Papel na Balotang Minarkahan Gamit ang Kamay)**
Isang papel na balotang markado ng isang botante gamit ang isang panulat. Ang papel na balota ay isang nabeberipikang record ng isang independiyenteng botante.

**Hanging Chads (Mga Pirasong Naiwan sa Pagbutas ng Papel o Tarheta)**
Ang chad ay mga pirasong naiiwan kapag binubutasan ang papel, card o mga kahalintulad na materyales na sintetiko, tulad ng mga punched card). Ang “hanging chad” ay isang chad na hindi lubos na natanggal.

**Hard Money (Panustos Para sa Kandidato)**
Mga politikal na kontribusyon na direktang ibinigay sa isang partikular na kandidato.

**Hard of Hearing (Hirap sa Pandinig)**
Tumutukoy sa pagkawala ng pandinig kung saan maaaring may sapat na natitirang pandinig na maaaring matulungan ng isang auditory na aparato.

**Hardware**
Ang pisikal, nahahawakan, mekanikal o electromechanical na mga bahagi ng isang sistema.

**Hash**
Algorithm na nagmamapa ng bit string na pasumala ang haba papunta sa isang bit string na permanente ang haba.

**Hash Function (Paggamit ng Hash)**
Isang paggamit na nagmamapa ng isang bit string na pasumala ang haba papunta sa isang bit string na permanente ang haba.
Natutugunan ng mga aprubadong paggamit ng hash ang mga sumusunod na katangian: 1. isang-daan (one-way) Hindi kaya ng computer na humanap ng kahit na anong input na nagmamapa papunta sa kahit na anong natukoy na output, at 2. (collision-resistant) Hindi kaya ng computer na humanap ng anumang dalawang naiibang input na nagmamapa papunta sa parehong output.

**Hearing (Pagdinig)**
Ang pagkakataon na masabi ng isang tao ang kanyang kaso sa pamamagitan ng isang pormal na administratibong proseso.

**Hearing Officer (Opisyal sa Pagdinig)**
Isang indibidwal na awtorisadong magpatupad ng legal na proseso, magsagawa ng pagdinig, lutasin ang mga administratibong pagtatalo, magsagawa ng mga negosasyon sa pagitan ng mga magkasalungat na partido, at gumawa ng mga legal na desisyon.

**Hearing Procedures (Mga Patakaran sa Pagdinig)**
Ang mga patakaran at serye ng mga hakbang na kumakatawan sa kung paano pinangangasiwaan ang mga pagdinig.

**Help America Vote Act Of 2002 (HAVA) (2002 na Batas na Help America Vote)**
Batas na ipinasa ng Kongreso ng U.S. noong 2002 upang gumawa ng mga reporma sa proseso ng pagboto ng bansa. Pinagtutuunan ng pansin ng HAVA ang mga pagpapabuti sa sistema ng pagboto at pag-access ng botante na natukoy matapos ang halalan noong 2002.

**Help America Vote College Program (Programang Pangkolehiyo ng Help America Vote)**
Isang programang awtorisado sa ilalim ng Batas na Help America Vote (HAVA) upang hikayatin ang paglahok ng mga mag-aaaral bilang mga manggagawa o katulong sa halalan, upang pukawin ang interes ng mga mag-aaaral sa proseso ng halalan, at hikayatin ang estado at lokal na pamahalaan na gamitin ang mga mag-aaaral bilang manggagawa sa halalan.

**High School District (Distrito ng Mataas na Paaralan)**
Isang heograpikong yunit para sa lokal na administrasyon ng mga mataas na paaralan. Ito ay bahagi ng gobyerno na may espesyal na layunin at nahalal na miyembro ng lupon.

**Hold an Election (Magsagawa ng Isang Halalan)**
Isang katagang ginagamit kapag ang namamahalang awtoridad ay nagsasagawa ng isang halalan.

**Hold Elections (Nagsasagawa ng Halalan)**
Isang katagang gamit kapag ang mga namamahalang awtoridad ay nagsasagawa ng halalan.

**Hold Hearings (Nagsasagawa ng Pagdinig)**
Nagpapahiwatig ito na ang isang ahensya ay nagtatag ng isang proseso para sa isang indibidwal o organisasyon upang ipahayag ang kanilang kaso, lutasin ang mga administratibong pagtatalo, magsagawa ng mga negosasyon sa pagitan ng mga magkasalungat na partido, at gumawa ng mga legal na desisyon.

**Hold Office (Manungkulan)**
Isang katagang ginagamit sa paglalarawan ng isang indibidwal na sumumpa sa katungkulang pampubliko at naninilbihan sa posisyong iyon sa kasalukuyan.

**Home Rule (Pansariling Alituntunin)**
Ang karapatan ng mga tao, lungsod, barangay, kabayanan o iba pang mga lokal na distrito upang magtatag at baguhin ang kaayusan ng goberyno.

**Home Rule Charter (Dokumentong Batas sa Pansariling Alituntunin)**
Sa ilang mga estado, kilala bilang mga estadong may pansariling alituntunin, ang konstitusyon ng estado ay nagkakaloob sa mga munisipalidad at/o mga lalawigan ng kakayahang magpasa ng mga batas kung kinakailangan upang pamunuan ang kanilang mga sarili (basta't sumusunod sila sa mga konstitusyon ng estado at pederal). Ang Charter ay isang nakasulat na dokumentong tumutukoy sa mga batas at regulasyon ng lupong iyon.

**Home Rule City (Pansariling Alituntunin ng Lungsod)**
Isang lungsod na nagpatibay ng Charter na nagbabalangkas sa uri ng gobyerno at mga lokal na batas.

**House of Representatives (Kongreso o Kapulungan ng mga Kinatawan)**
Ang mababang kapulungan ng Kongreso ng Estados Unidos, kung saan ang Senado ang nakatataas na kapulungan. Magkasama silang bumubuo ng pambansang bicameral na lehislatura ng Estados Unidos. Ang komposisyon ng Kapulungan ay itinatag sa pamamagitan ng Article One ng Konstitusyon ng Estados Unidos.

**House Seat (Puwesto sa Kapulungan)**
Isa sa 435 na mga rehiyon kung saan ang mga bumubotong kinatawan ay nahalal sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos.

## I

**Internal Audit Log (Listahan ng Internal Audit)**
Isang talaang mababasa ng tao, residente sa makina ng pagboto, ginagamit sa pagsubaybay sa lahat ng mga gawain ng makinang iyon. Ang listahan ay nagtatala ng bawat aktibidad na naganap sa o ng makina na nagpapahiwatig sa pangyayari at kung kalian ito naganap.

**Internet Voting (Pagboboto sa Internet)**
Ang pagsauli ng isang nabotong balota o pakete ng impormasyon ng botante sa pamamagitan ng email o paggamit ng isang aplikasyon na gumagamit ng internet.

**Interoperability (Pagpapalit-palit ng Paggamit)**
Ang lawak kung saan ang mga sistema mula sa iba’t ibang tagagawa at mga aparato na may iba’t ibang kumpigurasyon ng sistema ay maaaring makipag-ugnayan sa isa’t isa.

**Interpreter**
Isang taong nagsasalin para sa mga taong nakikipag-usap sa ibang wika.

**Interruption of The Voting Process (Pagkaantala sa Proseso ng Halalan)**
Mga kabiguan ng kagamitan sa halalan, kakulangan sa mga kagamitan, mga sakuna, o kahit anong hadlang sa pagboto.

**Intrusion Detection System (IDS) (Sistema para sa Pagtuklas ng Panghihimasok)**
Isang aplikasyon ng hardware o software na nakakatuklas at nag-uulat ng pinaghihinalaang paglabag sa seguridad, paglabag sa patakaran, o iba pang kompromiso na maaaring may masamang epekto sa network.

**Invalidate Your Vote (Ipawalang-bisa ang Iyong Boto)**
Isang pagkakamali, pagkakasala, o hindi paggawa na nagreresulta sa hindi pagbilang ng iyong boto pagdating sa huling resulta ng halalan.

**Irregularities (Mga Iregularidad)**
Isang bagay na hindi tama o hindi katanggap-tanggap, gaya ng kapag ang mga patakaran, batas, at mga karaniwang paraan ng paggawa ng mga bagay ay hindi nasunod.

**Issue (Magbigay)**
Pagbigay ng isang bagay sa isang tao sa isang opisyal na paraan.

**Issue (To Issue A Vote) (Magbigay ng Boto)**
Kapag nagbigay ang isang opisyal na awtoridad, kawani ng halalan o manggagawa sa halalan sa isang botante ng balota para sa pagboto.

# J

**Judge (Hukom)**
Isang opisyal na responsable sa tama at maayos na pagboto sa isang lugar ng botohan o proseso ng halalan, tinatawag ring isang Hukom ng Halalan.

**Judicial Candidate (Kandidatong Panghukuman)**
Isang kandidato para sa katungkulang panghukuman.

**Judicial District (Distrito ng Hukuman)**
Isa sa may permanenteng bilang ng mga distrito na kung saan ang isang estado ay nahahati, na ang bawat distrito ay bumoboto ng kandidatong panghukuman.

**Judicial Offices (Mga Tanggapan ng Hukuman)**
Isang pampublikong katungkulang panghukuman, para sa isang opisyal na namamahala ng batas.

**Judicial Retention Election (Halalan para sa Pananatili ng Hukuman)**
Isang halalan kung saan ang mga botante ay tinatanong kung ang isang kasalukuyang nanunungkulan (kadalasan isang hukom) ay dapat manatili sa katungkulan para sa isa pang termino. Ang nanunungkulan, na walang katunggali, ay tinatanggal sa katungkulan kapag ang porsyento ng mga botante ay nagpapahiwatig na hindi sila dapat manatili sa katungkulan.

# K

**Key Management (Pinakamahalagang Pangangasiwa)**
Mga gawaing nangangailangan ng pagaasikaso ng mga cryptographic na susi at iba pang kaugnay na mga parameter para sa seguridad (halimbawa, mga password) sa loob ng buong siklo ng buhay ng mga susi, kabilang ang kanilang pagbuo, pag-imbak, pagtatag, pagpasok at paglabas, at zeroization.

# L

**Language Assistance (Katulong sa Wika)**
Ang Batas sa Karapatan sa Pagboto ay nagbabawal sa mga kwalipikasyon o kinakailangan sa pagboto batay sa karunungang bumasa't sumulat at wika. Kinikilala ng Section 203 ang malawak na diskriminasyon sa pagboto laban sa mga minoryang mamamayan na may wikang katutubo ng Alaska, Amerikanong Indian, Asyano at Hispanic at nagnanais na matanggal ito sa pamamagitan ng paghingi ng probisyon para sa mga materyales sa minoryang wika at pagtulong kaugnay sa proseso ng halalan – binibigkas at/o nasusulat – sa wika ng mga grupong minorya. Ang ibang mga seksyon ng VRA, kabilang ang 4(e) at 208, ay mahalaga rin sa pag-access sa wika. Ang pinakabagong muling-pagpapahintulot ng Batas sa Karapatan sa Pagboto noong 2006 ay nagpalawak sa Seksyong 203 hanggang 2032, at ang mga pagpapasiya ay inayos upang maganap kada 5 taon sa halip na 10.

**Language Minority Citizens (Mga Mamamayan ng Minoryang Wika)**
Hinihingi ng mga probisyon sa minoryang wika ng Batas sa Karapatan sa Pagboto na kapag ang isang nasasakupang estado o politikal na pagpapangkat ay nagbigay ng pagpaparehistro o mga abiso para sa pagboto, mga form, mga tagubilin, tulong, o iba pang materyales o impormasyon kaugnay ng proseso sa halalan, kabilang ang mga balota, dapat magbigay sa kanila sa wikang angkop sa grupo ng minorya pati na rin sa wikang Ingles. Ang sakop na wika ng minorya ay limitado lamang sa mga Amerikanong Indian, Asyanong Amerikano, mga katutubo ng Alaska at mga mamamayang may kaugnayan sa Espanya – mga grupong natukoy ng Kongreso na humarap sa balakid sa pampulitikang proseso.

**Lawful Permanent Resident (Legal na Permanenteng Residente)**
Mga hindi-mamamayan ngunit pinahihintulutan ng batas na permanenteng manirahan sa Estados Unidos.

**Legal Holiday (Pista Opisyal)**
Isang pistang itinalaga ng batas at kadalasan ay isang araw na walang pasok sa loob ng isang taon.

**Legislative Initiative Amendment (Susog sa Inisyatibong Lehislatibo)**
Isang panukala sa balota na nagmumungkahi ng pag-amyenda sa isang batas.

**Legislative Ratification (Lehislatibong Pagpapatibay)**
Ang pagsasagawa o proseso ng pormal na kumpirmasyon ng isang batas.

**Lever Voting Machine (Dalawit na Makina sa Pagboto)**
Makinang direktang nagtatala ng mga napili ng botante sa pamamagitan ng mekanikal na dalawit para sa mga pag-kontrol ng  mekanismong pambilang na nagtatala ng mga boto nang hindi gumagamit ng pisikal na balota.

**Lieutenant Governor (Tinyenteng Gobernador)**
Ang punong opisyal ng halalan sa mga estado ng Alaska at Utah.

**Life Cycle (Siklo ng Buhay)**
Isang konsepto ng systems engineering na tumutukoy sa mga yugtong pinagdadaanan ng isang sistema, mula sa konsepto hanggang sa pagretiro. May iba't ibang tungkulin at gawaing nauugnay sa bawat yugto ng siklo ng buhay.

**Limited Ballot (Limitadong Balota)**
Isang balota na may ilan, ngunit hindi lahat, na mga pagtutol na nararapat pagbotohan ng ibang botante sa isang halalan.

**List of Registered Voters (Listahan ng mga Rehistradong Botante)**
Isang listahan ng mga indibidwal na nagrehistro sa isang listahan ng halalan kung saan nakitira ang botante, bilang isang kondisyon sa pagiging kwalipikadong bumoto.

**Local (Local Government) (Lokal na Pamahalaan)**
Pampamahalaang hurisdiksyon sa ilalim ng antas ng estado kabilang ang – mga lalawigan, lungsod, distrito, bayan at parokya.

**Local Measures (Mga Lokal na Panukalang Batas)**
Isang panukala na maisabatas, baguhin, o ipawalang-bisa ang isang bagong batas, ordinansa, o charter sa antas ng lokal na pamahalaan na inilalagay sa balota para aprubahan o tanggihan ng mga botante.

**Logic and Accuracy (L&A) Testing (Pagsusuri sa Pangangatwiran at Kawastuhan)**
Pagsusuri sa kahandaan ng kagamitan at sistema na ang layunin ay malaman ang sirang kagamitan at hindi-tamang pagset-up ng mga gamit pang-halalan bago gamitin ang mga ito sa isang halalan. Kailangang suriin ng mga hurisdiksyon ang kawastuhan ng bawat estilo ng balota upang matukoy na ang bawat posibleng tama at hindi-tamang pagpipilian ng botante ay makukunan o mapapangasiwaan ng sistema sa halalan, sa parehong teknolohikal at legal na pamamaraan. Ang mga opisyal ng halalan ay magsasagawa ng mga L&A na pagsusuri bago magsimula ang isang halalan bilang bahagi ng proseso ng pagset-up ng sistema at mga kagamitan para sa halalan ayon sa mga nakaugalian ng hurisdiksyon at alinsunod sa anumang batas ng estado.

**Logical Correctness (Lohikal na Kawastuhan)**
Kondisyon na nagpapatunay na, sa bawat itinakdang input, matutugunan ng computer program ang detalye ng program at makakagawa ng kinakailangang output.

**Look at Both Side of Your Ballot (Tingnan ang magkabilang panig ng Iyong Balota)**
Mga tagubilin sa pagboto na nagpapaalala sa mga botante na ang mga pagtutol sa halalan ay pwedeng makita sa parehong harap at likod ng balota.

**Low/No Dexterity Mode (Mahina/Hindi Makasulat na Paraan)**
Isang pakikipag-ugnayang (interaction) paraan na may mga katangian para sa madaling paggamit ng mga botanteng hindi mapakinabangan ang isa o parehong kamay o may kahinaan ang kamay.

# M

**Machine-Readable Mark (Markang Nababasa ng Makina)**
Marka sa isang posisyon sa papel na balota para sa napiling pagtutol na tumutugon sa mga kinakailangan para matukoy ng isang scanner.

**Machine-Unreadable Mark (Markang Hindi-nababasa ng Makina)**
Marka sa isang posisyon sa papel na balota para sa napiling pagtutol na hindi matukoy ng scanner bilang nababasa o maliit at nangangailangan ng pagpapasya ng tao.

**Magisterial District (Distritong Panghukom)**
Isa sa mga permanenteng bilang ng mga distrito kung saan ang isang estado ay nahahati, ang bawat distrito ay naghahalal ng mga Panghukom na kandidato.

**Magisterial District Judge (Mahistrado ng Distritong Panghukom)**
Isang opisyal sa serbisyo sibil o karaniwang hukom na nagpapatupad ng batas, partikular ang isang tagapangasiwa ng korte na humahawak sa mga maliliit na paglabag at nagsasagawa ng mga paunang pagdinig para sa mga mas seryosong kaso.

**Mail Ballots (Noun) (Balotang Pinadala sa Koreo)**
Isang balotang isinumite ng isang botante bukod sa personal na pagpunta sa isang lugar ng botohan. Ang mga ipinakoreong balota ay kalimitang pinapadala sa botante ngunit pwede ring direktang ibigay mula sa isang tanggapan ng halalan. Depende sa hurisdiksyon, ang mga pinadalang balota ay maaaring isauli sa pamamagitan ng koreo, drop box, o sa personal. Ang mga pinadalang balota ay katulad ng mga balotang mula sa pagboto gamit ang koreo at pagboto nang nakaliban.

**Mail Ballots (Verb) (Pagpadala ng mga Balota sa Koreo)**
Ang proseso ng pagpapadala ng balota sa mga botante gamit ang Serbisyo sa Koreo ng U.S.

**Mail-In Voter Registration Form (Form Para sa Paghiling ng Balota sa pamamagitan ng Koreo)**
Isang form na gamit ng isang botante upang humiling na ipakoreo ang balota sa kanila.

**Mailed Ballot Election (Halalan Para sa mga Pinadalang Balota sa Koreo)**
Isang halalan na isinasagawa gamit lamang ang mga ipinakoreong balota at walang inaalok na mga opsyong pagboto nang personal o may limitadong opsyong pagboto nang personal.

**Mailed Ballot Precinct (Presinto para sa mga Pinadalang Balota sa Koreo)**
Isang presinto ng pagboto na hindi nag-aalok ng personal na pagboto.

**Mailing Address (Address Para sa Koreo)**
Ang address kung saan pwedeng tumaggap ng koreo, na maaaring maging iba sa address kung saan nakatira ang isang tao.

**Majority (Nakararami)**
Higit sa kalahati.

**Majority of The Votes (Karamihan ng mga Boto)**
Higit sa kalahati ang mga boto ang naisumite.

**Majority of Voters (Karamihan ng mga Botante)**
Higit sa kalahati ng mga botante.

**Majority Party (Partidong Mayorya)**
Isang partido sa politika na tumatanggap ng pinakamaliit na porsyento ng kabuuang boto sa isang hurisiksyon o may sapat na kakayahan upang makamit ang kontrol ng isang pamahalaan o bumuo ng pangunahing oposisyon sa nananalong partido.

**Majority Voting (Karamihan ng mga Bumoboto)**
Isang uri ng boto kung saan kailangan ng mananalong kandidato na makatanggap ng higit sa kalahating botong naisumite. Kung walang kandidatong direktang makakuha ng mayorya, isang runoff na halalan ang maaaring isagawa sa pagitan ng dalawang may pinakamaraming nakuhang mga boto.

**Make Void (Ipapawalang-bisa)**
Isang pagkakamali, kamalian, paglaktaw, o sinadyang pagkilos na nagresulta sa hindi pagbilang sa inte boto pagdating sa huling resulta ng halalan.

**Malware**
Software o firmware na sinadya para makagawa ng prosesong walang-pahintulot na may masamang epekto sa pagiging kumpidensyal, sa integridad, o paggamit ng isang sistema. Halimbawa, isang virus, worm, Trojan horse, o iba pang bagay na may code na nanghahawa ng host. Ang spyware at ilang uri ng adware ay mga halimbawa rin ng malware.

**Mandate (Kautusan)**
Isang opisyal o mataas na kautusan, na kadalasan ay sa pamamagitan ng lehislatibong batas o ehekutibong kautusan.

**Manual Tabulation of Ballots (Manual na Pagbilang ng mga Balota)**
Pagbilang ng mga balota at/o pagpipilian sa mga balota sa pamamagitan ng pagsusuri ng tao.

**Manually-Marked Paper Ballot (Manual na Pag-marka sa Papel na Balota)**
Papel na balotang minarkahan ng isang botante gamit ang panulat. Ang papel na balota ay isang nabeberipikang rekord ng isang independiyenteng botante.

**Mark (Marka)**
Ang anumang simbolong ginawa ng isang tagapirma na kumakatawan sa pagpapatupad ng isang dokumento o nagpapahiwatig ng napiling iboto.

**Marked Ballot (Markadong Balota)**
Balotang naglalaman ng mga napili ng botante.

**Marking Device (Aparatong Pangmarka)**
Isang aparatong nagpapahintulot na mapili ang mga opsyong pagtutol at masuri sa isang elektronikong interface at hindi gumagawa ng ibang nagtatagal na record ng mga napili ng botante.

**Marksense**
Isang sistema kung saan ang mga boto ay natala sa pamamagitan ng mga markang ginamit sa mga patlang ng pagsagot sa pagboto na naitalaga sa isa o parehong mukha ng card na balota o hanay ng mga card. Maaaring gumamit ng optical scanner o katulad na sensor ang mga sistema ng Marksense para mabasa ang mga balota. Tinatawag rin itong optical scan.

**Master Voter Registration List (Buong Listahan ng Lahat ng Rehistradong Botante)**
Isang listahan ng mga botante na pinapanatili sa iisang, permanenteng, opisyal, computerized sa buong estado o lokal na database sa pagrehistro ng mga rehistradong botante.

**Measure (Panukalang Batas)**
Isang panukalang magpapatupad ng isang bagong batas o konstitusyonal na pagbabago na inilagay sa balota para aprubahan o tanggihan ng mga botante.

**Measure Information (Impormasyon ukol sa Batas)**
Ang bahagi ng mga materyal sa pagboto na naglalaman ng impormasyon tungkol sa bagong batas o konstitusyunal na pagbabago na nilalagay sa balota para aprubahan o tanggihan ng mga botante.

**Measure Register (Batas sa Pagrehistro)**
Talaan na nagpapakita ng kabuuan ng mga botong isinumite para sa o laban sa isang partikular na isyu sa balota.

**Mechanical Lever Voting Machine (Mekanikal na Dalawit sa Makina para sa Pagboto)**
Makinang direktang nagtatala ng mga napili ng botante sa pamamagitan ng mga mekanikal na dalawit para sa mga pag-kontrol ng mekanismong pambilang na nagtatala ng mga boto na hindi gumagamit ng pisikal na balota.

**Memory Card**
Isang aparato sa pag-imbak ng elektronikong datos na ginagamit sa pag-imbak ng digital na impormasyon, na karaniwang gamit ang flash memory.

**Method of Application (Paraan ng Aplikasyon)**
Ilan sa mga paraan ng aplikasyon na makukuha ng publiko upang sila ay makarehistro sa pagboto.

**Midterm Election (Halalan sa Gitna ng Termino)**
Mga halalan na dinaraos sa pagitan ng mga halalan sa pagkapangulo.

**Military Voting (Pagboto ng Militar)**
Isang miyembro ng nasa Serbisyo ng Sandatahang Lakas na nasa aktibong tungkulin, kabilang ang hukbong katihan, hukbong panghimpapawid, hukbong kawal pandagat, tanod baybayin, at bapor pangkalakalan, at kanilang mga asawa at dependent.

**Military Voting Assistance Officer (Opisyal sa Pagtulong para sa Pagboto ng Militar)**
Ang mga opisyal sa pagtulong para sa pagboto (mga VAO) ay kumikilos para siguraduhing nauunawaan ng mga botanteng militar at taga-ibang bansa ang kanilang mga karapatan sa pagboto, kung paano magrehistro para sa pagboto habang nakaliban, at magkaroon ng daan sa tumpak at walang-kinikilingang impormasyon at tulong sa pagboto. Ang mga VAO ay maaaring mga miyembro ng Serbisyo ng Sandatahang Lakas, mga sibilyan, o miyembro ng mga organisasyon ng mga mamamayan ng U.S. na nasa ibang bansa.

**Minimum Standards (Pinakamababang Pamantayan)**
Ang pinakamababang antas ng kalidad o tagumpay na katanggap-tanggap.

**Minimum Voting Age (Pinakabatang Edad na Maaaring Bumoto)**
Ang edad na itinalaga ng batas na kailangang maabot ng isang tao bago maging kwalipikadong bumoto sa pampublikong halalan.

**Minor Party (Partidong Minorya)**
Isang partido sa politika na hindi nakamit ang mga kinakailangan para kilalanin bilang isang partidong mayorya, gayunman ay kadalasang kinikilala dahil ang mga kandidato nito ay nakatanggap ng ilang porsyento ng boto o sa pamamagitan ng proseso ng pag-petisyon.

**Mismarked (Nagkamaling Marka)**
Isang pagkakamali, kamalian, paglaktaw, o sinadyang pagkilos na nagresulta sa hindi pagbilang ng layunin ng botante pagdating sa huling resulta ng halalan.

**Mixed Ticket (Nakahalong Ticket)**
Isang balota kung saan ang mga botante ay pwedeng mamili ng mga kandidato anuman ang kaalyadong partido hanggang sa pinakamaraming bilang na pinapayagan sa bawat labanan.

**Mock Election (Kunwaring Botohan)**
Isang walang-kinikilingang kaganapang pang-edukasyon na nagtuturo sa mga kabataan kung paano bumoto.

**Modified Closed Primary (Nabagong SaradongPangunahing Halalan)**
Isang pangunahing halalan na pinapayagan ang mga partido ng estado na magpasya kung papayagan ang mga rehistradong botante na walang kaalyadong partido sa politika para lumahok sa kanilang pangunahing halalan.

**Modified Open Primary (Nabagong Bukas na Pangunahing Halalan)**
Isang pangunahing halalan na pinapayagan ang mga partido ng estado na magpasya kung papayagan ang mga botante na magrehistro na walang kaalyadong partido sa politikal para lumahok sa kanilang pangunahing halalan.

**Monitor and Device Controller (Aparatong Pang-monitor at kontrol)**
Isang interface na may audio at pandamdam na nagbibigay-daan sa mga tagagamit na makapagpili.

**Motor Voter (Pagrehistro sa Pagboto)**
Isang batas, na mas kilala bilang “Motor Voter Law,” na nag-aatas sa mga estado na magbigay ng oportunidad sa pagrehistro para sa pagboto sa kanilang mga tanggapan ng pagpapalisensya para sa sasakyan (kilala bilang DMV sa maraming mga estado). Ang batas ay nag-aatas din sa mga estado na mag-alok ng pagrehistro sa pagboto sa mga tanggapan na nagbibigay ng tulong pampubliko o mga programang pinondohan ng estado na aktibo sa pagbigay ng mga serbisyo para sa mga taong may kapansanan, at mga tanggapang nangangalap para sa serbisyo sa sandatahang lakas. Ang NVRA ay nagbibigay ng mga patnubay sa pagpapanatili ng listahan sa pagrehistro at nagtatakda ng limitasyon kung paano matanggal ang mga botante sa listahan.

**Multi-Member District (Distritong may Maraming Miyembro)**
Ang distrito o botante sa halalan na may dalawa o higit pang mga kinatawan sa isang lehislatibong katawan sa halip na isa lang.

**Multi-Seat Contest (Labanan para Iba’t ibang Katungkulan)**
Labanan kung saan maraming mga kandidato ang pwedeng tumakbo, hanggang sa espesipikong bilang ng mga katungkulan. Ang mga botante ay maaaring bumoto nang hindi hihigit sa nasabing bilang ng mga kandidato.

**Municipal (Munisipalidad)**
May kaugnayan sa isang lungsod, distrito, barangay o bayan, maliban sa mga estado sa New England, New York at Wisconsin kung saan ang mga pangalan ng bayan ay tumutukoy sa pagpapangkat ng isang lalawigan o estado ayon sa lugar.

**Municipal Ballot (Balota ng Munisipalidad)**
Isang balota para sa mga kandidato o panukalang kaugnay ng isang lupong tagapamahala ng munisipalidad.

**Municipal Bond Election (Halalan Para sa Bond ng Munisipalidad)**
Isang halalan kung saan may panukalang nagbibigay-daan sa isang lokal na pamahalaan na aprubahan ang karagdagang paggastos kung saan ang isang utang at obligasyon ay binabayaran ng may interes at ito ay nakikita sa balota para aprubahan at tanggihan.

**Municipal Elections (Halalan sa Munisipalidad)**
Isang karaniwang halalan ng mga kandidato at panukala sa loob ng isang lupong tagapamahala ng munisipalidad.

**Municipal School District (Distrito ng Paaralan sa Munisipalidad)**
Isang heograpikong yunit para sa lokal na pamamahala ng mga elementarya o mataas na paaralan.

**Municipal Water District (Distrito ng Tubig sa Munisipalidad)**
Isang heograpikong yunit para sa lokal na pamahalaan na may tungkuling magbigay ng tubig at poso negro na kailangan ng isang komunidad.

**Municipality (Munisipalidad)**
May kaugnayan sa isang lungsod, distrito, barangay o bayan, maliban sa mga estado sa New England, New York at Wisconsin kung saan ang mga pangalan ng bayan ay tumutukoy sa pagpapangkat ng isang lalawigan o estado ayon sa lugar.

# N

**National (Pambansa)**
Pagmamay-ari ng o pinananatili ng pederal na pamahalaan.

**National Association Of Secretaries Of State (NASS) (Pambansang Samahan ng mga Kalihim ng Estado)**
Isang walang-kinikilingang propesyonal na organisasyon ng mga pampublikong opisyal na binubuo ng mga kalihim ng estado at teritoryo ng U.S.

**National Association Of State Election Directors (NASED) (Pambansang Samahan ng mga Direktor ng Halalan ng Estado)**
Isang walang-kinikilingang propesyonal na samahan ng mga director ng halalan ng estado at mga tagapangasiwa ng estado ng U.S. at mga teritoryo.

**National Certification Test Report (Ulat ng Pagsusuri ng Pambansang Sertipikasyon)**
Ulat ng mga resulta ng independiyenteng pagsusuri ng sistema ng pagboto na isinagawa ng isang kinikilalang laboratoryo ng pagsusuri na ipinadala sa Komisyon ng Tulong sa Halalan ng U.S. na may rekomendasyon tungkol sa pagbigay ng isang numero ng katibayan.

**National Certification Testing (Pagsusuri ng Pambansang Sertipikasyon)**
Pagsisiyasat at pagsuri ng isang sistema ng pagboto upang malaman kung ang sistema ay sumusunod sa mga pamantayang kailangan sa paggawa at iba pang kahilingan para sa mga pambansang pamantayan ukol sa sertipikasyon at mga sariling detalye.

**National Change of Address Program (NCOA) (Programa para sa Pambansang Pagbabago ng Address)**
Isang ligtas na dataset na may higit-kumulang na 160 milyong talaan ng permanenteng pagbabago ng address (COA) na binubuo ng mga pangalan at address ng mga indibidwal, mga pamilya, at mga negosyong nagsumite ng pagbabago ng address sa USPS. Ginagamit ng mga opisyal ng halalan ang NCOA upang baguhin ang mga talaan sa kanilang mga database para sa pagrehistro ng botante.

**National Convention (Pambansang Kapulungan)**
Isang pagpupulong kung saan ang mga partido ng estado at teritoryo ay nagsasama-sama upang mamili ng isang nominado sa pagkapangulo.

**National Institute of Standards and Technology (NIST) (Pambansang Institutution ng mga Pamantayan at Teknolohiya)**
Isang pederal na organisasyon na naatasang tumulong sa paggawa ng mga pamantayan para sa sistema ng pagboto. Ang NIST ay gumagawa at nagpapanatili ng mga pamantayan para sa malawak na hanay ng teknolohiya. Ang mga siyentipiko ng NIST ay umaalalay sa Komisyon ng Tulong sa Halalan ng U.S. upang gumawa ng mga masusuring pamantayan para sa mga sistema ng pagboto.

**National Party Convention (Pambansang Kapulungan ng Mga Partido)**
Isang pagpupulong kung saan ang mga partido ng estado at mga teritoryo ay nagsasama-sama upang mamimili ng isang nominado sa pagkapangulo.

**National Presidential Nominating Convention (Pambansang Kapulungan para sa Paghirang ng Nominado sa Pagkapangulo)**
Isang pagpupulong kung saan ang mga partido ng estado at teritoryo ay nagsasama-sama kada apat na taon sa Estados Unidos upang mangalap ng mga nominado para sa pagkapangulo ng U.S. sa darating na halalan. Makakatulong ito na mapagpasiyahan ang mga nominado bago mag-bukas ang Pambansang Pagpulong.

**National Voluntary Laboratory Accreditation Program (NVLAP) (Pambansang Programa para sa Akreditasyon at Boluntaryong Laboratoryo)**
Ang National Voluntary Laboratory Accreditation Program ay pinapatakbo ng National Institute of Standards And Technology (NIST).

**National Voter Registration Act Of 1993 (NVRA)[Also Known As The “Motor Voter Act"] (1993 na Batas Ukol Sa Pambansang Pagrehistro ng Botante o Tinatawag din bilang “Motor Voter Act”)**
Isang batas, na mas kilala bilang “Motor Voter Law,” na nag-aatas sa mga estado na magbigay ng oportunidad sa pagrehistro para sa pagboto sa kanilang mga tanggapan ng pagpapalisensya para sa sasakyan (kilala bilang DMV sa maraming mga estado). Ang batas ay nag-aatas din sa mga estado na mag-alok ng pagrehistro sa pagboto sa

mga tanggapan na nagbibigay ng tulong pampubliko o mga programang pinondohan ng estado na aktibo sa pagbigay ng mga serbisyo para sa mga taong may kapansanan, at mga tanggapang nangangalap para sa serbisyo sa sandatahang lakas. Ang NVRA ay nagbibigay ng mga patnubay sa pagpapanatili ng listahan sa pagrehistro at nagtatakda ng limitasyon kung paano matanggal ang mga botante sa listahan.

**No Excuse Absentee Voting (Walang Katwiran sa Pagboto nang Nakaliban)**
Isang katagang ginagamit kapag ang sinumang rehistradong botante ay pwedeng humiling ng balota para sa pagboto nang nakaliban, nang walang limitasyon.

**Nominate (Nomina)**
Pagmungkahi na maisaalang-alang ang isang indibidwal para sa katungkulang pampubliko.

**Nominated Officials (Mga Nominadong Opisyal)**
Mga indibidwal na iminungkahing maisaalang-alang para sa paghirang sa katungkulang pampubliko o nakatanggap ng sapat na mga boto sa isang pangunahing halalan para magpatuloy sa isang pangkalahatan o run-off na halalan. Ang katagang ito ay pwedeng tumukoy sa mga indibidwal na pinili ng mga partido ng estado at teritoryo sa isang Pambansang Kapulungan ng mga Partido upang kumatawan sa partido bilang kandidato sa pagkapangulo ng U.S.

**Nominating Petition (Petisyon sa Pagnonomina)**
Isang pormal na dokumentong nakasulat na pinirmahan ng mga rehistradong botante upang hilingin ang mga pangalan ng kandidato na mailagay sa balota ng halalan.

**Nomination (Nominasyon)**
Ang proseso ng pagmungkahi para maisaalang-alang sa katungkulang pampubliko.

**Nomination Paper (Dokumentasyon ng Nominasyon)**
Isang pormal na dokumentong nakasulat na binigay ng isang opisyal ng halalan upang hilingin na mailagay ang pangalan ng isang kandidato sa mga balota ng halalan.

**Nominee (Nominado)**
Isang indibidwal na iminungkahing maisaalang-alang para sa katungkulang pampubliko.

**Non-Accepted Ballots (Mga Hindi Tinanggap na Balota)**
Isang pagkakamali, kamalian, paglaktaw, o sinadyang pagkilos na nagresulta sa hindi pagbilang ng boto pagdating sa huling resulta ng halalan.

**Non-Paper Media (Media na Hindi Papel/Na-print)**
Ang kahit anong uri ng media na kung saan nakaimbak ang impormasyon, ngunit hindi kwalipikado bilang Papel o Naka-print na Media, tulad ng Micro Media (micro fiche at microfilm) o mga Hard drive ng Computer.

**Non-Partisan (Walang Kinikilingan)**
Hindi kaalyado sa isang partidong politikal.

**Nonpartisan Primary (Walang-kinikilingang Pangunahing Halalan)**
Isang pangunahing halalan na isinagawa upang bawasan ang listahan ng mga kandidato para sa isang walang kinikilingang labanan.

**Non-Party-Specific Contest (Labanan Para sa Walang-espesipikong Partido)**
Labanan kung saan ang pagiging kwalipikado sa pagboto sa labanang iyon ay hindi nakasalalay sa pagiging kaalyado ng partidong politikal.

**Noncompliance (Hindi-pagsunod)**
Pagkabigo o pagtangging sumunod sa isang bagay (gaya ng patakaran o regulasyon).

**Nondiscriminatory (Walang diskriminasyon)**
Patas at makatarungan.

**None of The Above (Wala sa mga Nabanggit)**
Isang opsyon sa balota sa ilang mga hurisdiksyon o organisasyon, na dinesenyo upang payagan ang botanteng ihayag ang pagtanggi sa lahat ng mga kandidato sa isang labanan sa pagboto.

**Nonpartisan Canvas Board (Lupon ng Tagabilang na Walang-kinikilingan)**
Isang grupo ng mga indibidwal na walang kaalyadong partido o nailahad na kaalyadong partido, na nagtutulungan alinsunod sa mga espesipikong patakaran at proseso, upang pagsama-samahin, suriin, at patunayan ang mga kagamitan sa halalan.

**Nonpartisan Election (Halalang Walang-kinikilingan)**
Halalang idinaos kasama ang mga kandidato sa mga labanang walang-espesipikong partido.

**Nonpartisan Office (Katungkulang Walang-kinikilingan)**
Katungkulan sa halalan kung saan ang mga kandidato ay tumatakbo kahit walang kaalyadonng partidong politikal.

**Nonpartisan Office Declaration of Candidacy (Deklarasyon ng Kandidatura para sa Katungkulang Walang-kinikilingan)**
Ang pagkumpleto ng mga kinakailangang papeles upang maging isang kandidato para sa walang-kinikilingang katungkulang pampubliko.

**Nonvolatile Memory**
Memory na kung saan ang impormasyon ay pwedeng maimbak sa hindi-matiyak na panahon na walang gagamiting kapangyarihan (power). Ang mga ROM at PROM ay halimbawa ng mga nonvolatile na memory.

**Not Contested (Hindi Tinutulan)**
Kapag ang mga indibidwal na naghain ng kandidatura ay hindi mas marami kaysa sa mga bakanteng posisyon para sa halalan.

**Notarized Statement (Pahayag na Nanotaryo)**
Isang dokumentong napatibay ng isang notaryo publiko, na isang opisyal na nagpapatunay ng pagkakakilanlan ng lahat ng taong pumipirma sa dokumento at nagsesertipika sa dokumento gamit ang isang selyo.

**Notice (Paunawa)**
Isang anunsyo ng hangarin, gawain o paalala ng isang organisasyon.

**Notice of Clarification (Paunawa ng Paglilinaw)**
Dokumentong nagbibigay ng karagdagang gabay at paliwanag sa mga kahilingan at proseso ng mga programa ng Election Assistance Commission (EAC) o Voting System Testing Lab (VTSL). Maaaring magbigay ng mga NOC bilang pagtugon sa isang hiling na paglilinaw mula sa isang Lab ng Pagsusuri sa Sistema ng Pagboto o isang rehistradong tagagawa ng EAC. Ang EAC ay maaari ring magbigay ng Paunawa ng Paglilinaw kapag nakita nito na ang mga pangkalahatang paglilinaw ay kailangan.

**Notice of Disposition (Paunawa sa Disposisyon)**
Ang huling paglutas sa usapin, at may kaugnayan sa mga desisyong inihayag ng isang ahensya.

**Notice of Election (Paunawa sa Halalan)**
Isang legal na katagang ginagamit kapag ang isang pinahintulutang namamahalang awtoridad ay nagbibigay ng paunawang pampubliko na ang isang halalan ay idaraos sa isang takdang panahon at sa ilalim ng partikular na panununtunan at mga batas.

**Notice to Voters (Paunawa sa mga Botante)**
Opisyal na komunikasyon mula sa tanggapan ng halalan tungkol sa halalan, pagrehistro ng botante, o proseso ng halalan.

**Notices of Noncompliance (Mga Paunawa sa Hindi Pagsunod)**
Opisyal na komunikasyon mula sa ahensya tungkol sa paglabag sa batas at patakaran.

# O

**Oath (Panunumpa)**
Isang pormal na pagpapatunay sa katotohanang sinasabi ng isang tao o matapat na gagawin ng isang tao ang kanyang sinasabi.

**Oath of Office (Panunumpa sa Katungkulan)**
Isang panunumpa o pagpapatunay na isinasagawa ng isang tao upang isapubliko ang pangako sa mga tungkilin, responsibilidad at obligasyong kaugnay sa paghawak ng katungkulang pampubliko.

**Observational Test (Pagmamasid na Pagsusuri)**
Pagsusuri ng paggamit na isinasagawa ng mga totoong botante sa mga aparato sa pagboto sa panahon ng halalan upang itatag ang tiwala na ang nabeberipikang papel na record ng botante ay ginawa nang tama kapag gamit ang pantulong na teknolohiya. Ang mga aparatong mapapasailalim sa pagmamasid na pagsusuri ay ginagamit sa normal na pagkolekta ng mga boto; ang mga botong nakolekta ay sinasama sa pagbilang sa halalan.

**Observers (Mga Tagamasid)**
Ang mga indibidwal na sumusubaybay sa pagbukas at pagsara ng mga lugar para sa pagboto, sa bilangan at pagsama-sama ng mga resulta, o iba pang bahagi ng halalan.

**Office (Katungkulan)**
Anumang pederal, estado, lalawigan, lungsod, parokya, bayan, munisipalidad, paaralan, distrito o ibang posisyon sa gobyerno.

**Office Holder (May Hawak na Katungkulan)**
Isang kataagang gamit sa paglalarawan ng isang indibidwal na sumumpa sa katungkulang pampubliko at naninilbihan sa posisyong iyon sa kasalukuyan.

**Office of The Registrar Of Voters (Tanggapan ng Tagarehistro ng mga Botante)**
Isang opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan o proseso ng halalan.

**Officer (Opisyal)**
Isang kataagang ginagamit sa paglalarawan ng isang indibidwal na sumumpa sa katungkulang pampubliko at naninilbihan sa posisyong iyon sa kasalukuyan.

**Official (Opisyal)**
(1) Kaugnay ng o sa isang tanggapan, katungkulan, o tiwala (2) Nanunungkulan: may kapangyarihan

**Official Ballot (Opisyal na Balota)**
Ang opisyal na pagpresinta ng lahat ng mga pagtutol na pagpapasyahan sa isang partikular na halalan. Sa papel man o elektronikong format, ang mekanismo para maipakita ng mga botante ang kanilang mga napili.

**Official Ballot Card (Opisyal na Card na Balota)**
Isang opisyal na card o bilang ng mga card kung saan naka-print, o natutukoy ayon sa balota, ang mga pangalan ng mga kandidatong nominado o iboboto sa isa o higit pang mga katungkulan o mga titulo ng balota ng isa o higit pang mga panukala.

**Official Ballot Card Secrecy Sleeve (Opisyal na Paniklop sa Balotang Card)**
Isang papel, sobre, o paniklop na nakapaloob ang balota upang panatilihin ang pagkasikreto ng kung paano minarkahan ng botante ang kanilang balota.

**Official Envelope (Opisyal na Sobre)**
Ang opisyal na panloob, panlabas, at lihim na mga sobreng ginagamit sa paglipat o paglakip ng mga balota.

**Official Party Affiliation List (Listahan ng mga Opisyal na Kaalyadong Partido)**
Isang listahan ng mga indibidwal na nagrehistro sa isang kaalyadong partido sa listahan ng halalan, na kinakailangan para makinabang o mapayagang bumoto.

**Official Roster of Voters (Opisyal na Listahan ng mga Botante)**
Isang listahan ng mga indibidwal na nakapagrehistro sa isang listahan ng halalan kung saan nakatira ang botante, na kinakailangan para maging kwalipikadong bumoto.

**Official Sample Ballot (Opisyal na Sample ng Balota)**
Isang halimbawa ng balota na ibinigay sa mga botante na may impormasyon tungkol sa botante. Ang mga booklet ng sample na balota ay kadalasang nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa halalan tulad ng lugar at oras ng botohan para sa botante, impormasyon tungkol sa mga kandidato, mga katanungan, at mga tagubilin para sa pagboto.

**Online Registration (Online na Pagrehistro)**
Sinusunod ng online na pagrehistro ng botante ang prosesong pareho sa tradisyunal na prosesong gumagamit ng papel, na kung saan ang mga bagong botante ay nagsusulat sa papel na ibinibigay sa mga opisyal ng halalan, subalit sa halip na magsusulat sa papel na aplikasyon, pinupunan ng botante ang form sa pamamagitan ng isang Internet site, ang form na iyon na hindi gumagamit ng papel ang isusumite sa mga opisyal ng halalan sa elektronikong paraan. Sa halos lahat ng estado, ang aplikasyon ay sinusuri sa elektronikong paraan. Kung ang hiniling ay nakumpirmang tama, ang bagong pagrehistro ay isasama sa listahan ng estado para sa rehistradong botante.

**Open Primary (Bukas na Pangunahing Halalan)**
Pangunahing halalan kung saan ang sinumang botante ay maaaring lumahok, anuman ang kanilang kaakibat na partido. May ilang estado na hinihilingan ang botante na magdeklara sa publiko ng kanilang napiling balota ng partido sa lugar ng botohan, pagkatapos nito ay magbibigay o pagaganahin ng manggagawa ng halalan ang nararapat na balota. Pinapayagan ng ibang mga estado na pribadong mamili ng balota ng partido ang mga botante sa loob ng isang kubol ng botohan.

**Open Records (Bukas na Talaan)**
Mga dokumento o piraso ng impormasyon na hindi tinuturing na kumpidensyal at kadalasang tumutukoy sa pamahahala ng gobyerno.

**Open Source**
Software ng computer kasama ang pinagmulang code (code na nababasa ng tao) na magagamit kasama ng isang lisensya na kung saan ang tagahawak ng copyright ang nagbibigay ng karapatan na aralin, baguhin, o ipamahagi ang software sa sinuman at para sa anumang layunin. Ang open source software ay pwedeng buuin sa isang pampublikong paraan ng pakikipagtulungan. Ang software na iyon ng mga sistema sa pagboto at halalan na naglalaman ng mga open source ay nasuri ng maraming propesyunal at baguhang mga programmer. Ang mga sistema ng open source ay kadalasang hindi libre at karaniwang may lisensya gaya ng ibang software. Ang mga sistema ay maaaring ganap na open source o mayroon bahagi lamang ng kanilang software open source.

**Operating System (Sistema ng Pagpapatakbo)**
Isang koleksyon ng mga program na nagkokontrol sa hardware ng isang sistema ng computer at nagbibigay ng mga kagamitan at serbisyo sa application software na naka-install sa aparato. Ang mga sistema ng pagpapatakbo ay gumagamit ng mga kumplikadong release version number upang makita kung aling bersyon ang naka-install at nangangailangan ng madalas na mga patch o update upang panatilihin ang seguridad at paggamit. Kinakailangan ang maingat na koordinasyon ng mga update ng operating system pati na rin ang mga software application sa pangangasiwa ng mga pagbabago sa software sa isang tanggapan ng halalan.

**Operation Manual (Manual ng Pagpapatakbo)**
Ang dokumentasyon kung saan ang isang organisasyon ay nagbibigay ng patnubay para sa mga miyembro at empleyado upang magampanan ang kanilang mga tungkulin nang tama at mabuti.

**Operational Environment**
Ang lahat ng software, hardware (kabilang ang mga pasilidad, kasangkapan at nakakabit), mga materyales, dokumentasyon, at interface na gamit ng mga tauhan ng halalan, maintenance operator, mga manggagawa sa halalan, at mga botante, na kailangan para sa pagpapatakbo ng mga kagamitan sa halalan.

**Opponent (Katunggali)**
Ibang mga kandidatong tatakbo sa halalan na kabilang sa ibang partido o may ibang pakay at mga patakaran.

**Oppose (Tutulan)**
Pagtanggi o hindi-pagsang-ayon.

**Optical Scan**
Isang sistema ng pagboto na nakakapag-scan at tala ng mga papel na balota. Ang mga mas lumang sistema ng optical scan ay gumagamit ng infrared (IR) na teknolohiya sa pag-scan at ng mga balota na may mga timing mark para ma-scan nang tama ang balota. Ang mga mas bagong (digital) sistema ng optical scan ay pwede ring makakuha ng mga imahe ng balota habang sila ay itinatala.

**Optical Scan Ballots (Mga Optical Scan na Balota)**
Isang card o bilang ng mga card kung saan naka-print, o natutukoy sa pamamagitan ng balota, ang mga pangalan ng kandidatong nominado o iboboto sa isa o higit pang mga katungkulan o mga titulo ng balota ng isa o higit pang mga panukala na maaaring maitala sa isang optical scanner.

**Optical Scan System (Sistema ng Optical Scan)**
Sistema kung saan ang mga boto ay naitala gamit ang mga markang ginawa sa mga target ng pagboto na itinalaga sa isa o parehong panig ng card na balota o mga serye ng card. Ang sistema ng optical scan ay nagbabasa at nagbibilang ng mga balota, kadalasang mga papel na balota, sa pamamagitan ng pag-scan ng balota at pagbasa ng mga nilalaman.

**Order (Utos)**
Isang makapangyarihang utos, direksyon, o tagubilin

**Order on The Ballot (Pagkaayos sa Balota)**
Ang pagkakaayos kung saan ang mga labanan at kandidato ay nakikita sa balota.

**Ordinance (Ordinansa)**
Isang batas na ipinatutupad ng isang lokal na awtoridad.

**Original Petition (Orihinal na Petisyon)**
Isang buong dokumento na may impormasyon tungkol sa mga panukala, inisyatibo, referendum, o mga kandidato na ginamit para mangalap ng mga pirma mula sa mga rehistradong botante.

**Out-Of-State (Labas ng Estado)**
Pagiging nasa labas ng pisikal na hangganan ng isang partikular na estado.

**Outer Envelope (Panlabas na Sobre)**
Isang opisyal na sobreng ginagamit sa paglipat ng mga balotang para sa pagboto nang nakaliban at mga ipinakoreo at pinoprotektahan ang pagkapribado ng botante.

**Overseas Ballot (Balota Mula sa Ibang Bansa)**
Isang balotang isinumite ng isang miyembro ng serbisyo sa sandatahang lakas na nasa aktibong tungkulin sa ibang bansa, o ng isang mamamayan na nakatira sa ibang bansa.

**Overseas Citizen (Mamamayang Nasa Ibang Bansa)**
Isang mamamayan ng Estados Unidos na nakatira o nakatalaga sa ibang bansa sa labas ng Estados Unidos.

**Overseas Military Voter (Botanteng Militar na Nasa Ibang Bansa)**
Isang miyembro ng serbisyo sa sandatahang lakas na nasa aktibong tungkulin, kasama ang hukbong katihan, hukbong pamhimpapawid, hukbong kawal pandagat, tanod baybayin, at bapor pangkalakalan, at kanilang mga asawa at dependent. Ang mga miyembro ng serbisyo sa sandatahang lakas habang nasa aktibong tungkulin na mga permanenteng residente ng estado at pansamantalang naninirahan sa labas ng mga territorial limit ng Estados Unidos at ng Distrito ng Columbia; mga miyembro ng Merchant Marine ng Estados Unidos na permanenteng residente ng estado at pansamantalang naninirahan sa labas ng mga territorial limit ng Estados Unidos at ng Distrito ng Columbia; at/o iba pang mamamayan ng Estados Unidos na permanenteng residente ng estado at pansamantalang naninirahan sa labas ng mga territorial limit ng Estados Unidos at ng Distrito ng Columbia – na kwalipikado at rehistradong bumoto ayon sa batas.

**Overseas Voter (Botanteng Nasa Ibang Bansa)**
Isang mamamayan ng U.S. na nakatira sa labas ng Estados Unidos at may karapatang bumoto sa huling lugar na tinirahan sa Estados Unidos.

**Overvote (Bumoto ng Labis)**
Kapag ang bilang ng mga napagpilian ng isang botante sa isang labanan ay higit sa pinakamataas na bilang na pinapayagan.

**Overvoting (Pagboboto ng Labis)**
Pagboto ng higit sa pinakamataas na bilang ng mga pagpipilian na pinapayagan sa isang labanan.

# P

**Paper Ballot (Papel na Balota)**
Isang piraso ng papel, rolyo ng papel o maraming suplay ng card, na kung saan ang lahat ng mga pagpipilian ng botante ay markado ng kamay o naka-print, depende sa aling sistema ng pagboto.

**Paper Printout (Papel na Naka-print)**
Isang piraso ng papel kung saan ang impormasyon mula sa computer, scanner o katulad na aparato ay na-iprint.

**Paper Record (Papel na Talaan)**
Rekord ng naisumiteng papel (boto) na direktang mabeberipika ng isang botante.

**Paper Ballot Sheet (Pilyego ng mga Papel na Balota)**
Isang pirasong papel na bahagi ng isang papel na balota. Ang mga papel na balota ay maaaring binubuo ng maraming pilyego.

**Paper Trail**
Isang serye ng mga dokumento na nagbibigay ng nakasulat na ebidensya ng pagkakasunod-sunod ng mga aktibidad ng isang tao o organisasyon.

**Paper-Based Voting System (Sistema ng Pagboto na Gumagamit ng Papel)**
Sistema sa pagboto na nagrerekord ng mga boto, nagbibilang ng mga boto, at nagtatala ng bilang ng mga boto, gamit ang isa o higit pa na card na balota o papel na balota.

**Parallel Monitoring (Parallel na Pagmomonitor)**
Pagsusuri ng ilang walang-tiyak na napiling istasyon ng botohan sa ilalim ng mga kondisyong ihahalintulad hanggat maaari sa tunay na Araw ng Halalan, subalit ang mga aktwal na balotang makikita ng mga 'taga-suring botante' at ang pagkilos sa pagboto ng mga 'taga-suring botante' ay batid ng mga taga-suri at pwedeng makumpara sa resulta na binibilang at inuulat ng mga istasyon ng botohan.

**Parish (Parokya)**
Isang maliit na distritong administratibo na tumutukoy sa isang lalawigan sa ibang estado, gaya ng sa Estado ng Louisiana.

**Partisan (Magkapartido)**
Isang miyembro ng komite ng isang partidong politikal na malakas ang pagsuporta sa mga patakaran ng kanilang partido.

**Partisan Election (Halalan ng Magkapartido)**
Isang halalan kung saan ang mga kandidato ay tumatakbo para sa katungkulan bilang kinatawan ng isang partidong politikal, na kadalasan ay naka-print sa balota ang kanilang kaalyadong partido.

**Partisan Office (Katungkulan sa Partido)**
Ang isang nahalal na katungkulan kung saan tumatakbo ang mga kandidato bilang kinatawan ng isang partidong politikal.

**Partisan Office Declaration of Candidacy (Deklarasyon ng Kandidatura para sa Katungkulan sa Partido)**
Ang pagkumpleto ng kinakailangang papeles para maging isang kandidato ng partido sa katungkulang pampubliko.

**Partisan Primary (Pangunahing Halalan ng Partido)**
Halalan kung saan ang mga partidong politikal ay namimili ng kanilang mga nominado para sa isang pangkalahatan o run-off na halalan.

**Party (Partido)**
Isang organisasyon na nakikipag-ugnayan sa mga kandidato para lumaban sa isang pambansang halalan. Karaniwan sa mga miyembro ng isang partidong politikal na magkaroon ng mga magkakaparehong ideya ukol sa politika, at ang mga partido ay maaaring magsulong ng mga espesipikong mithiin ukol sa ideolohiya o polisiya.

**Party Affiliation (Kaalyadong Partido)**
Tumutukoy sa kaugnayan ng isang kandidato o nahalal na opisyal sa isang partikular na partido, maaaring hindi sa isang partikular na kalipunan ng mga paniniwalang pilosopiko. Pagdating naman sa pagboto, ito ay kadalasang tumutukoy sa mga botanteng nagrerehistro sa isang kilalang partidong politikal.

**Party Candidate (Kandidato ng Partido)**
Isang kandidatong tumatakbo bilang kinatawan ng isang partidong politikal para sa isang nahalal na katungkulan.

**Party Convention (Kapulungan ng mga Partido)**
Isang pagpupulong kung saan ang mga partido ng estado at teritoryo ay nagsasama-sama upang mamili ng isang nominado sa pagkapangulo.

**Party Designation (Kinabibilangang Partido)**
Ang partidong politikal na may pangalan ng kandidato na naka-print sa balota o mga materyales sa halalan.

**Party Enrollment (Pagpapatala sa Partido)**
Ang pagrehistro para makaboto at makapili ng isang kaalyadong partidong politikal. Tandaan, may ilang estadong nagbabatay sa pagrehistro sa isang napiling partido, at hindi sa pormal na pagpapatala o pagsapi.

**Party Label (Tatak ng Partido)**
Ang partidong politikal na may pangalan ng kandidato na naka-print sa isang balota o mga materyales sa halalan.

**Party Preference (Piniling Partido)**
Ang pagrehistro para bumoto at mamili ng isang kaalyadong partidong politikal. Tandaan, may ilang mga estadong nagbabatay sa pagrehistro sa isang napiling partido, at hindi sa pormal na pagpapatala o pagsapi.

**Pattern Voting (Pagboto ng may Pattern)**
Pagpili ng mga opsyong pagtutol sa maraming mga pagtutol sa isang itinakdang pattern na may intensyong i-pahiwatig ang pagkakakilanlan ng isang tao sa iba. Ang posibilidad ng pagboto ng may pattern ay maaaring maging isang problema para sa paglathala ng Cast Vote Records (CVR) sapagkat pwede nitong makompromiso ang pagkapribado ng isang botante kung may mga sapat na pagpipilian sa bawat nalathalang CVR na marahil na gawing natatangi ang isang pagpipiliang pattern.

**Penetration Testing**
Isang paraan ng pagsusuri na tumutulong sa mga mananaliksik para hanapin ang mga kahinaan sa isang sistema. Ang mga sistema ng halalan, tulad ng sistema ng pagrehistro sa pagboto, ay pana-panahong sumasailalim sa mga Penetration na Pagsusuri upang matukoy ang kanilang kahinaan sa mga cyber-attack. Tinatawag ring Pen Testing.

**People’s Veto Referenda (Referenda ng mga Mamayan para sa Pagsasawalang Bisa)**
Isang panukala para ipawalang-bisa ang isang batas na nagpapahintulot sa isang dating isinabatas ng lupong tagapamahala, at inilalagay sa balota sa pamamagitan ng isang petisyon ng mga mamamayan.

**Permanent Absentee Application (Aplikasyon para sa Permanenteng Pagboto nang Nakaliban)**
Isang aplikasyon para awtomatikong makatanggap sa koreo ng balota para sa pagboto nang nakaliban sa mga darating na halalan.

**Permanent Absentee Voter (Botanteng Permanenteng Nakaliban)**
Isang botante na nag-apply para makagamit ng balota para sa pagboto nang nakaliban sa lahat ng mga halalan at natugunan ang lahat ng mga kwalipikasyon para maging isang permanenteng nakalibang botante sa kanilang hurisdiksyon.

**Permanent Absentee Voter Status (Botanteng May Permanenteng Katayuan sa Pagboto Nang Nakaliban)**
Isang katagang ginagamit ng mga opisyal ng halalan kapag ang isang botante ay nag-apply para sa at kwalipikadong paggamit ng balotang para sa pagboto nang nakaliban sa lahat ng halalan.

**Permanent Advance Voter (Permanenteng Maagang Botante)**
Kahalintulad ng botanteng permanenteng nakaliban.

**Personal Assistive Device (Personal na Aparatong Pantulong)**
Isang aparato na bitibit o suot ng isang indibidwal na may pisikal na kapansanan na ang pangunahing layunin ay tumulong para punan ang kapansanang iyon.

**Persons with Disabilities (Mga Taong may Kapansansan)**
Mabilis na umuusad ang komunidad ng mga may kapansanan sa paggamit ng pagkakakilanlan bilang isang taong may kapansan (identity-first language) sa halip na katauhan ng isang tao (person-first language). Ito ay dahil tinitignan nito ang kapansanan bilang isang pangunahing bahagi ng pagkakakilanlan, tulad ng lahi at kasarian. May ilang miyembro ng komunidad, gaya ng mga taong may intelektwal o developmental na kapansan, na mas nais ang person-first language. Sa hanay na ito, ang mga kataga ay napagpapalit.

**Petition (Petisyon)**
Isang dokumento ng impormasyon tungkol sa mga panukala, inisyatibo, referendum, o mga kandidato na ginagamit upang mangalap ng mga pirma mula sa mga rehistradong botante.

**Petition Drive (Kampanya sa Pagpetisyon)**
Isang organisadong pagsisikap upang mangolekta ng sapat na wastong mga pirma para suportahan ang isang inisyatibo, kandidato, panukala, o referendum.

**Petition Fund (Pondo para sa Petisyon)**
Ang pagtitipon at paggastos ng mga pondo para sa layunin kaugnay sa isang petisyon.

**Petition Signature Gathering (Pangangalap ng mga Pirma para sa Petisyon)**
Ang pagsikap na mangalap ng mga pirma mula sa mga botante para sa mga inisyatibo, referendum, o kandidato.

**Petition Verification (Pagpapapatunay ng Petisyon)**
Katagang ginagamit kapag sinusuri ng mga opisyal ng halalan ang mga naipasang petisyon at inaalam kung ang mga ito ay nasa tamang paraan, kung ang mga pirma ng mga botante ay tama, at kung ang mga kinakailangang bilang ng mga tamang pirma ay naisumite upang matugunan ang layunin nito.

**Physical Configuration Audit (PCA)**
Inspeksyon ng isang kinikilalang laboratoryo sa pagsusuri na nagkukumpara sa mga bahagi ng sistema sa pagboto na naipasa para sa pagsusuri ng sertipikasyon at sa teknikal na dokumentasyon ng nagbebenta, at nagkukumpirma na ang naipasang dokumentasyon ay alinsunod sa mga kinakailangan ng pambansang sertipikasyon. Kabilang ang pagsaksi sa pagbuo ng sistemang maipapatupad upang matiyak na ang napatunayang paglabas (release) ay binuo mula sa mga nasuring kagamitan.

**PII**
Impormasyong pinahihintulutan ang pagkuha ng pagkakakilanlan ng isang indibidwal at anumang impormasyon tungkol sa isang indibidwal na pinananatili ng isang ahensya, kabilang ang: impormasyon na pwedeng magamit para matukoy o masundan ang pagkakakilanlan ng isang indibidwal, tulad ng pangalan, social security number, araw at lugar ng kapanganakan, pangalan sa pagkadalaga ng ina, o mga biometric rekord; anumang impormasyon na pwedeng maiugnay sa isang indibidwal, tulad ng impormasyong medikal, pang-edukasyon, pinansyal, at pagtatrabaho.

**Platform (Plataporma)**
Ang idineklarang patakaran ng isang partidong politikal, kandidato o grupo.

**Plebiscite (Plebisito)**
Isang panukala para ipawalang-bisa ang isang batas na dating isinabatas ng lupong tagapamahal, at inilagay sa balota ng sa pamamagitan ng isang petisyon ng mamamayan.

**Plurality (Karamihan)**
Ang bilang ng mga botong naisumite para sa isang kandidato na nakatanggap nang higit pa sa iba ngunit hindi nakatanggap ng ganap na mayorya (higit sa 50%).

**Pointer (Panturo)**
Magbigay ng alternatibong paraan ng paggamit ng aparato para sa mga taong may limitadong paggamit ng kamay, para sa mga gawain tulad ng paglipat ng mga pahina, pagguhit, bilang isang pantulong sa keyboard o panghawak ng lapis.

**Pointing to The Candidate or Question on the Ballot (Pagturo sa Kandidato o Katanungan sa Balota)**
Sa ilang mga balota, hinihiling ang mga botante na gumuhit ng isang linya upang ipagdugtong ang ulo at buntot ng palaso na nakaturo papunta sa pagpipiliang pagboto para sa isang kandidato o panukala, sa halip na punan ang isang bilog o markahan ng X.

**Political (Politikal)**
(1) Kaugnay sa gobyeryno o pampublikong kapakanan ng isang bansa. (2) Kaugnay sa mga ideya o estratehiya ng isang partikular na partido o grupo sa pulitika.

**Political Action Committee (PAC)**
Mula sa talatinigan ng FEC: Ang kilalang kataga para sa isang politikal na komite na hindi isang komite ng partido o awtorisadong komite ng isang kandidato. Mga PAC na direkta o hindi-direktang itinatag, pinangangasiwaan o pinansyal na suportado ng isang korporasyon o labor organization ay tinatawag na separate segregated funds (SSFs). Ang mga PAC na walang tagasuporta mula sa korporasyon o manggagawa ay tinatawag na mga hindi konektadong PAC (non-connected PACs).

**Political Appointee (Hinirang na Politiko)**
Sinumang empleyado na inatasan ng Pangulo, Pangalawang Pangulo, o pinuno ng ahensya.

**Political Caucus (Politikal na Pagpupulong)**
Isang pagpupulong kung saan inirerehistro ng mga lokal na miyembro ng isang partidong politikal ang napili nila mula sa mga kumakandidato o namiili ng mga kinatawan para dumalo sa isang kapulungan.

**Political Disclaimer (Politikal na Pagtatwa)**
Ang kinakailangang impormasyon na dapat kasama ng anumang politikal na anunsiyo na binabayaran ng isang kandidato, komite, o indibidwal na nailathala, ipinakita, o ipinaikot para maimpluwensyahan ang isang halalan.

**Political Organizations (Mga Politikal na Organisasyon)**
Kahit anong organisasyon na sumasali sa prosesong politikal, kabilang ang mga partidong politikal, organisasyong di-pampamahalaan (non-government organization), tagpagtaguyod na grupo (advocacy group), at mga grupong may espesyal na interes.

**Political Party (Partidong Politikal)**
Isang organisasyong nakikipag-ugnayan sa mga kandidato para lumaban sa isang pambansang halalan. Karaniwan sa mga miyembro ng isang partidong politikal na magkaroon ng mga magkakaparehong ideya ukol sa politika, at ang mga partido ay maaaring magsulong ng mga espesipikong mithiin ukol sa ideolohiya o polisiya.

**Political Party Affiliation**
Tumutukoy sa kaugnayan ng isang kandidato o nahalal na opisyal sa isang partikular na partido, maaaring hindi sa isang partikular na kalipunan ng mga paniniwalang pilosopiko. Pagdating naman sa pagboto, ito ay kadalasang tumutukoy sa mga botanteng nagrerehistro sa isang kilalang partidong politikal.

**Political Party Statements of Purpose (Mga Pahayag ng mga Layunin ng Partidong Politikal)**
Ang idineklarang patakaran ng isang partidong politikal o grupo.

**Political Subdivision (Politikal na Pagpapangkat)**
Anumang yunit ng goberyno, tulad ng mga lalawigan at lungsod, distrito ng paaralan, at mga distrito ng patubig at pangangalaga na may kapangyarihang magdaos ng mga halalan para sa katungkulang pampubliko o sa mga isyu sa balota.

**Politician (Pulitiko)**
Isang taong propesyonal na may kinalaman sa politika, lalo na bilang tagahawak ng o isang kandidato para sa isang nahalal na katungkulan.

**Poll (Halalan)**
(1) Suriin ang katayuan ng o itala ang opinyon ng isang botante. (2) Ang proseso ng paboto sa isang halalan.

**Poll Book (Aklat ng Halalan)**
Isang opisyal na talaan ng mga mamboboto na may karapatang bumoto sa isang halalan, na ginagamit upang mapatunayan at mairehistro ang mga botante bago sila mabigyan ng balota.

**Poll Book Station (Istasyon ng Aklat ng Halalan)**
Isang lugar na ginagamit para marehistro, maproseso, o maitala ang mga balota mula sa iba't ibang presinto bilang isang pangunahing lokasyon.

**Poll Hours (Mga Oras ng Halalan)**
Ang oras ng pagbukas at pagsara para sa pagboto sa mga lugar ng botohan.

**Poll List (Listahan ng Halalan)**
Isang opisyal na talaan ng mga mamboboto na may karapatang bumoto sa isang halalan, na ginagamit upang mapatunayan at marehistro ang mga botante bago sila mabigyan ng balota.

**Poll Officer (Opisyal ng Halalan)**
Ang opisyal na responsable para sa tama at maayos na pagboto sa isang lugar ng botohan o proseso ng halalan.

**Poll Watcher (Tagamasid sa Halalan)**
Mga indibidwal na nagmamasid ng pagbukas at pagsara ng lugar ng botohan at ng proseso ng pagboto.

**Poll Worker (Manggagawa sa Halalan)**
Ang opisyal na responsable para sa tama at maayos na pagboto sa isang lugar ng botohan o proseso ng halalan.

**Polling Location (Lokasyon ng Halalan)**
Pisikal na addres ng isang lugar ng halalan.

**Polling Place (Lugar ng Halalan)**
Pasilidad kung saan itinalaga ang mga botante para personal na magsumite ng mga balota.

**Polling Place Assignment (Lugar ng Pagtatalaga para sa Halalan)**
Ang lokasyon ng pasilidad kung saan ang isang botante ay nasa opisyal na listahan ng mga botanteng pinahihintulutang magsumite ng balota. Ang mga lugar ng botohan ay base sa address ng tirahan ng botante at ang lugar ay maaaring magbago sa susunod na halalan.

**Polling Place Officer (Opisyal ng Lugar ng Halalan)**
Ang opisyal na responsable para sa tama at maayos na pagboto sa isang lugar ng botohan o proseso ng halalan.

**Popular Vote (Pinakamaraming Boto)**
Ang boto para sa isang kandidato o pagtutol na ginawa ng mga kwalipikadong botante, na salungat sa boto ng mga nahalal na kinatawan.

**Portable Document Format (PDF)**
Isang pamantayan at madalas na ginagamit na format ng file, gamit sa paggawa, pamamahagi, at pagbasa ng mga dokumento, form at report. Ang mga PDF file ay pwede lamang mabuksan at mabasa ng isang reader, tulad ng Adobe Acrobat.

**Position (Posisyon)**
(1) Ang tama, naaangkop, o karaniwang lugar; tulad ng lokasyon kung saan makikita sa balota ang pagtutol o kandidato. (2) Ang opinyon o kung ano ang palagay ng isang tao tungkol sa isang politikal na kandidato, isyu o patakaran.

**Post-Election (Pagkatapos ng Halalan)**
Tungkol sa o nagaganap sa panahon matapos ang isang halalan.

**Post-Election Procedures (Mga Proseso Pagkatapos ng Halalan)**
Mga batas, patakaran, at administratibong pamamaraan na ginagawa matapos ang isang halalan, kadalasang tungkol sa pagbibilang, pag-audit, at pagpapatunay ng mga resulta ng halalan.

**Post-Election Tabulation Audit (Pag-audit ng Bilangan Pagkatapos ng Halalan)**
Isang pag-audit pagkatapos ng halalan na may kinalaman sa pagbibilang ng sample ng mga boto sa mga papel na talaan gamit ang kamay, saka lamang ikukumpara ang mga bilang na ito sa mga katumbas na kabuuan ng mga boto na orihinal na naiulat bilang isang pagsuri sa kawastuhan ng mga resulta ng halalan, at para matukoy ang mga pagkakaiba-iba gamit ang wastong pagbilang ng mga papel na talaan sa pamamagitan ng kamay bilang batayan.

**Postage (Pagpapadala sa pamamagitan ng Koreo)**
Ang bayarin sa paggamit ng serbisyo ng koreo.

**Postage Paid (Bayad sa Pagpapadala sa pamamagitan ng Koreo)**
Isang uri ng palatandaan sa sobre na nagpapakita na ang presyo sa pagpapadala ay nabayaran sa ibang paraan sa halip na gumamit ng mga selyo o franking machine. Ang palatandaan ay kadalasang nakalagay sa kanang itaas na sulok sa harap ng sobre, na kung saan dapat nakadikit ang mga selyo.

**Postage Stamp (Selyo ng Koreo)**
Isang maliit na piraso ng papel na iniisyu ng tanggapan ng koreo o tagapangasiwa ng koreo, o iba pang mga pinahihintulutang tagabenta sa mga mamimili na nagbabayad ng pagpapadala sa koreo, na siyang nagdidikit ng selyo sa harap o position ng address sa anumang bagay na ipapakoreo – isang sobre o iba pang lagayan– na nais nilang ipadala.

**Postal Registration (Pagrehistro sa Koreo)**
Isang serbisyo ng pagpapadala na ibinibigay ng mga lingkurang pangkoreo sa maraming bansa, na nagkakaloob sa nagpadala ng katibayan ng pagpapadala sa pamamagitan ng resibo at, kapag hiniling, isang elektronikong patunay na ang bagay ay naihatid o nagawa ang pagtatangkang paghatid.

**Postmark (Marka ng Koreo)**
Isang pagmamarka ng koreo na ginawa sa sobre, pakete, postcard o ang anumang katulad nito, na nagpapahiwatig ng lugar, petsa, at oras na naihatid ang isang bagay papunta sa pangangalaga ng isang lingkurang pangkoreo, o minsan ay nagpapahiwatig kung saan o kailan natanggap o kung papunta na.

**Pre-Clearance (Bago Pahintulutan)**
Sa ilalim ng 1965 na Batas Pederal ukol sa Karapatan sa Pagboto (Federal Voting Rights Act), ang mga espesipikong pagbabago sa mga proseso ng pagboto sa ilang estado o dibisyong pampulitika ay hindi maaaring umiral sa isang estado o politikal na pagpapangkat hangga't ang pagbabago ay naaprubahan ng isang espesipikong pederal na awtoridad. Ang proseso na dapat sundan ng ilang estado o dibisyong pampulitika para maipatupad ang mga natukoy na pagbabago sa mga proseso ng pagboto sa Ilalim ng Federal Voting Rights Act ng 1965.

**Pre-Election Procedures (Mga Proseso Bago ang Halalan)**
Mga batas, patakaran, at administratibong pamamaraan na ginagawa bago ang isang halalan, kadalasan ay tungkol sa mga paghain ng kandidatura, preparasyon ng balota, pagsusuri ng lohika at kawastuhan ng mga makina sa pagboto, pagsasanay ng mga manggagawa sa halalan at lahat ng iba pang mga gawain na kailangan upang maghanda para sa pagboto sa isang halalan.

**Precandidacy (Bago Mag-kandidatura)**
Ang panahon na ang isang tao, kung hindi man kwalipikado para maging kandidato para sa anumang katungkulang pampubliko o posisyon na matitiyak sa pamamagitan ng halalang pampubliko, ay naghahanda para maging isang kandidato at maaaring makatanggap ng mga kontribusyon o gumawa ng mga gastusin, o parehong personal o ng iba pang indibidwal.

**Precinct (Presinto)**
Sangay ng tagapangasiwa ng halalan na tumutukoy sa isang magkalapit na heograpikong lugar na siyang basehan para matukoy kung aling mga pagtutol o panukala ang karapat-dapat na iboto ng mga botanteng legal na naninirahan sa lugar na iyon.

**Precinct Board (Lupon ng Presinto)**
Isang grupo ng mga indibidwal na nagsanib-puwersa, alinsunod sa mga espesipikong batas at proseso, responsable para sa tama at maayos na pagboto sa isang lugar ng botohan o proseso ng halalan.

**Precinct Board Member (Miyembro ng Lupon ng Presinto)**
Ang opisyal na responsable para sa tama at maayos na pagboto sa isang lugar ng botohan o proseso ng halalan.

**Precinct Captain (Hepe ng Presinto)**
Isang pinuno ng partido na namamahala sa mga gawaing pampulitika sa isang partikular na heograpikong lugar.

**Precinct Count (Bilang ng Presinto)**
Pagbibilang ng mga balota sa parehong presinto kung saan naisumite ang mga balota.

**Precinct Count Optical Scan System (PCO)**
Sistema kung saan ang mga boto ay naitala gamit ang mga markang ginawa sa mga target ng pagboto na itinalaga sa isa o parehong panig ng card na balota o mga piraso ng card. Ang sistema ng optical scan ay nagbabasa at nagbibilang ng mga balota, kadalasang mga papel na balota, sa pamamagitan ng pag-scan ng balota at pagbasa ng mga nilalaman.

**Precinct Count Voting System (Sistema ng Pagbilang ng Pagboto sa Presinto)**
Isang sistema ng pagboto na nagbibilang ng mga balota sa lugar ng botohan. Ang mga sistemang ito ay kadalasang nagbibilang ng mga balota habang isinusumite at ipini-print ang mga resulta pagsara ng botohan. Sa isang sistema ng Optical Scan, pagkatapos markahan ang mga balota gamit ang kamay o ng isang aparatong pangmarka ng balota, binibilang ang mga ito habang ang isang balota ay nilalagay sa scanner. Para sa mga direct-recording electronic voting machine (DREs), at para sa mga sistemang nakabase sa papel, ang mga sistema ay nagbibigay ng elektronikong imbakan ng mga bilang ng boto at ang mga resulta ay saka ina-upload sa isang pangunahing sistema sa pagboto.

**Precinct Official (Opisyal ng Presinto)**
Ang opisyal na responsable para sa tama at maayos na pagboto sa isang lugar ng botohan o proseso ng halalan.

**Precinct Register (Rehistro ng Presinto)**
Isang opisyal na talaan ng mga mamboboto na may karapatang bumoto sa isang halalan, na ginagamit upang mapatunayan at marehistro ang mga botante bago sila mabigyan ng balota.

**Precinct Split (Hating Presinto)**
Isang pagpapangkat ng presinto na nangyayari kapag ang isang presinto ay hati sa dalawa o higit pa ang mga distrito ng halalan na pwedeng mangailangan ng iba't ibang estilo ng balota.

**Precinct Technician (Teknisyan ng Presinto)**
Ang opisyal na responsable para sa tama at maayos na pagboto sa isang lugar ng botohan o proseso ng halalan.

**Precinct Voting (Pagboto sa Presinto)**
Pagboto bago sa o sa Araw ng Halalan kung saan personal na kimukumpleto ng botante ang balota sa isang itinalagang lugar ng botohan na pinangangasiwaan ng mga opisyal ng halalan o mga manggagawa sa halalan.

**Precision (Katumpakan)**
(1) Lawak kung saan ang itinalagang hanay ng mga pagsukat ng parehong sample ay sumasang-ayon sa kanilang halaga (mean). Kaya, ang katumpakan ay karaniwang tinatanggap na standard deviation na tinantya mula sa mga hanay ng mga duplikadong pagsukat na ginawa sa ilalim ng mga kondisyon ng repeatability (kakayahang umulit), na nagpapahiwatig ng independiyenteng resulta ng pagsusuri na nakuha gamit ang parehong pamamaraan sa magkaparehong materyales ng pagsusuri, sa parehong laboratoryo o pasilidad ng pagsusuri, ng parehong operator gamit ang parehong kagamitan sa loob ng maikling panahon. (2) Antas ng refinement sa pagsukat o paliwanag, na kinakatawan ng bilang ng mga numerong ibinigay.

**Presentable Ballot Style (Katanggap-tanggap ng Estilo ng Balota)**
Estilo ng balota na kabilang ang lahat ng mga maipapakitang detalye na kailangan para bumuo ng isang balota. Maaaring kasama dito ang wika, pagkakaayos ng mga pagtutol at kandidato, at structural content tulad ng mga header.

**Presidential Candidate (Kandidato sa Pagkapangulo)**
Isang kandidatong naghahangad na maging nominado o mahalal sa katungkulan bilang Pangulo ng U.S. at natugunan ang mga legal na kinakailangan para ma-print ang kanilang pangalan sa balota o kwalipikdong mailagay ang kanilang pangalan sa balota at mabilang sa mga pagpipilian ng mga botante sa labanan.

**Presidential Delegates (Mga Delegadong Tumatakbo sa Pagkapangulo)**
Mga indibidwal na kumakatawan sa kanilang estado sa mga pambansang kapulungan ng partido para sa layuning humirang ng nominado para kumandidato sa pagkapangulo ng U.S. Magiging nominado ang kandidatong makakatanggap ng mayorya ng mga delegado ng partido.

**Presidential Elector (Mamboboto sa Pagkapangulo)**
Isang miyembro ng electoral college, na awtorisadong bumoto para sa pagkapangulo ng U.S. sa ngalan ng mga botante ng kanilang estado o Distrito ng Columbia.

**Presidential Primary Election (Pangunahing Halalan sa Pagkapangulo)**
Pangunahing halalan kung saan ang mga botante ay namimili ng mga delegado sa mga kapulungang pumipili ng nominado para sa pagkapangulo na inilaan ng mga komite ng pambansang partido sa kanilang mga estado.

**Prevailing Party (Nananaig na Partido)**
Matagumpay o nananalong indibidwal o organisasyon.

**Primary (Pangunahing Halalan)**
Halalang dinaraos upang matukoy kung aling kandidato ang kakatawan sa isang partidong politikal para sa isang nakatakdang katungkulan sa isang pangkalahatang halalan. May ilang estado na may bukas na pangunahing halalan, samantalang ang iba ay may sarado o bahagyang-saradong pangunahing halalan. Kung minsan, ang mga halalan para sa walang-kinikilingang katungkulan at mga isyu sa balota ay isinasama sa pangunahing halalan.

**Primary Calendar (Kalendaryo para sa Pangunahing Halalan)**
Ang opisyal na listahan ng mga mahahalagang petsa at mga huling araw sa pagboto para sa pangunahing halalan.

**Primary Election (Pangunahing Halalan)**
Halalang dinaraos upang matukoy kung aling kandidato ang kakatawan sa isang partidong politikal sa isang nakatakdang katungkulan sa isang pangkalahatang halalan. May ilang estado na may bukas na pangunahing halalan, samantalang ang iba ay may sarado o bahagyang-saradong pangunahing halalan. Kung minsan, ang mga halalan para sa walang-kinikilingang katungkulan at mga isyu sa balota ay idinaraos tuwing pangunahing halalan.

**Primary Presidential Delegation Nomination (Pangunahing Halalan ng Delegasyon para sa Nominasyon sa Pagkapangulo)**
Pangunahing halalan kung saan ang mga botante ay namimili ng mga delegado sa mga kapulungang pumipili ng nominado para sa pagkapangulo na inilaan sa kanilang mga estado ng mga komite ng pambansang partido.

**Primary Results (Mga Pangunahing Resulta)**
Pagsasama-sama ng mga botong naisumite sa isang pangunahing halalan pagkatapos isara ang halalan sa pagboto.

**Prior Registration (Bago ang Pagrehistro)**
Kapag ang isang botante ay nag-update ng kanilang pagrehistro sa pareho o ibang hurisdiksyon, ang kanilang dating pagrehistro sa opisyal na listahan ng botante ay kilala bilang Prior Registration.

**Prior To An Election (Bago sa Isang Halalan)**
Nauugnay sa o nagaganap sa panahon bago ang unang opisyal na pagkilos kaugnay ng halalan.

**Prior To Election Day (Bago sa Araw ng Halalan)**
Nauugnay o nagaganap sa panahon bago sa araw ng halalan.

**Privacy (Pagkapribado)**
Ang kakayahang mapigilan ang iba sa pagtukoy kung paano bumoto ang isang indibidwal.

**Private Key (Pribadong Susi)**
Ang lihim na bahagi ng isang asymmetric na pares ng susi na karaniwang ginagamit upang pumirma nang digital o mag-decrypt ng datos.

**Process the Application (Mag-proseso ng Aplikasyon)**
Ang pagpapatunay ng pagiging karapat-dapat, pagdagdag ng impormasyon sa database, at paggawa ng isang bago o in-update na talaan ng botante sa oras ng pagtanggap ng aplikasyon sa halalan, tulad ng paghiling ng card ng pagrehistro sa pagboto o balota ng pagboto nang nakaliban.

**Product Standard (Pamantayan ng Produkto)**
Batayan na tumutukoy sa mga kinkailangan na dapat tuparin ng isang produkto o isang grupo ng mga produkto, upang maitatag ang pagkamarapat nito para sa isang layunin.

**Programmed Device (Naka-program na Aparato)**
Electronikong aparato kabilang ang software. Kabilang sa karamihan ng mga elektronikong aparato para sa pagboto ay ang application logic (software), at kaya naman, ito ay mga nakaprogram na aparato.

**Proof of Residence (Katibayan ng Tirahan)**
Isang dokumentong nagpapatunay kung saan nakatira ang botante.

**Proponent (Tagataguyod)**
Isang taong nagpapanukala ng isang bagay, o sumusuporta man lang dito sa pamamagitan ng pagsasalita o pagsusulat nang pabor dito.

**Proportional Representation (Angkop na Representasyon)**
Isang sistemang panghalalan kung saan ang mga partido ay nakakakuha ng mga puwesto na angkop sa bilang ng mga botong ibinigay sa kanila.

**Proportional Voting (Angkop na Pagboto)**
Isang uri ng pagboto na ginagamit sa labanang may maraming-katungkulang pagbobotohan kung saan ang mga botong pinapayagan sa labanan ay ibinabahagi sa mga napiling kandidato nang naaayon sa bilang ng mga pagpipilian. Ito ay maaaring magresulta sa pagtanggap ng mga kandidato ng mas maliit na boto.

**Proposition (Proposisyon)**
Isang panukala para ipatupad ang isang bagong batas o konstitusyonal na pagbabago na inilalagay sa balota para aprubahan o tanggihan ng mga botante.

**Protest Petitions (Mga Petisyong Protesta)**
Isang petisyon o proseso para hamunin o maglabas ng mga pagtutol laban sa mga napagpasyahan sa isang administratibong aksyon.

**Provisional Ballot (Pansamantalang Balota)**
Isang balotang naisumite ng isang botante na wala sa listahan ng mga karapat-dapat na botante, na may impormasyong hindi kumpleto o wasto, o nakatanggap na ng balota sa koreo at pinayagang bumoto. Ang mga fail-safe na balota ay kadalasang hiwalay na nakatago sa ibang mga balota hanggang matukoy ng isang opisyal ng halalan kung ang isang botante ay kwalipikadong bumoto. Tinatawag minsan ang mga balotang ito na fail-safe na balota.

**Provisional Ballot Envelope (Sobre ng Pansamantalang Balota)**
Ang opisyal na sobreng ginagamit upang ilakip ang isang balotang naisumite nang pansamantala para hiwalayin ang balota sa ibang mga naisumiteng balota hanggang makumpirma ang pagiging kwalipikado ng isang botante.

**Provisional Vote (Pansamantalang Boto)**
Isang balotang naisumite ng isang botante na wala sa listahan ng mga kwalipikadong botante, na may impormasyong hindi kumpleto o wasto, o nakatanggap na ng balota sa koreo at pinayagang bumoto. Ang mga fail-safe na balota ay kadalasang hiwalay na nakatago sa ibang mga balota hanggang matukoy ng isang opisyal ng halalan kung ang isang botante ay karapat-dapat bumoto. Tinatawag minsan ang mga balotang ito na fail-safe na balota.

**Provisional Voting (Pansamantalang Pagboto)**
Ang pagsumite ng balota ng isang botante na wala sa listahan ng mga kwalipikadong botante, na may impormasyong hindi kumpleto o wasto, o nakatanggap na ng isang balota sa koreo at pinayagang bumoto. Ang mga pansamantalang balota ay kadalasang hiwalay na nakatago sa ibang mga balota hanggang matukoy ng isang opisyal ng halalan kung ang isang botante ay karapat-dapat bumoto. Tinatawag minsan ang mga balotang ito na fail-safe na balota.

**Provisional Voter Instructions (Mga Tagubilin ukol sa Pansamantalang Botante)**
Isang listahan ng mga patakaran at proseso para sa pansamantalang pagboto, na nailathala ng isang opisyal na awtoridad na responsable sa pamamalakad ng isang halalan.

**Proxy Absentee Ballot (Balota para sa Panghalili sa Nakaliban)**
Isang uri ng pagboto kung saan ang isang miyembro ng isang lupon na tagapag-pasya ay pwedeng magbigay ng kanyang kapangyarihang bumoto sa isang kinakatawan, upang makaboto nang nakaliban.

**Public Jurisdiction (Pampublikong Hurisdiksyon)**
Ang awtoridad ng isang pinakamataas na kapangyarihan na mamuno o magsabatas.

**Public Key (Pampublikong Susi)**
Pampublikong bahagi ng isang asymmetric na pares ng susi na karaniwang ginagamit upang pumirma nang digital o mag-encrypt ng datos.

**Public Measure (Pampublikong Panukala)**
Isang panukala na ipatupad ang isang bagong batas o konstitusyonal na pagbabago na inilalagay sa balota para aprubahan o tanggihan ng mga botante.

**Public Network Direct-Recording Electronic (DRE) Voting System**
Isang DRE na nagpapadala ng mga bilang ng boto papunta sa isang pangunahing lokasyon sa pamamagitan ng pampublikong telecommunication network.

**Public Notice (Pampublikong Paunawa)**
Isang paunawa galling sa isang ahensya ng gobyerno o lehislatibong katawan upang ipaalam sa publiko ang iba't ibang gawain ng gobyerno, pagdinig, paanyaya o iba pang mga aksyon.

**Public Office (Katungkulang Pampubliko)**
Anumang pederal, estado, lalawigan, munisipalidad, bayan, parokya, lungsod o iba pang katungkulang distrito o ibang posisyon sa gobyerno.

**Public Officer (Pampublikong Opisyal)**
Isang katagang ginagamit para ilarawan ang isang indibidwal na may hawak na anumang pederal, estado, lalawigan, munisipalidad, bayan, parokya, lungsod, o iba pang katungkulang pang-distrito o ibang posisyon sa gobyerno.

**Public Records Request (Paghingi ng Talaang Pampubliko)**
Isang pormal na hiling na ginagawa ng isang miyembro ng publiko para sa mga dokumento o impormasyon na hindi itinuturing na kumpidensyal at karaniwang tumutukoy sa pamahahala ng gobyerno.

**Punch Card Ballot (Balotang Card na May Butas)**
Isang card na balota na naglalaman ng mga target na posisyon sa pagboto na kailangang tusukin ng isang aparatong pangmarka upang magkaroon ng butas upang maitala ang napili ng isang botante para sa isang kandidato o panukala.

**Punch Card Voting System (Sistema ng Pagboto gamit ng Card na May Butas)**
Isang sistema ng pagboto kung saan binubutas ng isang botante ang card na balota gamit ang isang aparatong pangmarka upang markahan ang kanilang mga napili. Pagkatapos bumoto, maaaring ilagay ng botante ang balota sa kahon ng balota, o ilagay ang balota sa isang computer na aparato na nagbibilang ng boto sa presinto.

**Punching Device (Pambutas na Aparato)**
Isang aparatong pangmarka ng balota na ginagamit ng mga botante para maglagay ng butas sa isang card na balota upang markahan ang kanilang mga napili.

**Punching Tool (Pambutas na Aparato)**
Isang aparatong pangmarka ng balota na ginagamit ng mga botante para maglagay ng butas sa isang card na balota upang markahan ang kanilang mga napili.

**Purge (Pagpurga)**
Katagang ginagamit minsan para ilarawan ang isang prosesong ginagamit ng mga estado at lalawigan upang panatilihin at baguhin ang listahan ng balota at datos sa pamamagitan ng pagkansela ng mga pagrehistro ng mga botante na hindi na kwalipikado.

# Q

**QR Code**
Isang kodigo na nababasa ng makina na binubuo ng mga nakaayos na itim at puting parisukat, karaniwang gamit para mag-imbak ng mga URL at iba pang mga impormasyon para basahin ng camera ng smartphone na karaniwang gamit para mag-imbak ng impormasyon ng boto sa mga balota na nilimbag mula sa mga aparatong nagmamarka ng balota para mabasa at mabilang ng isang scanner ng balota.

**Qualification (Kwalipikasyon)**
Isang pangangailangan, gaya ng pagiging isang nakarehistrong botante, na kailangan para ang botante, kandidato, o proseso ng halalan upang maging katanggap-tanggap para sa isang partikular na layunin.

**Qualification Number (Numero ng Kwalipikasyon)**
Isang numerong binigay ng NASED (National Association of State Election Directors o Pambansang Asosasyon ng mga Direktor ng Halalang Pang-estado) sa isang sistema na nasuri ng isang kinikilalang awktoridad ng malayang pagsusuri para sa pagsunod sa mga batayan ng sistema sa pagboboto. Ang pagbibigay ng isang numero ng kwalipikasyon ay nagsasaad na ang sistema ay sumusunod sa mga pambansang pamantayan.

**Qualification Test Report (Ulat ng Pagsusuri sa Kwalipikasyon)**
Ulat ng mga resulta ng malayang pagsusuri ng isang sistema ng pagboboto ng isang awtoridad ng malayang pagsusuri na nagdodokumento ng nasuring partikular na kumpigurasyon ng sistema, ang sakop ng mga pagsusuri na ginawa at kung kailan nakumpleto ang pagsusuri.

**Qualification Testing (Pagsusuri para sa Kwalipikasyon)**
Pagsisiyasat at pagsuri ng isang sistema ng pagboboto ng isang awtoridad ng malayang pagsusuri na kinikilala ng NASED upang malaman kung ang sistema ay sumusunod sa pagganap at iba pang mga pangangailangan ng pambansang pamantayan sa pagsertipika at sa sariling mga pamantayan ng tagapaglaan.

**Qualification to Register (Kwalipikasyon sa Pagrerehistro)**
Ang mga kondisyon na kailangan upang ang isang indibidwal ay makarehistro para bumoto, gaya ng pagiging mamamayan ng Estados Unidos at lagpas sa 18 taong gulang.

**Qualification to Vote (Kwalipikasyon Para Bumoto)**
Ang mga kondisyon na kailangan upang ang isang botante ay makapagsumite ng isang balota, gaya ng pagrerehistro para bumoto pagsapit ng nakatakdang petsa at oras.

**Qualified (Kwalipikado)**
Opisyal na kinikilala na natugunan ang mga pangangailangan; sertipikado.

**Qualified Candidate (Kwalipikadong Kandidato)**
Kahit sinong tao na nagsusumite ng lahat ng kailangang papeles upang maging isang kandidato sa wastong awtoridad sa halalan bago ang nauukol na takdang petsa. Ang pangalan ng kandidato ay mapi-print sa isang balota.

**Qualified Elector (Kwalipikadong Manghahalal)**
Isang indibidwal na nagrehistro sa isang listahan na panghalalan sa wastong awtoridad sa halalan at may karapatang bumoto.

**Qualified Voter (Kwalipikadong Botante)**
Isang indibidwal na nagrehistro sa isang listahan na panghalalan sa wastong awtoridad sa halalan at may karapatang bumoto.

**Qualified Voting Systems (Kwalipikadong Sistema ng Pagboboto)**
Mga sistema sa pagboboto na natugunan ang pamantayan para maging sertipikadong gamitin sa isang hurisdiksyon.

**Qualified Write-in Candidate (Kwalipikadong Kandidato para Masulat)**
Kahit sinong tao na nagnanais tumakbo, ngunit ang kanilang pangalan ay hindi mapi-print sa balota. Para mabilang at mapatunayan ang mga botong ito, ang kandidato ay dapat magsumite ng mga papeles sa opisyal ng halalan sa panahon ng pagkakwalipika. May puwang na ilalaan sa balota para isulat ng mga botante ang pangalan ng kandidato. Dapat turuan ng kandidato ang mga botante na ilagay ang pangalan ng kandidato sa nakalaang patlang.

**Qualify (Maging Kwalipikado)**
Ang proseso nag pagtugon sa lahat ng mga pangangailangan para opisyal na kilalanin bilang sertipikado.

**Qualifying Period (Panahon para Maging Kwalipikado)**
Ang opisyal na panahon para ang mga indibidwal ay magsumite ng lahat ng kailangang papeles sa wastong awtoridad ng halalan para maging karapat-dapat na kandidato para sa katungkulang pampubliko o para magkaroon ng isang panukala sa balota na nakaprint sa balota para pagbotohan ng mga botante sa isang pampublikong halalan.

**Question Petitions (Mga Petisyon)**
Isang pormal na hiling na nakasulat na napirmahan ng mga botante, upang ipanukala, gumawa, baguhin, o ipawalang-bisa ang isang panukala ng estado o konstitusyonal na probisyon.

**Questions on The Ballot (Mga Tanong sa Balota)**
Mga panukala na magpatupad ng mga bagong batas o pagbabago sa konstitusyon na nakalagay sa balota para aprubahan o tanggihan ng mga botante.

# R

**Random Audit (Sapalarang Pag-audit)**
Isang pampublikong proseso na de-manong pagbibilang ng mga porsyento ng boto, na pinili nang sapalaran ng opisyal ng halalan, at kadalasan ay may kasamang tinukoy na pinakamaliit na bilang ng presinto o lahi. Ang pamamaraang ito ay isinasagawa upang patunayan ang katumpakan ng bilang.

**Ranked Choice Voting (Pagboboto Ayon sa Pinili ng Botante)**
Isang baryasyon ng botohan kung saan pinahihintulutan ang botante na iranggo ang mga naglalabanang pagpipilian sa ayos na gusto ng botante, kung saan ang mga boto ay binibilang sa loob ng bawat round sa pamamagitan ng sunud-sunod na runoff tabulations upang matalo ang mga pagpipiliang may pinakakaunting boto, na makakahalal ng nagwaging may pinakamaraming boto sa huling round ng pang-isahang-nagwaging labanan at nagbibigay ng proporsyonal na representasyon sa paligsahang may maraming panalo.

**Ranked Order Voting (Pagboboto Ayon sa Ranggong Pinili ng Botante)**
Isang baryasyon ng botohan kung saan pinahihintulutan ang botante na iranggo ang mga naglalabanang pagpipilian sa ayos na gusto ng botante, kung saan ang mga boto ay binibilang sa loob ng bawat round sa pamamagitan ng sunud-sunod na runoff tabulations upang matalo ang mga pagpipiliang may pinakakaunting boto, na makakahalal ng nagwaging may pinakamaraming boto sa huling round ng pang-isahang-nagwaging labanan at nagbibibigay ng proporsyonal na representasyon sa paligsahang may maraming panalo.

**Ransomware (Virus sa Computer)**
Malware (virus) na kinukuha ang aparato ng biktima (computer, telepono, atbp.) at datos kapalit ng pantubos (pera o iba pang klase ng pambayad), sa pamamagitan ng paglalagay ng encryption (pagkakandado sa data ng isang aparato) sa mga dokumento ng aparato o pagbabawal sa paggamit ng aparato.

**Re-Elect (Muling Ihalal)**
Ang paghalal para sa panibagong termino sa parehong katungkulang pampubliko.

**Read Ballot (Balotang Binasa)**
Inihulog na balotang matagumpay na tinanggap at inumpisahang iproseso.

**Reappointment (Muling Paghirang)**
Ang paghirang para sa panibagong termino sa parehong katungkulang pampubliko.

**Reapportion (Pagbabago sa pagtalaga o pamamahagi)**
Ang pagtalaga o pamamahagi ng ibang puwesto sa isang lehislatibong katawan base sa pagbabago sa populasyon.

**Reapportionment (Pagbabago sa pagtalaga o pagbibigay)**
Ang proseso kung saan ipinapamahagi ang mga puwesto ng isang lehislatibong katawan sa mga administratibong dibisyon base sa pagbabago sa populasyon.

**Recall (Pagbawi)**
Proseso na nagpapahintulot sa mga botanteng tanggalin ang mga nahalal na kinatawan mula sa posisyon bago matapos ang kanilang termino.

**Recall Election (Halalan sa Pagbawi)**
Isang halalan na may tanong sa balota tungkol sa kung pipiliin na tanggalin sa posisyon ang isang nahalal na opisyal bago matapos ang kanyang termino, at masasagot ito sa pamamagitan ng pag-apruba o pagtanggi.

**Recall Grounds (Batayan sa Pagbawi)**
Mga dahilan kung bakit uumpisahan ng mga mamamayan ang proseso ng pagtanggal ng isang nahalal na opisyal mula sa pwesto sa pamamagitan ng politikal na pagbawi.

**Recall Issue with Options (Isyu ng Pagbawi kasama ang Pagpipilian)**
Proseso na nagpapahintulot sa mga botanteng tanggalin ang mga nahalal na kinatawan mula sa posisyon bago matapos ang kanilang termino. Itong pagbawi ay hindi lamang maaaring maglaman ng tanong kung dapat tanggalin ang isang partikular na opisyal, ngunit pati na rin ang tanong sa pagpili ng kapalit kung sakaling sang-ayon ang botante sa pagbawi.

**Recall of Public Officer (Pagbawi ng isang Pampublikong Opisyal)**
Proseso na nagpapahintulot sa mga botanteng tanggalin ang mga nahalal na kinatawan mula sa posisyon bago matapos ang kanilang termino.

**Recall Petition (Petisyon sa Pagbawi)**
Proseso kung saan makakaipon ang mga mamamayan ng lagda mula sa mga botante, gamit ang opisyal na dokumento, upang imungkahi ang halalan sa pagbawi nang direkta sa mga namamahala.

**Recall Process (Proseso ng Pagbawi)**
Proseso na nagpapahintulot sa mga botanteng tanggalin ang mga nahalal na kinatawan mula sa posisyon bago matapos ang kanilang termino.

**Recall Statement (Pahayag sa Pagbawi)**
Ang pangkalahatang pahayag na kasama sa isang petisyon, kapag susubukang mag-ipon ng mga lagda mula sa mga botante para sa isang halalan sa pagbawi, na nagpapaliwanag kung bakit humihiling ng halalan sa pagbawi.

**Recall Vote (Boto sa Pagbawi)**
Botong ginawa sa isang halalan sa pagbawi.

**Recallable Ballot (Balotang Mababawi)**
Naitalang balota na maaaring mabawi at maisama o matanggal sa karagdagang pagproseso.

**Receiving Boards (Mga Lupon ng Tagatanggap)**
Grupo ng mga hinirang na indibidwal, kadalasan ng mga lokal na awtoridad, at inatasang mamahala sa pamamaraan sa halalan, tulad ng pagtanggap ng mga balotang may boto, pambotong materyales o pambotong kagamitan mula sa mga kawani ng pagboboto pagkatapos magsara ang botohan.

**Recertification (Pagbigay muli ng Katibayan)**
Muling pagsusuri, at posibleng muling pagsusubok ng isang sistema sa pagboboto na binago pagkatapos na matanggap ng pambansang at/o pang-estadong sertipikasyon. Ang pakay nito ay ang pagtukoy kung tumatalima pa rin sa mga kinakailangan ang sistema kahit na binago na.

**Reconcile (Patugmain/Isawasto)**
Isang proseso ng accounting o pag-audit na nagkukumpara ng dalawang set ng mga talaan upang suriin kung ang mga numero ay pareho, wasto, at kumpleto.

**Record (noun: Talaan)**
Itinagong ebidensya ng mga isinatupad na gawain o mga resultang nakamit (halimbawa, mga form, ulat, resulta ng pagsusuri).

**Record (verb: Itala)**
Idokumento ang isang pagkilos o gumawa ng tala.

**Recorded Ballot (Naitalang Balota)**
Isang balota kung saan may kaugnay na naitalang pagsumite ng boto.

**Recount (Pag-uulit ng Pagbibilang)**
Karagdagang pagbibilang ng mga botong inihulog sa isang halalan, kadalasang kinakailangan dahil sa batas ng estado, hiling ng kandidato, o utos ng korte, na ginagamit upang matiyak ang kawastuhan ng mga iniulat na resulta ng halalan. Itong proseso ay maaaring maisagawa sa pamamagitan ng kagamitang pang-tabula ng balota o de-mano dependa sa lokal na batas at pamamaraan.

**Redistrict (Pag-uulit sa Paglalaan ng mga Puwesto/Distrito)**
Ang proseso kung saan ang mga puwesto sa isang lehislatibong katawan ay ibabahagi sa mga pang-administrasyong dibisyon base sa pagbabago sa populasyon.

**Referenda**
Ito ay maraming referendum. Ito ay isang proseso kung saan ang batas ng estado o konstitusyonal na susog ay maaaring isangguni sa mga botante bago ito ipatupad.

**Referendum**
Ito ay isang proseso kung saan ang batas ng estado o konstitusyonal na susog ay maaaring isangguni sa mga botante bago ito ipatupad.

**Referendum Petitions (Mga Petisyon para sa Referendum)**
Pormal na nakasulat na hiling na pinirmahan ng mga botante, na isangguni ang isang batas ng estado o konstitusyonal na susog bago ito ipatupad.

**Referendum Question (Tanong tungkol sa Referendum)**
Mga mungkahi para ipatupad ang mga bagong batas o konstitusyonal na susog na inilagay sa balota para aprubhan o tanggihan ng mga botante.

**Referendum Vote (Boto sa Referendum)**
Botong isinumite sa isang halalang pang-referendum.

**Register (Mag-rehistro)**
Ang pagkumpleto ng isang form na may impormasyon na ilalagay sa listahan ng halalan para sa hurisdiksyon kung saan nakatira ang botante, bilang unang pangangailangan para makaboto.

**Register by Mail (Mag-rehistro gamit ang Koreo)**
Ang pagkumpleto ng isang form na may impormasyon na ilalagay sa listahan ng halalan, na ipapadala gamit ang koreo, sa hurisdiksyon kung saan nakatira ang botante, bilang unang pangangailangan para makaboto.

**Register to Vote (Mag-rehistro para Makaboto)**
Ang pagkumpleto ng isang form na may impormasyon na ilalagay sa listahan ng halalan, bilang unang pangangailangan para makaboto.

**Registered (Nakarehistro)**
Botanteng nailagay sa listahan ng halalan ng hurisdiksyon kung saan siya nakatira.

**Registered Voter (Botanteng Nakarehistro)**
Botanteng nailagay sa listahan ng halalan ng hurisdiksyon kung saan siya nakatira.

**Registrar (Tagapagrehistro)**
Opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan.

**Registrar of Records (Tagapagrehistro ng mga Talaan)**
Opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan.

**Registrar of Voters (Tagapagrehistro ng mga Botante)**
Opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan.

**Registration (Rehistrasyon)**
Salitang ginagamit ng mga opisyal ng halalan kapag tinutukoy ang record ng botante.

**Registration Affidavit (Affidavit sa Pagrehistro)**
Opisyal na sinumpaang pahayag ng impormasyong ginamit para makarehistro sa pagboboto ang mga botante. Ito ay minsang tinatawag na Voter Registration Card.

**Registration Application (Aplikasyon sa Rehistrasyon)**
Opisyal na sinumpaang pahayag ng impormasyong ginamit para makarehistro sa pagboboto ang mga botante. Ito ay minsang tinatawag na Voter Registration Card.

**Registration Book (Aklat ng Rehistrasyon)**
Listahan ng mga indibidwal na nakarehistro sa listahan ng halalan kung saan nakatira ang botante, bilang paunang pangangailangan para makaboto.

**Registration by Mail Form (Rehistrasyon gamit ang Form para sa Koreo)**
Form na ginagamit ng mga botante para magbigay ng impormasyong idadagdag sa listahan ng halalan, na ipinapadala gamit ang koreo, sa hurisdiksyon kung saan nakatira ang botante, bilang unang pangangailangan para makaboto.

**Registration Card (Kard ng Rehistrasyon)**
Opisyal na sinumpaang pahayag ng impormasyong ginamit upang makarehistro sa pagboboto ng mga botante.

**Registration Certificate (Katibayan ng Rehistrasyon)**
Opisyal na dokumentong nagbibigay ng ebidensya ng rehistrasyon.

**Registration Certificate Number (Numero ng Sertipiko ng Rehistrasyon)**
Ang serial number na nauugnay sa pagkakarehistro ng botante sa listahan ng halalan.

**Registration Database (Database ng Rehistrasyon)**
Listahan ng mga indibidwal na nakarehistro sa listahan ng halalan kung saan nakatira ang botante, bilang paunang pangangailangan para makaboto.

**Registration Deadline (Huling Araw ng Rehistrasyon)**
Ang huling araw para kumpletuhin ang mga dokumento para maging rehistradong botante para makilahok sa isang partikular na halalan o proseso ng halalan.

**Registration Form (Form ng Rehistrasyon)**
Opisyal na sinumpaang pahayag ng impormasyong ginamit upang makarehistro sa pagboboto ang mga botante. Ito ay minsang tinatawag na Voter Registration Card.

**Registration Official (Opisyal sa Rehistrasyon)**
Opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan.

**Registration Status (Katayuan sa Rehistrasyon)**
Katawagang ginagamit ng mga opisyal ng halalan upang ilarawan kung ang isang botante ay kwalipikadong bumoto. Ang mga salita sa katayuan ay kinabinibilangan ng: Aktibo, Hindi Aktibo, Kinansela, atbp.

**Registration-By-Mail (Rehistrasyon na Idinaan sa Koreo)**
Pagkumpleto ng form na may impormasyon na isasama sa listahan ng halalan, ipinadala gamit ang koreo, sa hurisdiksyon kung saan nakatira ang botante, bilang unang pangangailangan para makaboto.

**Rejected Ballot (Tinanggihan na Balota)**
Inihulog na balota na hindi pwedeng ibilang dahil sa pagkakamali o ang hindi pagiging kwalipikado ng botante.

**Removal of A Candidate (Pagtanggal ng Kandidato)**
Kapag ang isang kandidato ay umatras, nadiskwalipika, o yumao na, o kapag mayroong pormal na proseso sa pagtanggal ng kandidato mula sa balota o sa pampublikong pwesto.

**Repeal (Pagpapawalang-bisa)**
Ang pagtanggal o pagbawi sa isang batas.

**Report of Election Results (Ulat ng mga Resulta ng Halalan)**
Ulat ng mga binilang na botong inihulog sa halalan pagatapos magsara ang botohan.

**Represent (Kinatawan)**
Kaayusan kung saan ang isang tao ay makakapagsalita at makakakilos nang may pahintulot sa ngalan ng iba.

**Representation System (Sistema ng Pangangatawan)**
Uri ng demokrasya na itinaguyod sa prinsipyo ng pagiging kinatawan ng mga hinalal ng isang grupo, taliwas sa deretsahang demokrasya. Ang demokrasyang sa pamamagitan ng pangangatawan ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga kumakatawang inihalal ng mga mamamayan.

**Representative (noun: Kinatawan)**
(1) Taong pinili para magsalita o bumoto para sa iba o sa ngalan ng isang grupo. (2) Kasapi ng Kapulungan ng mga Kinatawan, ang mababang kapulungan ng Kongreso.

**Representative (Adj: Halimbawa/Karaniwan)**
Karaniwan sa isang partikular na grupo ng mga tao.

**Representative Districts (Mga Distrito ng Kinatawan)**
Pang-administratibong lugar kung saan ang mga botante ay maaaring bumoto sa mga partikular na labanan sa lugar na iyon.

**Reproducibility (Kakayahang Magawa ang Parehong Bagay)**
Kakayahang makakuha ng parehong resulta ng pagsusuri gamit ang parehong pamamaraan sa pagsusuri sa parehong bagay na sinisiyasat sa loob ng magkaibang mga laboratoryo ng pagsusuri na may ibang tagapamahalang gumagamit ng ibang kagamitan.

**Requirement (Pangangailangan)**
Probisyong nagasasabi ng pamantayang tutuparin.

**Requirements for Elected Offices (Kinakailangan para sa Hinahalal sa Pwesto)**
Lahat ng ligal na pangangailangan para manungkulan sa isang inihahalal na puwesto.

**Reregister (Muling Magparehistro)**
Pagkumpleto ng form upang baguhin ang iyong impormasyon sa listahan ng halalan para sa hurisdiksyon kung saan nakatira ang botante, bilang paunang pangangailangan para makaboto.

**Residence for Voting (Tirahan para sa Botohan)**
Ang pirming lugar kung saan nakatira ang botante, kung saan may balak na manatili nang matagal ang taong ito, atsaka, sakaling sila ay umalis, may balak silang bumalik. Ang mga taong walang tahanan ay makakarehistro at makaboto, basta kaya nilang ilarawan ang pisikal na lokasyon kung saan sila tumutuloy sa gabi. Sa isang tukoy na panahon, ang isang tao ay maaaring magkaroon ng isa lamang na tinitirhan para sa pagboto.

**Residency Requirement (Pangangailangan upang Maitaguyod ang Pagka-residente)**
Mga batas na sinusundan kung ang isang indibidwal ay kwalipikadong maging kandidato o bumoto, base sa lugar kung saan sila nakatira, at kung gaano katagal na silang nakatira doon.

**Residual Vote (Natitirang Boto)**
Botong hindi pwedeng ilaan sa partikular na labanan dahil sa undervote (kulang na boto) o overvote (sobrang boto).

**Resilience (Katatagan)**
Kakayahang makabawi nang maayos mula sa mga pagkakamali at hindi inaasahang pangyayari. Halimbawa, ang mga papel na minarkahan ng kamay ay nagpapanatili ng ebidensya ng kataliwasan na makakapayo sa paghusga at pag-audit upang makamit ang mas mabuting interpetasyon ng hangarin ng orihinal na botante.

**Resolution (Resolusyon)**
Pahayag ng patakaran mula sa namamahalang lupon o isang utos ng namamahalang lupon na maaaring isagawa ang isang gawain.

**Restoration of Voting Rights (Pagpapanumbalik ng Karapatang Bumoto)**
Ang proseso ng pagpapanumbalik ng karapatan para bumoto ng mga taong nawalan ng kanilang karapatan dulot ng paglalabag sa batas, pagkawala ng karapatan, o iba pang dahilan na nagdulot ng pagbabawal sa kanilang bumoto.

**Results (Resulta)**
Kwenta ng mga botong inihulog sa halalan pagkatapos magsara ang botohan.

**Retention Vote (Panghukumang Boto ng Pagpapanatili)**
Isang peryodikong proseso na tinatanong ang mga botante kung dapat manatili sa pwesto ang kasalukuyang opisyal (kadalasan ang hukom) nang isa pang termino. Ang opisyal, na walang hinaharap na oposisyon, ay tatanggalin sa pwesto kung may malaking porsyento ng botanteng nagsasabing dapat na silang magbitiw.

**Retractable Ballot (Mababawing Balota)**
Nakatalang balota na mababawi nang indibidwal at masasama o hindi masasama sa karagdang pagpoproseso.

**Return Envelope (Sobreng Ibabalik)**
Opisyal na sobreng ginagamit para ipadala ang mga balota ng mga nasa ibang bansa at balotang dinaan sa koreo at nagbibigay proteksyon sa privacy ng botante.

**Returns (Ulat)**
Ulat ng mga botong inihulog sa halalan pagkatapos magsara ang botohan.

**Reverse Side (Kabilang Bahagi)**
Ang harapan at likurang bahagi ng isang patag na bagay na may dalawang panig, tulad ng card na balota.

**Right to Vote (Karapatang Bumoto)**
Isang hanay ng mga ligal at pang-konstitusyong proteksyon na idinisenyo upang siguradahin ang pagkakataong bumoto sa malaya at pantay-pantay na halalan.

**Rights Restoration (Pagbalik ng Karapatan)**
Isang proseso ng pagbalik ng karapatang bumoto para sa mga taong nawalan ng kanilang karapatan dulot ng paglabag sa batas, pagkawala ng karapatan, o iba pang dahilan na nagdulot ng pagbabawal sa kanilang bumoto.

**Risk Assessment (Pagtatasa ng Panganib)**
Ang proseso ng pagkakakilala sa mga panganib sa seguridad ng Sistema at pagtatatag ng probabilidad ng pangyayari, ang kalalabasang epekto, at paraan ng pag-iingat upang mabawasan ang masamang epekto.

**Risk-Limiting Tabulation Audit (Pag-audit ng Tabulasyon para Malimita ang Panganib)**
Pamamaraaan ng pag-audit ng tabulasyon pagkatapos ng halalan upang suriin ang ilang balota (o talaang magpapatunay sa botante) na magbibigay ng paunang tinukoy na istatistikong pagkakataong maisaayos ang inulat na resulta ng halalan kung ang sinaunang ulat ay mali (iyan ay, kung ang isang buong manu-manong pagbilang ay magpapakita ng resultang iba sa iniulat na resulta).

**Roster (Listahan)**
Opisyal na listahan ng mga botanteng kwalipikadong bumoto sa isang halalan, ginagamit upang maberipika at irehistro ang mga botante bago sila mabigyan ng balota.

**Run-Off  (Pandesisyong Halalan)**
Halalan para makapili ng magwawagi pagkatapos ng pangunahin o pangkalahatang halalan kung saan walang kandidatong nakatanggap ng kinakailangang pinakamaliit na porsyento ng botong inihulog. Ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto sa halalang iyon ay siyang tutungo sa run-off na halalan para makakuha ng desisyon.

**Run-Off Election (Pandesisyong Halalan)**
Halalan para makapili ng magwawagi pagkatapos ng pangunahin o pangkalahatang halalan kung saan walang kandidatong nakatanggap ng kinakailangang pinakamaliit na porsyento ng botong inihulog. Ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto sa halalang iyon ay siyang tutungo sa run-off na halalan para makakuha ng desisyon.

**Run-Off Primary (Pandesisyon sa Pangunahing Halalan)**
Halalang para makapili ng magwawagi sa isang pangunahig halalan, kung saan walang kandidatong nakatanggap ng kinakailangang pinakamaliit na porsyento ng botong inihulog. Ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto sa halalang iyon ay siyang tutungo sa run-off na halalan para makakuha ng desisyon.

**Run-Off Results (Resulta ng Pandesisyong Halalan)**
Kwenta ng mga botong inihulog para sa run-off na halalan pagkatapos magsara ang botohan.

**Running for Office (Tumatakbo para sa Pwesto)**
Taong kumakandidato sa halalan para sa pywesto. Ang kandidato ay maaaring malinaw na ipresenta bilang isa sa mga pagpipilian sa isang balota o kaya ay maaaring maging kandidatong pang- write-in (isusulat ang pangalan ng kandidato sa bakanteng espasyo ng balota).

**Running Mate (Kasama sa Pagtakbo para sa Pwesto)**
Isang taong kasamang tumakbo ng isa pang tao para sa dalawang magkatambal na posisyon sa gobyerno. Halimbawa, Presidente at Bise Presidente, at (sa ilang estado) Gobernador at Tenyente Gobernador.

**Rural Route (Ruta sa Lalawigan)**
Rutang pang-koreo sa isang lalawigan o pang-probinsyang lugar kung saan ang sulat o pakete ay kadalasang ipinapadala sa isang kahong may numero (box number) para sa mga destinasyong walang address sa kalye, sa halip na P.O. Box.

# S

**Sample Ballot (Sample na Balota)**
Isang sample ng balotang ibinibigay sa botante na may kasamang impormasyong partikular sa botante.

**Sample Ballot Pamphlet (Polyeto ng Sample na Balota)**
Ang mga Polyeto ng Sample na Balota ay kadalasang nagbibigay ng karagdagang impormasyon sa halalan tulad ng lugar ng botohan ng botante kasama ang oras ng pagbubukas, impormasyon ng kandidato, tanong, at mga tagubilin sa pagboboto, na kasama ang isang sample ng balotang partikular sa botante.

**Sample Official Ballot (Sample ng Opisyal na Balota)**
Isang sample ng opisyal na balotang ibinibigay sa botante kasama ang impormasyong partikular sa botante.

**Satellite Location (Sangay na Tanggapan)**
Isang opisinang nakahiwalay sa pangunahing pang-halalang opisina na maaaring limitado ang serbisyong maibibigay. Kadalasang makakarehistro ang botante sa mga opisinang ito at makakatanggap ng absentee ballot (balota para sa mga nasa ibang bansa/lugar). Ang mga sangay na tanggapan ay tinatawag ding branch offices.

**Satellite Voting Stations (Pangbotohang Istasyong Sangay)**
Pansamantalang pwestong itinayo ng opisina ng halalan para sa botohan.

**Scan-Line**
Isang pahalang na linyang dumadaan sa cathode-ray tube sa pamamagitan ng electron beam (ilaw) upang makabuo ng bahagi ng isang imahe. Kadalasan, ang sanhi ng problemang ito ay isang basang tinta o iba pang materyal na nailipat mula sa piraso ng papel habang dumadaan ito sa scanner. Napupunta sa salamin ang tinta o iba pang materyal habang dumadaan ang papel, at hinaharang nito ang pwestong iyon mula sa ilaw ng scanner kaya hindi makagawa ng panibagong kopya.

**Scanner**
Isang kasangkapang sumusuri ng mga dokumento, imahe, nakalimbag na salita, sulat-kamay, o isang bagay at ginagawa silang digital na data. Ang scanner ng balota ay isang kasangkapang ginagamit upang basahin ang data ng botante mula sa isang papel o card na balota.

**Scanning**
Ito ang paggamit ng mga scanner na ginagawang digital na imahe ang mga papel na dokumento. Ginagawa ito tuwing kumukuha ng imahe ng papel na pangrehistro ng botante, at iba pang kasulatan pang-halalan kapag hinahanda ang mga balota.

**Scheduled Elections (Halalang Naka-iskedyul)**
Umiiral na batas na nag-uutos na gawin ang lahat ng pampederal, pang-estado, pang-county, pang-munisipyo, pandistrito o iba pang pandistritong halalan sa partikular na mga petsa na kadalasang umuulit.

**School District (Distrito ng Paaralan)**
Pangheograpiyang yunit para sa lokal na administrasyon ng mga paaralan sa elementarya o mataas na mga paraalan.

**Score Voting (Pagboboto gamit ang Puntos)**
Isang sistema ng pagboboto na tinatawag na single-winner (isa ang mananalo) kung saan iniiskor ng mga botante ang bawat kandidato sa isang scale (eskala). Ang kandidatong may pinakamataas na iskor ang mananalo.

**Seal (Selyo)**
Isang paraang pang-seguridad na gumagamit ng ng mga materyales na malinaw na kakakitaan ng pakikialam/pagkalikot na umaalerto sa mga opisyal kung ang isang bagay ay kinalikot o ginamit nang walang pahintulot.

**Sealed Container (Selyadong Lalagyan)**
Isang lalagyang ginagamit sa pagtago o paghatid ng mga pang-halalang materyales tulad ng mga balota, kung saan ginamitan ng mga selyong may serial number o malinaw na kakakitaan ng pakikialam/pagkalikot na estratehikong inilagay para para magbigay-alerto sa mga opisyal na ito ay kinalikot o ginamit nang walang pahintulot.

**Seat (Pwesto)**
Ito ay posisyon na maaaring sakupin ng isang hinalal na kandidato sa isang termino.

**Second-Chance Voting (Pangalawang-Pagkakataon sa Botohan)**
Ito ay katangian ng isang voter-facing scanner na sumisiyasat sa balota para sa mga posibleng pagkakamali sa pagmamarka, nag-aalerto sa botante, at nagbibigay ng pagkakataong pumili kung itutuloy ang paghulog ng balota o isasauli ang balota.

**Secrecy Cover (Takip Panlihim)**
Isang papel, sobre, o folder na lagayan ng balota upang mapanatili ang lihim kung paano minarkahan ng botante ang balota.

**Secrecy Envelope (Sobre Panlihim)**
Isang sobre na lagayan ng balota upang mapanatili ang lihim kung paano minarkahan ng botante ang balota.

**Secrecy of The Ballot (Ang Lihim ng Balota)**
Mga batas at pamamaraang nagtatag ng mahalagang karapatan ng mga botanteng maghulog ng naka-lihim na balota. Itong mga pamamaraan ay naniniyak na walang balotang pwedeng iugnay sa kaninong botante, na nagbibigay kumpiyansa sa mga botanteng magmarka ng kanilang mga balota nang walang takot sa epekto o paghihiganti.

**Secrecy Sleeve (Manggas Panlihim)**
Isang papel, sobre, o foler na lagayan ng balota upang mapanatili ang lihim kung paano minarkahan ng botante ang balota.

**Secret Ballot (Lihim na Balota)**
Mga batas at pamamaraang nagtatag ng mahalagang karapatan ng mga botanteng maghulog ng naka-lihim na balota. Itong mga pamamaraan ay naniniyak na walang balotang pwedeng iugnay sa kaninong botante, na nagbibigay kumpiyansa sa mga botanteng magmarka ng kanilang mga balota ng walang takot sa epekto o paghihiganti.

**Secret Ballot Envelope (Sobreng Panlihim ng Balota)**
Isang sobre na lagayan ng balota upang mapanatili ang lihim kung paano minarkahan ng botante ang balota.

**Secretary of State (Kalihim ng Estado)**
Opisyal ng Estado na namamahala sa sari-saring kagawaran at tungkulin. Ang Kalihim ng Estado ay kadalasan ngunit hindi palagi, ang Punong Opisyal ng Halalan sa kanilang estado.

**Secure Receptacle (Ligtas na Lalagyan)**
Lalagyang ginagamit para magtago at pangalagaan ang mga pang-halalang materyales.

**Security Analysis (Pagsusuri sa Seguridad)**
Isang pagsisiyasat sa posibleng pagkakaroon ng lamat sa seguridad ng isang sistema ng botohan. Kasama rito ang pagsisiyasat sa software, firmware, at hardware ng sistema, kasama din ang mga pamamaraang nauugnay sa pagbubuo, paglabas, pagpapaandar, at pamamahala sa sistema.

**Security Controls (Pangseguridad na Kontrol)**
Kontrol sa pamamahala, operasyon, at panteknikal (hal., pananggalang o countermeasures) na inirekomenda para sa sistema ng impormasyon upang protektahan ang pagiging kumpidensyal, integridad, at availability ng sistema at impormasyon nito.

**Semi-Static Voting System Software (Semi-Static na Software para sa Sistema ng Pagboto)**
Software na maaaring magbago bilang tugon sa kagamitang pangboto kung saan ito naka-install o sa isang programming na partikular sa halalan.

**Senate (Senado)**
Isang kapulungan na nagtatalakay at nakikipanayam, kadalasan ang kamara ng mataas na kapulungan o lehislatura ng bicameral.

**Senate District (Distrito ng Senado)**
Isa sa mga nakapirming distrito kung saan naghahati ang isang estado, ang bawat distrito ay may hinalal na miyembro sa mataas na kapulungan ng lehislatura ng estado.

**Serial Number (De-seryeng numero)**
Grupo ng numerong nagpapakita ng posisyon ng isang bagay sa listahan ng isang serye, tulad ng walang kaparehang numero pangrehistrong kard ng botante o isang ginawang gamit na ang silbi ay pagkakakilanlan.

**Sign-In Book (Libro na Pipirmahan)**
Opisyal na listahan ng mga botanteng may karapatang bumoto sa isang halalan, ginagamit ito para patunayan at i-check-in ang mga botante bago sila bigyan ng balota.

**Signature (Lagda)**
Pangalan ng isang tao na nakasulat sa natatanging paraan para sa pagkakakilanlan sa pagbibigay-awtorisasyon. Maaari din itong gawin sa pamamagitan ng marka.

**Signature Roster (Listahan ng Lagda)**
Opisyal na listahan ng mga botanteng may karapatang bumoto sa isang halalan, ginagamit ito para beripikahin at i-check-in ang mga botante bago sila bigyan ng balota.

**Simple Majority (Simpleng Mayorya)**
Mayorya kung saan nalampasan ng pinakamataas na bilang ng boto sa isang kandidato o bagay ang pangalawang-pinakamataas na bilang, ngunit mas mababa ang numerong ito sa 50%.

**Single-Member District (Nag-iisang Kinatawan na Distrito)**
Ang isang pang-halalang distrito o nasasakupan na may isa lang na kinatawan sa pambatasan imbes na dalawa o higit pa.

**Sip and Puff (Hithit at Buga)**
Isang interface na pinahihintulutan ang mga botante na umihip sa isang straw para makapaglagay ng input sa isang pambotong makinarya.

**Slate (Talaan ng mga Kandidato)**
Isang grupo ng mga kandidatong tumatakbo para sa iba't-ibang mga pwesto sa parehong plataporma. Ang maaaring dahilan ng pagiging pareho ng plataporma ng mga kandidato ay ang kanilang pagiging miyembro ng parehong pampulitikang partido, mayroon silang parehong patakaran, o iba pang dahilan.

**Slate Mailer (Pagpapadala sa Koreo ng Talaan ng mga Kandidato)**
Pangmaramihang paraan ng pagpapadala ng mensahe sa koreo na nagsusuporta o kumokontra sa maraming kandidato o mga hakbang sa balota.

**Software**
Koleksyon ng mga programang nagpapatakbo ng computer at nagsasagawwa ng partikular na koleksyon ng mga gawain. Ang software ay may iba't ibang numero ng bersyon at naka-lisensya (hindi binenta) sa end user (ang tao o grupong gagamit ng programa). Ang software ay pwedeng ibahin para baguhin ang pagtakbo ng computer.

**Software Independence**
Kalidad ng sistema ng pagboto o pambotong aparato kung saan ang kamakailang hindi napansing pagbabago o pagkakamali sa software ay hindi makakasanhi ng hindi mapapansing pagbabago o pagkakamali sa resulta ng halalan.

**Software Patches (Pagbabago sa Software)**
Pag-aayos sa kasalukuyang programa, na dinisenyo para isama sa mga programa nang hindi nangangailangan ng mabigat na pagbabago. Tinatawag din itong fixes o bug fixes.

**Source Code (Pinagmulan ng Code)**
Mag alituntuning pang-computer na mababasa ng tao na kapag pinagsama o ipinaliwanag, nagiging aplikasyon. Ang source code ay masusulat ng tao o computer.

**Spear Phishing (Nakatutok na Pagnanakaw sa Internet)**
Nakatutok na pagsalakay ng mga hacker sa pamamagitan ng mga pekeng email, na sumusubok mauto ang biktima na magbigay ng kanyang impormasyon sa login o ang kanyang personal impormasyon sa mga hacker. Maaaring magpanggap ang mga gumagawa ng Spear Phishing na sila ay nanggaling sa lehitimong pinagmulan, tulad ng kilalang samahan ng IT o mga kilalang kumpanya.

**Special District (Espesyal na Distrito)**
Pampublikong ahensyang ibinuo upang magbigay ng isa o higit pang partikular na serbisyo sa isang komunidad, tulad ng serbisyong tubig, serbisyong poso negro, parke, bumbero, atbp.

**Special Election (Espesyal na Halalan)**
Pangunahin, pangkalahatan, pang-munisipyo, pang-proposisyon, run-off, o pagbawi na halalan na hindi tinatanghal sa isang karaniwang nakatakdang petsa sa ilalim ng batas. Ang Espesyal na Halalan ay maaaring ipagsama sa nakatakdang halalan.

**Special Interest Group (Grupo para sa Partikular na Interes)**
Grupo ng mga indibidwal na may partikular na hiling at sumusubok na impluwensiyahan ang mga desisyong politikal na makakaapekto sa kanila.

**Split Precinct (Hating Presinto)**
Isang presinto na naglalaman ng pagpapangkat ng distrito ng halalan, hal., nasa ibang politikal na nasasakupan ang mga bahagi ng presinto tulad ng distrito ng tubig o distrito ng lupong paaralan, na nangangailangan ng pandagdag na kumpigurasyon ng balota.

**Split Ticket (Hating Tiket)**
Ang pagpili ng kandidato mula sa iba't ibang partido ng ibang tunggalian. Sa mga estadong may Straight Ticket Voting (buong partido ang iboboto), ang kilos na ito ay nagpapawalang-bisa sa straight ticket na boto (iboboto ang lahat ng kandidato ng isang partido), at pinahihintulutan ang mga botanteng pumili ng kanilang gustong kandidato. Para sa mga non-partisan (walang kinikilingan) na labanan at panukala, dapat gumawa ng hiwalay na pagpipili sa mga tunggaliang ito ang mga botante. (Paunawa: Ang Hating Tiket na Pagboto ay kadalasang hindi pinapayagan sa panahon ng pangunahing halalan sa ilang mga hurisdiksyon/nasasakupan.)

**Spoil (Sira o Pagwalang Bisa)**
Ang pagmarka o pagpalit sa balota na mapapansin agad ng tao na ito ay wala nang bisa at hindi dapat isumite.

**Spoiled Ballot (Walang Bisang Balota)**
Isang balotang namarkahan nang mali o nabago ng isang botante. Ang walang bisang balota ay hindi naisumite, at ang botante ay maaaring humiling ng bagong balota upang markahan ito ng tama.

**Spoiled Ballot Affidavit (Sinumpaang Pahayag ukol sa Balotang Walang Bisa)**
Nakasulat na pagpapahayag na kinumpirma sa pamamagitan ng panunumpa o patunay, na ang isang botante ay nagkamali at humihingi ng panibagong balota.

**Standards Board (Lupon ng Pamantayan)**
Ang HAVA ay nagtatalaga ng 110-miyembrong Lupon ng Pamantayan para tumulong sa EAC sa pagpapatupad ng kautusan sa ilalim ng batas. Ang lupon ay binubuo ng 55 opisyal ng pang-estadong halalan na pinili ng kanilang punong opisyal ng pang-estadong halalan, at 55 opisyal ng pang-estadong halalang pinili sa pamamagitan ng isang prosesong pinangangasiwaan ng punong opisyal ng pang-estadong halalan.

**State (Estado)**
Isang teritoryo na may sariling gobyerno at nakapaloob sa isang mas malaking bansa. Mayroong 50 estado sa Estados Unidos.

**State Assembly (Batasang Kapulungan ng Estado)**
Pangalang ibinigay sa iba't ibang mambabatas, partikular ang mababang kapulungan o buong lehislatura ng mga estado.

**State Central Committee (Punong Komite ng Estado)**
Ang samahan ng punong o ehekutibong komite ng mga partidong politikal sa maraming estado.

**State Certification (Katibayan ng Estado)**
Pagsusuri ng estado at posibleng pagsubok sa sistema ng pagboto upang maitatag ang pagka-angkop nito sa mga pang-estadong kinakailangan para sa mga sistema ng pagboto.

**State Election Commission (Pang-estadong Komisyon ng Halalan)**
Samahan ng mga hinirang at inatusang indibidwal na mamahala sa pamamaraan sa halalan at botohan sa isang estado.

**State Election Fund (Pondo sa Halalan ng Estado)**
And espesyal na account na ibinuo sa State Treasury (Kaban ng Estado), kung saan ang mga paggastos mula sa account ay ginamit para sa pamamahala ng halalan.

**State Elections (Pang-estadong Halalan)**
Halalan para sa miyembro hanggang sa pang-estadong puwesto, kabilang ang Gobernador, Tenyenteng Gobernador, Kalihim ng Estado, Kontroler, Tesorero, Attorney General (Pangunahing Abogado), Komisyonado ng Seguro, Tagapamahala ng Pampublikong Pagtuturo, at Opisina ng Pang-estadong Lehislatura, bukod sa iba pa.

**State Measures (Mga Pamamaraan ng Estado)**
Mga panukala na gumawa ng bagong batas o pagsususog sa saligang-batas na nakalagay sa balota para pagpasiyahan kung tatanggapin o tatanggihan ng mga botante.

**Statement of Contest (Pahayag ng Pagtutol)**
Ang mga pagsusumite ng korte at pangkalahatang pangangailangan upang tumutol sa resulta ng halalan.

**Statewide (Buong Estado)**
Umaabot sa isang buong estado ng Estados Unidos.

**Statewide Election Results (Resulta ng Halalan sa Buong Estado)**
Mga talaan ng mga boto sa isang halalan, na pinagsama-sama mula sa botohan na hurisdiksyon ng buong estado, pagkatapos magsara ang botohan.

**Statewide Office (Katungkulan sa Buong Estado)**
Isang pang-estadong posisyon sa gobyerno. Mga pang-estadong hinalal na posisyon, kabilang ang Gobernador, Tenyenteng Gobernador,Kagawad ng Estado, Kontroler, Tesorero, Attorney General (Pangunahing Abogado), Komisyonado ng Seguro, at Tagapamahala ng Pampublikong Pagtuturo.

**Statewide Uniform Registry of Electors (SURE)**
Isang platapormang sumusuporta sa mga layunin ng pang-halalang sistema, kabilang ang pagrehistro ng botante, pagpapanatili ng listahan ng botante, datos sa presinto, at ang pagbubuo ng mga aklat ng halalan.

**Static Voting System Software**
Software na hindi nagbabago batay sa isinasagawang halalan o kung saang kagamitang pamboto ito naka-install, hal., executable code.

**Statute (Kasulatang Batas)**
Isang isinulat na batas na ipinasa ng mambabatas ng isang lungsod, lalawigan, estado, bansa, o iba pang partidong politikal.

**Statutory Initiative Petitions (Mga Kusang Petisyon Ayon sa Batas)**
Isang panukala sa balota na iminungkahi ng mamamayan na nagbabago sa kasulatang batas.

**Statutory Provisions (Mga Probisyon Ayon sa Batas)**
Mga probisyon na nagpalawak sa paksa ng batas, upang magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung para kanino nalalapat ang batas, kung kailan ito nalalapat, at kung ano ang parusa sa paglabag nito.

**Statutory Violations (Mga Paglabag sa Itinatag na Batas)**
Ang paglabag sa batas.

**Straight Party Ballot (Balotang pang-isang Partido)**
Isang balota na naglalaman ng lahat ng kandidato mula sa isang partidong politikal.

**Straight Party Override (Pagwalang-Halaga sa Pang-isang Partido)**
Malinaw na pagpili ng botante na nagpapawalang-halaga o nagpapadagdag-halaga sa mga napiling botong nagawa ng balotang pang-isang partido. Ang straight party override ay maaaring maipailalim sa batas ng pang-estadong halalan kaugnay sa kanilang pagpapatakbo o kung sila ay bibigyan ng pahintulot.

**Straight Party Voting (Pangkalahatang Pagboto sa isang Partido)**
Mekanismong nagbibigay-daan sa mga botanteng magsumite ng iisang boto para piliin ang lahat ng kandidato mula sa isang partidong politikal.

**Straight Ticket (Buong Partido)**
Ang aksyon ng pagboto sa isang habilog o kahon sa tabi ng pangalan ng partido sa itaas ng balota upang bumoto para sa bawat kandidato ng partidong pampulitika. Walang botong ibibigay sa isahang labanan kung saan ang napiling partido ay walang kandidato. Kung nais ng botante na bumoto sa anumang mga di-partisan na karera at panukala, ang botante ay dapat gumawa ng mga pagpili sa mga karerang ito nang hiwalay.

**Straight Vote (Pagboboto sa Buong Partido)**
Kapag pinili ng isang botante ang lahat ng kandidato ng isang partidong politikal sa balota.

**Straw Ballot (Straw Ballot)**
Isang ad hoc o hindi opisyal na boto. Ginagamit ito para ipakita ang popular na opinyon sa isang bagay.

**Straw Poll (Straw Poll)**
Isang ad hoc o hindi opisyal na boto. Ginagamit ito para ipakita ang popular na opinyon sa isang bagay.

**Stray Mark (Kalat na Marka)**
Isang markang ginawa ng botante sa labas na bahagi ng balotang malapit sa bawat kandidato o lugar ng balota na partikular na itinalaga para itala ang pinili ng botante.

**Street Segment Data (Street Segment Data)**
Ang bahagi ng isang kalye sa pagitan ng dalawang magkasunod na cross street na maaaring italaga sa isang presinto.

**Strike Out (Strike Out)**
Ang pagguhit ng linya o subukang tanggalin ang  isang marka sa isang dokumento o balota, na may layuning burahin ito.

**Stylus (Stylus)**
Adaptive na aparato na nagbibigay-daan sa mga indibidwal na magamit ang mga screen, board , at iba pang aparato.

**Substitute Candidate (Pampalit na Kandidato)**
Ang ibang kandidato para sa bise presidente mula sa pangalang nakalagay sa sertipikasyon ng partido o nominado na petisyon anumang oras bago ang pitumpu't limang araw bago ang pangkalahatang halalan, sa pamamagitan ng pagpapatunay ng pagbabagosa kalihim ng estado

**Successor (Kasunod na Mamamahala/Mamumuno)**
Isang taong susunod o uupo sa puwestong pinanggalignan ng iba.

**Suffrage (Karapatang Bumoto)**
Ang Karapatang bumoto sa pampulitikang halalan.

**Supervisor of Elections (Tagapamahala ng Halalan)**
Isang opisyal na responsable sa pangangasiwa ng halalan

**Supplemental Ballot Pamphlet (Polyeto ukol sa Karagdagang Balota)**
Polyeta ng karagdagang balota opisyal na impormasyon tungkol sa iyong balota na inisyu mula sa opisina na halalan, pagkatapos maipadala sa koreo ang isang polyeto ng paunang balota.

**Supplemental Petition (Karagdagang Petisyon)**
Mga karagdagang seksyon ng petisyon, pagkatapos na mabigay ang isang master na dokumentona may impormasyon tungkol sa mga hakbang, inisyatiba, reperendum, o mga ginamit ng kandidato upang mangalap ng mga lagda mula sa mga rehistradong botante.

**Supplemental Roster (Karagdagang Listahan)**
Mga karagdagang pahina na idinagdag sa isang opisyal na rehistro ng mga botante na may karapatang bumoto sa isang halalan, na ginagamit upang mapatunayan at suriin ang mga botante bago sila bigyan ng balota.

**Support Software (Suporta na Software)**
Software na tumutulong sa pagbuo, pagpapanatili, o paggamit ng ibang pang software, halimbawa, mga compiler, loader, at iba pang utility.

**Suspend Voting Rights (Pagsuspende ng Karapatang Bumoto)**
Alisin sa isang tao ang karapatang bumoto.

**Suspended Status (Nasuspendeng Katayuan)**
Isang terminong ginagamit ng mga opisyal ng halalan kapag ang impormasyon ng isang botante ay nagpapakita na siya ay hindi karapat-dapat na bumoto.

**Swear (Sumpa)**
Isang taimtim na pagpapatunay ng katotohana ng sinasabi ng isang tao o ang taos-pusong niya itong itutupad.

**Swing Voter (Botanteng walang Kinikilingan)**
Isang taong walang kinakampihang partidong politikal, at mahirap hulaan ang kanyang boto sa halalan.

**Switch (Switch)**
Ang mga switch ay nagkokonekta ng mga computer sa mga network. Ang switch ay nagsisilbing controller. Ang mga router ay kumokonekta at namamahala sa trapiko sa pagitan ng iba't ibang network.

**Sworn (Sinumpaan)**
Ang pagkakaroon ng isang taimtim na pagpapatunay ng katotohanan ng kung ano ang sinabi ng isang tao o ang isang tao ay taos-pusong niya itong itutupad.

**Sworn and Subscribed To (Sinumpaan at Sinasang-ayunan)**
Ang pagkakaroon ng isang taimtim na pagpapatunay ng katotohanan ang sinabi o ang sinabi ay taos pusong nagnanais na itutupad at pumirma ng dokumentasyon upang magbigay ng katibayan ng katotohanan.

**Symmetric Cryptography (Symmetric Cryptography)**
Sistema ng kodigong lihim na gumagamit ng parehong susi sa encryption (pagbasa ng lihim na sulat) and decryption (paggawa ng lihim sa sulat). Dapat panatilihing sikreto ang susi.

**Symmetric (Secret) Encryption Algorithm (Symmetric (Secret) Engcryption Algorithm)**
Mga algorithm ng pag-encrypt gamit ang parehong sikretong key para sa pag-encrypt at pag- decryption.

**System (Sistema)**
Isang koleksyon ng mga pinagsamang bahagi na nagko-convert ng mga input sa mga output. Ang mga sistema ay binubuo ng pinagsama-samang mga subsystem. Ang mga sistema ay karaniwang kumplikado at mataas ang pagkaka-konekta. Ang mga sistema ng impormasyon ay binubuo ng hardware, software, data, tao, at mga pamamaraan.

**System Audit (Pagtutuos ng Kuwenta ng Sistema)**
Isang sistematiko at malayang pagsusuri upang malaman kung ang mga aktibidad at nauugnay na resulta ay sumusunod sa nakaplanong pagsasaayos at kung ang mga kaayusan na ito ay mabisang ipinatupad at angkop para makamit ang mga layunin. Tinutukoy din ito bilang sistematiko, malaya, at nakatalang proseso para sa pagkuha ng ebidensya sa pag-audit at pagtatasa nito nang walang kinikilingan upang matukoy kung hanggang saan natutupad ang pamantayan sa pag-audit.

**Systematic List Maintenance Program (Sistematikong Programa sa Pagpapanatili ng Listahan)**
Terminolohiyang ginagamit upang ilarawan ang prosesong ginagamit ng mga estado at county para panatilihin at baguhin ang listahan ng botante, sa pana-panahong batayan at sa pamamagitan ng pagkansela ng mga pagpaparehistro para sa mga ng botante na hindi karapat-dapat.

**System Extent (Lawak ng Sistema)**
Administratibong bahagi na ang buong saklaw kung saan ginagamit ang sistema ng pagboto (halimbawa isang county). Ang lawak ng sistema ay tumutugma sa pinakamataas na antas ng konteksto ng pag-uulat kung saan ang sistema ay bumubuo ng ulat.

# T

**T-Coil (T-Coil)**
Inductive coil na ginagamit sa ilang hearing aids upang payagan ang pagtanggap ng isang audio band magnetic field signal, sa halip na acoustic signal. Ang magnetic o inductive mode ng reception ay karaniwang ginagamit kasabay ng mga telepono, auditorium loop systems at iba pang mga sistema na nagbibigay ng kinakailangang magnetic field output.

**Tabletop Exercise (Pagtalakay at Pagsasanay)**
Isang pagtalakay at pagsasanay kung saan pinag-uusapan ng mga kwalipikadong tauhan ang mga senaryo at tugon upang mapatunayan ang mga plano at pamamaraan. Tinatawag din itong Incident Response Planning o TTX.

**Tabulate (Itala)**
Proseso ng pagtala ng mga boto

**Tabulating Equipment (Kagamitan sa Pagtala)**
Ang hardware, software, o mga kagamitan na ginagamit sa pagbilang ng boto.

**Tabulating Equipment Memory Card (Memory Kard sa mga Kagamitan sa Pagtala)**
Isang electronic data storage device na ginagamit para sa pag-imbak ng digital vote totatling information (kabuuang impormasyon ng digital na boto), karaniwang gumagamit ng flash memory.

**Tabulation (Tabulasyon/Pagtala)**
Proseso ng pagtatala ng mga boto.

**Tabulation Audit (Audit sa Pagtala)**
Isang pag-audit pagkatapos ng halalan na sinisimulan sa pagbibilang ng mga boto sa papel na talaan gamit ang kamay, pagkatapos ay ihahambing ang mga nabilang na iyon sa katumbas na kabuuang boto unang iniulat bilang pagrerepaso sa katiyakan ng resulta ng halalan, at upang makita ang mga pagkakaiba gamit ang wastong mga bilang ng kamay ng mga tala ng papel bilang pamantayan.

**Tabulation Report (Ulat ng Tabulasyon/Pagtala)**
Isang ulat na naglalaman ng mga bilang na nauugnay sa mga balotang itinala para sa isang distrito ng halalan.

**Tabulator (Taga-Tabula)**
Tao o aparatong nagbibilang ng mga boto.

**Tactile Controls (Kontrol ng Pandamdam)**
Mga control na nakikita o sensitibo kahit sa pagdaplis gamit ang mga kamay, paa, o iba pang bahagi ng katawan. (Hindi kasama ang touch screen.) Ang dalawahang-pindutan ay isang paraan ng Kontrol ng pandamdam na maaring gamitin ng mga botante na may kaunting paggamit ng kanilang mga kamay.

**Tally (Kabuuan ng Boto)**
Proseso ng kabuuang boto.

**Tally Sheet (Pilyego ng Kabuuan ng Boto)**
Ang papel na talaan o de-kuryenteng talaang ginagamit upang mangolekta ng data sa proseso ng pagbibilang ng mga boto.

**Tape (Teyp)**
Ang ulat na nakalimbag sa papel mula sa isang aparato sa pagtabula ng boto upang ipakita ang kabuuang bilang ng mga boto na na inihulog sa bawat kandidato o isyu.

**Technical Data Package (Pakete para sa Technical Data)**
Dokumentasyon ng mangangalakal na may kaugnayan sa sistema ng pagboto na kinakailangang isumite kasama ng sistema bilang isang paunang kondisyon ng sertipikasyong pagsusubok.

**Telecommunications (Telekomunikasyon)**
Paghatid, sa pagitan o sa mga puntong tinutukoy ng gumagamit, ng impormasyong pinili ng gumagamit, nang walang pagbabago sa anyo o nilalaman ng impormasyon na ipinadala o natanggap.

**Term Limits (Hangganan ng Termino)**
Isang legal na paghihigpit na naglilimita sa kabuuang bilang ng mga termino na maaring manilbihan sa isang partikular na nahalal na katungkulang pampubliko.

**Term of Office (Termino sa Katungkulan)**
Ang yugto ng panahon kung saan ang isang tao ay inhalal o itinalagang sa pampublikong katungkulan. Ang kadalasang termino sa katungkulan ay 2, 4, o 6 na taon.

**Test (Pagsubok)**
Pamamaraan na ginagamit upang malaman ang isa o marami pang mga katangian ng isang particular na produkto, proseso, o serbisyo alinsunod sa isang tinukoy na pamamaraan para sa kapantayang pagsusuri. Maaari itong operational test (pagsubok sa pagpapatakbo) o non-operating test (pagsubok sa hindi nagpapatakbo (halimbawa, isang inspeksyon).

**Test Campaign (Pagsubok sa Kampanya)**
Kabuuan ng trabaho sa pamamagitan ng isang test lab ng sistema ng pagboto sa isang produkto o sistema galing sa kontratang dinaan sa plano ng pagsubok, pagsasagawa ng pagsubok para sa bawat kinakailangan (kabilang ang hardware, software, at mga sistema), paguulat, pag-archive, at pagtugon sa mga isyu pagkatapos.

**Test Deck (Palapag para sa Pagsubok)**
Isang grupo ng mga minarkahang balota na may paunang natukoy na kinalabasan. Gamit para sa pagsusuri ng lohika at kawastuhan ng isang sistema sa pagboboto.

**Test Method (Paraan ng Pagsubok)**
Itinukoy na pamamaraang teknikal sa pagpapatakbo ng pagsusuri, mga pamamaraan ng pinagmulan ng mga pagsusuri, o kombinasyon ng mga ito.

**Test Plan (Plano sa Pagsusubok)**
Ang dokumentong ginawa bago ang pagsubok na nagpapahiwatig ng saklaw at uri ng pagsusuri, bagay na susuriin, diskarte sa pagsusuri, mga kinakailangan para makapagpatakbo ng pagsusuri, tungkulin ng pagsusuri, panganib, at iskedyul.

**Test Suite (Pagsubok)**
Pagsasagawa ng isang pangkat ng mga pang-operasyong pagsubok para sa tiyak na bagay (tulad ng tiyak na pambotohang sistema) o uri ng mga bagay (tulad ng lahat ng pambotong sistemang kayang makaintindi ng wikang ginamit sa paglalabas ng resultang data ng pagsusuri).

**Testing Laboratories (Laboratoryo ng Pagsusuri)**
Ang proseso ng pagsasagawa ng anumang pagsusuri o pamamaraan na isinasagawa sa isang kontroladong kapaligiran kung saan magagamit ang naaangkop na kagamitan, mga kagamitan, at mga sertipikadong dalubhasa. Ang labortoryo ng pagsusuri ay karaniwang tinatawag na laboratory test or lab test.

**Testing Standard (Pamantayan ng Pagsusuri)**
Pamantayan na may kinalaman sa mga pamamaraan ng pagsusuri, kung minsan dinadagdagan ng iba pang mga probisyon na may kaugnayan sa pagsusuri, tulad ng sampling , paggamit ng mga istatistikal na pamamaraan o pagkakasunud-sunod na mga pagsusuri.

**Third Party (Ikatlong Partido)**
Isang tao o grupo maliban sa dalawang pangunahing kasangkot sa isang sitwasyon.

**Third Party Auditor (Taga-Audit ng Ikatlong Partido)**
Isang sertipikado o kwalipikadong indibidwal o grupo na hindi opisyal ng halalan, na binigyan ng responsibilidad na repasuhin ang mga materyales sa halalan.

**Third Party Candidate (Kandidato ng Ikatlong Partido)**
Isang kandidato na tumatakbo para sa pwesto, na may kaakibat na partidong politikal maliban sa dalawang pangunahing partidong politikal (Republican at Democratic).

**Third Party Logic (Sistema ng Ikatlong Partido)**
Software (programa), firmware (permanenteng programa), o hardwired logic na hindi application logic o COTS. Halimbawa, kasama dito ang pangkabuuang-layunin na software na binuo ng ikatlong partido na maaaring pinasadya (halibawa,nakakabit sa bagong plataporma, tulad ng Windows Embedded Compact), hindi malawakang ginagamit, o source-code na binuo ng pakete ng COTS.

**Third Party Notification (Paunawa ng Third Party)**
Isang paunawa/abiso mula sa isang tao o grupo maliban sa dalawang pangunahing kasangkot sa isang transaksyon. Ang isang halimbawa ay isang abiso ng pagbabaho ng address mula sa US Postal Service na ipinapasa sa opisina ng halalan.

**Ticket (Tiket)**
Ibang pang pangalan sa isang balota.

**Tie Vote (Patas na boto)**
Parehong bilang ng boto para sa mga kandidato o isyu sa parehong labanan.

**Time Limit (Itinakdang Oras)**
Bilang ng oras na dapat magampanan o makumpleto ang isang bagay.

**Time of Recall (Oras ng Pagbawi)**
Ang legal na yugto ng panahon para sa proseso kung saan maaaring tanggalin ng mga mamamayan ang mga nahalal na opisyal sa pwesto bago matapos ang kanilang termino.

**Time Off for Voting (Pansamantalang paghinto  para Bumoto)**
Halos lahat ng mga estado ay nagbabawal sa mga amo ng kompanya sa pagdidisiplina o pagsisisante ng mga empleyadong huminto sa trabaho para bumoto. Ang ilang mga batas ng estado ay nag-aatas sa mga amo ng kompanya na magbigay ng tiyak na oras sa empleyado para makaboto sila. Sa ilang mga estado,  ang oras na ito ay dapat bayaran; sa iba naman maaaring hindi kailangang magbayad ng sahod sa time off.

**Touch Screen (Touch Screen)**
Aparatong pang-display na nagbibigay ng kakayahan sa taong-gumagamit na makipag-ugnayan sa computer sa pamamagitan ng pagpindot sa mga bahagi ng screen.

**Touchscreen Voting (Touch Screen na Pagboto)**
Ang pagboto gamit ang isang makinarya sa pagboboto na may pang-computer na screen na nagpapakita ng balota at nagbibigay kakayahan sa botante na  ipahiwatig ang kanyang mga napili sa pamamagitan ng pagpindot sa mga itinalagang bahagi ng screen.

**Touchscreen Voting Machine (Makinang Pamboto gamit ang Touch Screen)**
Isang makina ng pagboto na gumagamit ng screen ng computer upang ipakita ang balota at pinapayagan ang botante na ipahiwatig ang kanyang mga pinili sa pamamagitan ng pagpindot sa mga itinalagang bahagi ng screen.

**Touchscreen Voting System (Sistema ng Pagboto gamit ang Touch Screen)**
Isang sistema ng pagboto na gumagamit ng mga makina na may  screen ng computer upang ipakita ang balota at pinapayagan ang botante na ipahiwatig and kanyang mga pinili sa pamamagitan ng pagpindot sa mga itinalagang bahagi ng screen.

**Town (Bayan)**
Isang sibil at politikal na subdibisyon ng isang estado, na may sari-saring laki at silbi na naaayon sa lugar ngunit ito ay kadalasang bahagi ng isang county.  Ang isang bayan ay maaaring magkaroon o walang lokal na pamahalaan.

**Town Clerk (Kawani ng Bayan)**
Ang opisyal ng bayan na namamahala sa pang-halalang administrasyon para sa bayan.

**Town Council (Konseho ng Bayan)**
Ang mga namumuno sa isang bayan sa loob ng maraming estado ng U.S. na binubuo ng mga miyembro na inihalal ng mga botante.

**Township (Kabayanan)**
Isang malawak na sangay ng pamahalaang local sa Estados Unidos, na sumasailalim sa isang county, na may ilang uri ng lokal na pamahalaan kung saan ito ay karaniwang nagsasagawa ng mga halalan.

**Township Clerk (Kawani ng Kabayanan)**
Isang opisyal ng kabayanan na responsable sapangangasiwa ng halalan para sa isang kabayanan.

**Translate (Isalin sa Ibang Wika)**
Ipahiwatig ang mensahe (sa salita o sulat) sa ibang wika.

**Translation (Pagsalin sa Ibang Wika)**
Ang proseso ng pagsalin ng mga salita o sulat sa ibang wika.

**Translator (Tagapagsalin sa Ibang Wika)**
Isang tao o programang nagsasalin sa ibang wika.

**Transmitted Electronically (Inilapat na gamit ang Elektronik)**
Isang komunikasyon na ipinadala o natanggap sa pamamagitan ng teknolohikal na aparato, kabilang ang mga terminal ng computer o iba pang kagamitan o mekanismo na nakakabit sa telepono o microwave relays, o iba pang katulad na kagamitan na may mga de-koryente, digital, magnetic, wireless, optical electromagnetic, o mga katulad na kakayahan.

**Tribal Lands (Lupa ng mga Tribu)**
Ang lupain sa loob ng hurisdiksyon ng isang pederal na kinikilalang mga tribu ng Katutubong Amerikano kung saan may responsibilidad ang pamahalaan ng Estados Unidos sa tribo ng Katutubong Amerikano o isang miyembro ng katutubong Amerikano. Kabilang dito ang mga reservation (santwaryo ng Katutubong Amerikano), pueblo land grants (lupang regalo ng pamahalaan), tribal trust lands (santwaryong pang-tribung lupa, at pang-indibidwal na binahaging lupa.

**Trusted Build (Trusted Build)**
Isang nasaksihang pagbuo ng software (programa) kung saan ang source code ay ginawang mga machine readable binary instructions (executable code: tagubiling kayang basahin ng makinarya lamang) sa paraang nagbibigay ng mga hakbang sa seguridad na makakatulong na siguraduhin na ang executable code ay isang napapatunay at tapat na representasyon ng source code.

**Turnout (Kinalabasan o Resulta)**
Ang bilang ng mga taong dumalo o lumahok sa isang kaganapan, partikular na ang bilang ng mga taong bumoto sa isang halalan. Ang bilang na ito ay karaniwang iniuulat bilang isang porsyento ng kabuuang bilang ng mga botante sa isang halalan na inihati ng kabuuang bilang ng mga rehistradong botante sa isang particular na presinto o hurisdiksyon.

# U

**U.S. Election Assistance Commission (EAC) (Lupon na Nagbibigay Tulong sa Halalan sa U.S.) (U.S. Election Assistance Commission (EAC) (Lupon na Nagbibigay Tulong sa Halalan sa U.S.)**
Ang Election Assistance Commission ay nilikha ng Help America Vote Act (HAVA) upang tulungan ang mga estado tungkol sa pagsunod sa HAVA at upang ipamahagi ang mga pondo ng HAVA sa mga estado. Ang EAC ay ipinagkatiwala din sa paglikha ng mga patnubay sa sistema ng pagboto at sa pagpapatakbo ng unang sistema pangbotohang pangsertipikasyon ng pederal na pamahalaan. Ang EAC ay responsable din sa pagpapanatili ng National Voter Registration form (Pambansang Pagpaparehistro ng Botante), pagsasagawa ng pananaliksik, at pangangasiwa ng isang pambansang clearinghouse sa mga halalan na kinabibilangan ng mga shared practices (ibinahaging pamamaraan), impormasyon para sa botante, at iba pang mga mapagkukunan upang mapabuti ang mga halalan.

**Unauthorized Use (Paggamit ng Walang Pahintulot)**
Paggamit ng teknolohiya o data para sa hindi naaprubahan o ilegal na mga aktibidad.

**Unconstitutional (Hindi konstitusyonal/Hindi ayon sa Konstitusyon)**
Hindi alinsunod sa isang pampulitikang konstitusyon, lalo na sa Konstitusyon ng Estados Unidos, o batas sa pamamaraan.

**Under Oath (Sa Ilalim ng Panunumpa)**
Nanunumpa na magsasabi ng totoo.

**Undervote (Kulang sa Bilang ng Boto)**
Nangyayari kapag ang bilang nga mga pinili ng botante sa isang labanan ay mas mababa sa pinakamataas na bilang para sa mismong labanan o kung walang pinili para sa isang pagpipiliang labanan.

**Undervoting (Pagkakulang sa Bilang ng Boto)**
Ang pagkilos ng isang botante na pumili ng mas mababa sa pinakamataas na bilang na pinapayagan para sa isang paligsahan sa pagboto o kapag walang ginawang pagpili para sa isang pagpipiliang labanan.

**Unenrolled (Hindi Nakatala/Hindi Nakalista)**
Isang indibidwal na hindi kaanib sa isang partidong pampulitika.

**Unenrolled Candidate (Hindi Nakatalang Kandidato/Kandidatong Hindi Nakalista)**
Isang kandidato para sa pampublikong posisyon na hindi kaanib ng isang partidong pampulitika.

**Unexpired Term (Terminong Hindi pa Tapos)**
Ang bilang ng mga araw sa kalendaryo na natitira sa pagitan ng pagkabakante ng isang pampublikong posisyon at ang petsa kung kailan regular na nakatakdang magtapos and temino. Ang mga hindi pa natatapos na termino ay maaring punan sa pamamagitan ng paghirang o espesyal na halalan.

**Uniformed and Overseas Citizens Absentee Voting Act (UOCAVA) (Uniformed and Overseas Citizens Absentee Voting Act (UOCAVA)**
Ang mga mamamayan ng UOCAVA ay mga mamamayan ng Estados Unidos na aktibong kasapi ng Uniformed Services (Naka-Unipormeng Serbisyo), ang Merchant Marine, ang kinomisyong pangkat ng Public Health Service (Pampublikong Serbisyo sa Kalusugan) ang National Oceanic and Atmospheric Administration (Pambansang Administrasyon ng Pangkaragatan at Panghimpapawid), kanilang mga kwalipikadong miyembro ng pamilya, at mga mamamayan ng U.S. na naninirahan sa labas ng Estados Unidos. Ang Batas na ito ay nagbibigay ng legal na batayan para sa mga iniaatas sa pagboto ng absentee na mga mamayan para sa pederal na pwesto.

**Uniformed Services Voter (Botanteng nasa Serbisyo ng Sandatahang lakas ng Bansa)**
Ang mga mamamayan ng Estados Unidos na aktibong kasapi ng Uniformed Services (Naka-Unipormeng Serbisyo), ang Merchant Marine, at ang kinomisyonadong pangkat ng Public Health Service (Pampublikong Serbisyo sa Kalusugan) ang National Oceanic and Atmospheric Administration (Pambansang Administrasyon ng Pangkaragatan at Panghimpapawid), kanilang mga kwalipikadong miyembro ng pamilya.

**Uninterruptable Power Supply (UPS) (Uninterruptable Power Supply (UPS)**
Isang de-bateryang sistemang pang-back-up na mabilis ba lumipat sa power ng baterya kapag naputol ang kuryente sa system ng computer (biglang pagtaas, paghina, at pagkawala o brown out).

**United States Citizen (Mamamayan ng Estados Unidos)**
Isang indibidwal na may legal na katayuan na nagbibigay sa kanya ng ilang partikular na karapatan sa loob ng Estados Unidos. Ang pagkamamamayan ay maaring magmula sa lugar ng kapanganakan, pagkamamamayan ng ama, o naturalisasyon (pagtanggap sa isang dayuhan na maging mamamayan).

**Unmarked Ballot (Balota na walang Marka)**
Isang balota na walang ginawang marka sa pagpipili.

**Unregistered (Hindi Nakarehistro)**
Hindi naglagay ng pangalan sa isang opisyal na listahan ng pagboto.

**Upload (Upload)**
Maglipat ng data mula sa isang mas maliit na computer o aparato patungo sa mas malaking computer.

**Usability (Pagkakaroon ng Silbi/ May Silbi)**
Ang pagiging epektibo, kahusayan, at kasiyahan kung saan ang grupo ng mga taong gumagamit ng isang tiyak na mga tungkulin sa partikular na kapaligiran. Ang pagkakaroon ng silbi sa konteksto ng pagboto ay tumutukoy sa mga botante may kakayahang maghulog ng kanilang boto ayon sa kanilang nilayon nang mabilis, nang walang pagkakamali, at may kumpiyansa na ang kanilang mga pinili sa balota ay naitala ng tama. Tumutukoy din ito sa madaling paggawa ng paghahanda at operasyon sa magiging lugar ng botohan para sa mga kagamitan sa pagboto.

**Usability Testing (Pagsubok sa Kakayahang Magamit )**
Sinasaklaw ang isang hanay ng mga pamamaraan na sumusuri kung paano ang aktwal na nakikipagugnayan ang mga user sa target audience sa isang sistema, kabaligtaran sa mga analytic techniques gaya ng inspeksyon ng kakayahang magamit.

# V

**Vacancy (Bakante)**
Kapag ang isang pampublikong pwesto ay nabakante bago matapos ang isang termino. Ito ay maaaring dahil sa pagkamatay, pagbibitiw sa tungkulin, paglipat sa labas ng hurisdiksyon kapag kinakailangan ang paninirahan, pagtanggal sa tungkulin, bukod sa iba pang dahilan.

**Valid (Balido/Wasto/May Bisa)**
Legal na may bisa dahil sa naisakatuparan bilang pagsunod sa batas.

**Valid Identification (Balidong ID, May Bisang ID)**
Isang paraan ng pagpapatunay ng pagkakakilanlan ng isang tao, ayon sa mga batas ng hurisdiksyon. Ang mga karaniwang uri ng pagkakakilanlan ay mga  lisensiya sa pagmamaneho at pasaporte.

**Valid Registered Voter (Balidong Nakarehistrong Botante)**
Isang botanteng na may kasalukuyang rekord sa naaangkop na awtoridad sa halalan karapat-dapat  bumoto.

**Valid Vote (Balidong Boto, Botong may Bisa)**
Bumoto mula sa isang balota o larawan ng balota na legal na tinatanggap ayon sa batas ng estado.

**Validation (Patunay)**
Proseso ng pagsusuri ng isang sistema o bahagi sa panahon o sa pagtatapos ng proseso ng pagbuo upang matukoy kung natutugunan nito ang tinukoy na pangangailangan.

**Verification (Pagpapatunay)**
Proseso ng pagsusuri ng isang sistema o bahagi nito upang matukoy kung ang mga produkto ng isang particular na yugto ng  pag-unlad ay nakakatugon sa mga kondisyon (tulad ng mga espesipikasyon) na ipinataw sa simula ng yugto.

**Verify Status (Pagpapatunay ng Katayuan)**
Sa ilang mga estado, isang marka sa rekord ng botante na  nagsasaad na ang  botante ay kailangang  kumpirmahin ang isang particular na piraso ng data sa kanilang rekord, tulad ng address ng tirahan o petsa ng kapanganakan, bago sila mabibigyan ng balota.

**Verify Your Voter Registration (Pagpapatunay ng iyong Pagparehistro bilang Botante)**
Tiyakin na tama ang lahat ng iyong impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay tama at napapanahon  upang ikaw ay makakaboto sa susunod na halalan.

**Video Ballot (Balota sa Video)**
Electronic voter interface ng botante na nagpapakita ng impormasyong ng balota at mga tagubilin sa pagboto bilang imahe sa video.

**Violate (Lumabag)**
Nabigong sumunod sa isang tuntunin o batas.

**Violation (Paglabag)**
pagkilos ng hindipagsunod isang tuntunin o batas

**Virus (Virus)**
Isang masamang programa sa computer na may kakayahang magparami sa network ng computer, magpasok o kumpait ang mga kopya nito sa ibang programa sa computed, at magdulot ng pinsala sa mga computer o sistema sa pamamagitan ng pagsira, pagnanakaw, o pagbabago ng data o pag-access (kakayahang magamit ang computer).

**Visual Format (Pampaningin na Format)**
Isang format ng pagpapakita kung saan ang mga pagpipilian sa pagligsahan at iba pang impormasyon ay ipinapakita sa screen o papel para sa pagdama gamit ang paningin.

**Visually Impaired (May Kapansanan sa Paningin)**
Anumang uri ng pagkawala ng paningin.

**Visually Inspected (Sinuri gamit ang Paningin)**
Isang karaniwang paraan ng kontrol sa kalidad, pagkuha ng data, at pagsusuri ng data sa pamamagitan ng pagtingin sa isang piraso ng kagamitan, o isang sobre ng balota, gamit ang mata upang maghanap ng mga depekto.

**Void Ballot (Balotang Walang-Bisa)**
Isang balota na naibigay na ngunit hindi maaaring ihulog ng botante. Ito ay maaring dahil ang isang balota ay nawala sa koreo, nasira, o ang botante ay hindi karapat-dapat na bumoto gamit ang balotang iyon, bukod sa iba pang mga kadahilanan.

**Voluntary Voting System Guidelines (VVSG o Gabay sa Sistema ng Boluntaryong Pagboboto)**
Isang hanay ng mga espesipikasyon at kinakailangan laban sa kung aling mga sistema ng pagboto ang maaring masuri upang matukoy kung ang mga sistema ay nakakatugon sa mga kinakailangang pamantayan.   Sa ilalim ng HAVA, ang EAC ay namamahala sa pagbuo, pagpapanatili, at pag-apruba sa mga pamantayang ito.  Kasama sa ilang salik na sinusuri sa ilalim ng mga pagsubok na ito ng pangunahing functionality, accessibility, at kakayahan sa seguridad.

**Vote (Boto)**
Balidong marka sa isang opisyal na balota na nagsasaad ng kagustuhan ng botante para sa isang partikular na kandidato o tanong sa balota.

**Vote A Provisional Ballot (Pagboboto gamit ang Pansamantalang Balota)**
Ang pagkilos na paghulog ng balota ng botanteng wala sa listahan ng mga karapat-dapat na botante, na ang impormasyon ay hindi kumpleto o tumpak, o nakatanggap na ng balota sa koreo at pinahintulutang bumoto. Ang mga pansamantalang balota ay karaniwang pinanatiling hiwalay sa iba pang mga balota hanggang makakapagpasiya ang isang opisyal ng halalan kung ang botante ay karapat-dapat na bumoto. Ang mga balotang ito kung minsan ay tinatawag na mga fail-safe na boto. .

**Vote Absentee in Person (Boto ng Taong Hindi Makakarating Mismo)**
Ang pagboto bago sacaraw ng halalan kung saan kinukumpleto ng botante ang isang absentee na balota nang personal sa opisina ng mga halalan o o iba pang itinalagang lugar ng botohan bago ang araw ng halalan.

**Vote Against (Boto Laban sa)**
Ang paghulog ng balota na laban sa pampolitikal na kandidato o mungkahi.

**Vote by Emergency Paper Ballot (Pagboto gamit ang Balotang Papel Pang-Emerhensyang )**
Paraan ng paghulog ng balota gamit ang isang papel na balota, kapag ang pangunahing sistema ng pagboto o aparato sa pagmarka ng balota ay hindi magagamit o hindi gumagana.

**Vote by Mail (Pagboto sa pamamagitan ng Koreo)**
Paraan ng paghulog ng balota kung saan ang mga karapat-dapat na botante ay makakatanggap sa koreo ng balota at mga pakete ng impormasyon ng lokal na hurisdiksyon. Maaring ibalik ng mga botante ang kanilang minarkang balota sa pamamagitanng koreo, sa isang lokasyon ng pagboto, o sa mga drop box, depende sa hurisdiksyon.

**Vote by Mail Ballot (Balotang Pamboto gamit ang Koreo)**
Inihulog na balota ng isang botante maliban sa personal sa isang lokasyon ng pagboto. Ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay karaniwang ipinapadala sa mga botante ngunit maaring ibigay sa counter mula sa opisina ng halalan. Depende sa hurisdiksyon, ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay maaring ibalik sa pamamagitan ng koreo, sa isang drop box, o nang personal.

**Vote by Mail Ballot Application (Aplikasyon sa Pagboto gamit ang Koreo)**
Isang dokumento na ginagamit ng isang botante upang humiling ng isang balota na ipadala sa botante gamit ang koreo.

**Vote Capture Device (Aparatong pang-tala ng Boto)**
Isang elektronik na aparatong gamit sa pagboto na mismong ginagamit ng isang botante upang makapagpili sa balota.

**Vote Center (Sentro sa Pagboto)**
Ang sentro ng pagboto ay isa sa maraming lokasyon ng pagboto sa isang hurisdiksyon ng halalan kung saan maarinig piliin ng mga botante na bumoto sa alinman sa mga lokasyong inaalok (hal. hindi sila nakatalaga sa isang lokasyon). Ang mga sentro ng pagboto ay karaniwang binubuksan sa loob ng maraming araw at nag-aalok ng iba't ibang serbisyo sa halalan.

**Vote Counting System (Sistema sa Pagbilang ng Boto)**
Ang kabuuang kombinasyon ng mekanikal, elektromekanikal, o elektronikong kagamitan (kabilang ang software (programa), firmware (permanenteng programa), at dokumentasyong kinakailangan upang iprograma, kontrolin, at suportahan and kagamitan) na ginagamit sa pagbilang ng mga boto; mag-ulat o magpakita ng mga resulta ng halalan; at upang mapanatili at makagawa ng anuman impormasyon sa audit trail.

**Vote For (Boto Kay)**
Paghulog ng boto sa ginustong politikal na kandidato o mungkahi.

**Vote for N Of M (Boto para kay N ng M)**
Isang pagpipilian sa balota kung saan ang mga botante ay pinahihintulutang bumoto para sa isang tinukoy na numero N) ng mga kandidato sa isang labanan na maymaramihang-pwesto (M

**Vote for No More Than (Boto ng Hindi Hihigit sa)**
Ang pinakamataas na bilang ng mga pinagpipiliang pinapayagan i sa isang labanan.

**Vote for Up To (Boto na Hanggang sa)**
Ang pinakamataas ng bilang ng mga pinapipilian pinapayagan sa isang labanan.

**Vote Illegally (Ilegal na Pagboto)**
Ang paghulog ng balota ng isang indibidwal na hindi pinahihintulutanng batas.

**Vote in Honor of a Veteran Program (Pagboboto bilang Paggalang sa Programang Pang-Beterano)**
Isang programang nagbibigay ng pagkakataon sa mga mamamayan na magbigay-galang at ialay ang kanilang boto sa isang beterano o aktibong miyembro ng serbisyo.

**Vote in Person (Bumoto sa mismong Himpilan ng Botohan)**
Pagboboto bago o sa Araw ng Halalan kung saan natapos ng botante ang balota sa mismong itinalagang lugar ng botohan , opisina ng mga halalan, o sentro ng pagboto na pinangangasiwaan ng mga opisyal ng halalan o kawani ng botohan.

**Vote Independently (Malayang Pagboboto)**
Ang mga botante ay may kaarapatan na gumamit ng pangbotohang sistema at may parehong karapatang makilahok nang malaya.

**Vote Recorder (Tagatala ng Boto)**
Aparato na nagpapahintulot sa mga pagpipilian sa paligsahan na marepaso sa electronic interface (screen na pang- computer), gumagawa ng balotang papel na nababasa ng tao, at hindi gumagawa ng pangmatagalang talaan ng mga pinili ng botante.

**Vote Rigging (Pandaraya sa Boto)**
Ilegal na panghihimasok sa proseso ng isang halalan, alinman sa pamamagitan ng pagtaas ng bahagi ng boto sa ginustong kandidato, at/o ang pagpapababa ng bilang ng karibal na kandidato o pareho.

**Vote Tabulating Device (Aparatong Pang-Tabula ng Boto)**
Ang hardware (computer), software (programa), o kagamitang ginagamit sa pagbilang ng mga boto.

**Vote Tabulating Program (Progama sa Pag-tabula ng Boto)**
Ang kabuuang kombinasyon ng mekanikal, elektromekanikal, o elektronic na kagamitan (kabilang ang software (programa), firmware (permanenteng programa), at dokumentasyon kinakailangang upang iprograma, kontrolin, at suportahan ang kagamitan) na ginagamit sa pagbilang ng mga boto; mag-ulat o magpakita ng mga resulta ng halalan; at upang mapanatili at makagawa ng anumang impormasyon sa audit trail.

**Vote Tabulation District (VTD o Distrito ng Pagtabula ng Boto)**
Pagbibilang ng mga balota sa parehong distrito kung saan ang mga balotang iyon ay inihulog na.

**Vote Total (Kabuuang Bilang ng Boto)**
Bilang ng mga boto sa isang halalan pagkatapos isara ang mga botohan para sa pagboto. .

**Vote Variation (Pagkakaiba-iba ng Boto)**
Estilo o katangian ng pagboto, kabilang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod: approval voting, baseline voting, cumulative voting, N-of-M voting, proportional voting, ranked choice voting, score voting, at supermajority voting.

**Vote Without Assistance (Malayang Pagboboto)**
Ang kakayahang markahan, maghulog, at makapasiya ng balota nang pribado at malaya.

**Voted Ballot (Hinulog na Balota)**
Balota na naglalaman ng lahat ng mga pinili ng isang botante at naihulog na.

**Voter (Botante)**
Taong pinahihitulutang bumoto.

**Voter Access Card (Access Kard ng Botante)**
Aparatong ginagamit kasama ng ilang electronic voting machine na nakaprograma para sa bawat botante upang maipakita ng makina ang tamang istilo ng balota para sa presinto ng botante.

**Voter Aid Card (Kard sa Pagtulong ng Botante)**
Isang card na kumikilala ng botante na nangangailangan ng tulong sa proseso ng pagboboto, at sa ilang mga kaso ang uri ng tulong na kinakailangan.

**Voter Approval (Pagsang-ayon sa Botante)**
Kapag ang isang tanong sa balota ay nakatanggap ng sapat na mga boto upang makapasa.

**Voter Assistance Card (Kard sa Pagtulong ng Botante)**
Isang card na kumikilala ng botante na nangangailangan ng tulong sa proseso ng pagboboto, at sa ilang mga kaso ang uri ng tulong na kinakailangan.

**Voter Checklist (Listahan ng mga Gagawin ng Botante)**
Isang listahan na idinisenyo upang tulungan ang mga botante na matagumpay na maisagawa ang proseso nghalalan, mula sa pagpaparehistro para makaboto hanggang sa paghulog ng balota sa Araw ng Halalan.

**Voter Complaint (Reklamo ng Botante)**
Kapag ang isang botante ay naghain ng pormal na paratang ng isang paglabag sa mga karapatan sa pagboto, tulad ng pananakot o pagtanggi na itaguyo ang isang batas sa halalan.

**Voter Concern Form (Form na Malasakit ng Botante)**
Dokumentong ginagamit upang magsampa ng reklamo o paratang ng isang paglabag sa mga karapatan sa pagboto.

**Voter-Facing Scanner (Scanner sa Pagtala ng Boto)**
Sistema kung saan ang mga boto ay naitala sa isang lokasyon ng pagboto sa pamamagitan ng mga marking ginawa sa mga target sa pagboto na itinalaga sa isa or magkabilang panig ng kard ng balota or serye ng mga kard. . Ang isang optical scan system ay kayang magbasa at magtala ng balota, kadalasang papel na mga balota, sa pamamagitan ng pag-scan sa balota at pagkahulugan sa mga nilalaman.

**Voter Files (Mga File ng Botante)**
Mga Digital na database ng pampublikong talaan kung sino ang nakareshistro para bumoto at kung sino ang bumoto sa mga nakaraang halalan. Ang mga talaan ng file ng botante ay nagsasaad kung ang isang tao ay bumoto sa isang halalan o hindi, ngunit hindi nagsasaad kung sino ang binoto niya.

**Voter Fraud (Pandaraya ng Botante)**
Ilegal na panghihimasok sa proseso ng isang halalan, alinman sa pamamagitan ng pagtaas ng bilang ng pagboboto sa pinapaboran na kandidato, at/o ang pagpapababa ng bilang ng mga kalaban na kandidato, o pareho.

**Voter Fraud Hotline (Hotline para sa Pandaraya ng Botante)**
Numero ng telepono kung saan maaring mag-ulat ang sinumang indibidwal ng reklamo or paratang ng paglabag sa karapatan sa pagboto.

**Voter Guide (Gabay ng Botante)**
Gabay na nagbibigay ng karagdagang impormasyon sa halalan tulad ng lugar at oras ng botohan ng botante, impormasyon tungkol sa mga kandidato, mga tanong, at tagubilin sa pagboto.

**Voter Identification (ID o Pagkakakilanlan ng Botante)**
Paraan ng pagpapatunay ng pagkakakilanlan ng isang tao para sa mga layunin ng pagboto, alinsunod sa batas ng hurisdiksyon. Ang karaniwang anyo ng pagkakakilanlan ay mga lisensya sa pagmamaneho at pasaporte.

**Voter Information Card (Kard na Naglalaman ng Impormasyon ng Botante)**
Card na ibinigay ng opisina sa mga halalan sa mga rehistradong botante na naglalaman ng impormasyon tungkol sa record ng pagpaaprehistro ng isang botante, tulad ng numero ng pagpagparehistro, petsa ng pagpaparehistro, pangalan, kaakibat na partido, petsa ng kapanganakan, address ng tirahan, numero ng presinto, address ng lugar ng botohan, atbp. Ang opisina ng halalan ay maaaring isama ang karagdagang impormasyon sa kard kung sa tingin nila ay kinakailangan.

**Voter Information Guide (Impormasyong Pang-gabay sa Botante)**
Gabay na nagbibigay ng karagdagang panghalalang impormasyon tulad ng lugar ng botohan ng botante at oras, mga tanong, at mga tagubilin sa pagboboto.

**Voter Information Pamphlet (Polyeto para sa Impormasyon ng Botante)**
Gabay na nagbibigay ng karagdagang impormasyon sa halalan tulad ng lugar at oras ng botohan ng botante, impormasyon tungkol sa mga kandidato, mga tanong, at mga tagubilin para sa pagboto.

**Voter Intent (Pagkusa ng Botante)**
Kung paano ipinahiwatig ng botante na ipahayag ang kanilang pagpipilian sa boto a sa pamamagitan ng ginawang pagkilos upangmarkahan, magberipika, at maghulog ng balota.

**Voter Intent Standard (Pamantayan ng Pagkusa ng Botante)**
Pamantayan para sa pagbibilang ng mga balota na naglalayong tiyakin na ang mga balota ay binibilang alinsunod sa mga hangarin ng botante, sa pamamagitan ng mga nakasulat na panuntunan para sa parehong mga proseso ng tao at machine algorithms (makinaryang programa) upangmatiyak na ang lahat ng mga balota na minarkahan sa parehong paraan ay binilang din ng parehong paraan.

**Voter Initiative (Pagkusa ng Botante)**
Isang paraan kung saan ang mga botante ay maaringmagmungkahi ng bagong batas o mag-amyenda ng mga umiiral na batas sa pamamagitan ng pagngangalap ng mga lagda mula sa mga rehistradong botante upang magpatibay ng batas o ilagay ang isyu sa balota para pagbotohan ng publiko.

**Voter Intimidation (Pananakot sa Botante)**
Pagbabanta ng karahasan, pagmamanipula, panggugulo, o pananakot sa layuning maimpluwensyahan kung paano bumoto ang isang tao.

**Voter List (Listahan ng Botante)**
Listahan ng mga indibidwal na nagrehistro sa isang electoral roll kung saan naninirahan ang isang botante, , bilang unang hakbang sa pagiging karapat-dapat na bumoto.

**Voter Notification Card (Kard na may Notipikasyon para sa Botante)**
Mga card na ibinigay ng opisina sa mga halalan sa mga nakarehistrong botante na naglalaman ng impormasyon tungkol sa record ng pagpaparehistro ng isang botante, tulad ng numero ng pagpaparehistro, petsa ng pagpaparehistro, pangalan, kaakibat na partido, petsa ng kapanganakan, address ng tirahan, numero ng presinto, address ng lugar ng botohan, atbp. Ang opisina ng halalan ay maaaring magsama ng karagdagang impormasyon sa card kung kinakailangan.

**Voter Qualifications (Kwalipikasyon ng Botante)**
Lahat ng kailangan para makaboto ang isang indibidwal sa halalan.

**Voter Registrar (Tagapagrehistro ng Botante)**
Opisyal na namamahala sa administrasyong panghalalan.

**Voter Registration (Rehistrasyon ng Botante)**
Salitang gamit ng mga opisyal ng halalan kapag tumutukoy sa talaan ng botante. Ang rehistrasyon ng botante ay tumutukoy din sa pangangailangan ng mga mamamayang magparehistro sa isang tanggapan ng estado o lokal na halalan upang maging karapat-dapat na tumanggap ng opisyal na balota para sa halalan, at upang lumahok sa ilang particular na aktibidad na nauugnay sa halalan (kabilang ang ngunit di limitado sa pagpirma ng mga petisyon, pagsisilbi bilang kawani ng botohan, at pagkakandidato).

**Voter Registration Application (Aplikasyon sa Pagrehistro ng Botante)**
Opisyal na sinumpaang pahayag ng impormasyon na ginamit upang makarehistro ang mga botante. Minsan ito ay tinatawag na Voter Registration Card.

**Voter Registration Card (Kard ng Rehistrasyon ng Botante)**
Opisyal na sinumpaang pahayag ng impormasyong na ginamit ng mga indibidwal upang magparehistro para bumoto..

**Voter Registration Certificate (Sertipiko ng Rehistrasyon ng Botante)**
Opisyal na sinumpaang salaysay ng isang opisina sa halalan upang patunayang na ang isang mamamayan ay isang rehistradong botante

**Voter Registration Drive (Kampanya para sa Pagrerehistro ng Botante)**
Isang pagsisikap ng awtoridad ng gobyerno, partidong politikal, o iba pang nilalang na magparehistro ng mga taong may kaparatang bumoto. Ang mga kalahok ng kampanya sa pagpaparehistro ng botante ay nagbibigay ng mga dokumentong sa pagpaparehistro ng botante, pagbigay tulong sa pagkumpleto ng mga dokumento, at pagbabalik ng mga dokumento sa mga opisina sa halalan.

**Voter Registration List (Listahan ng mga nakarehistrong Botante)**
Listahan ng mga indibidwal na nakarehistro sa isang electoral roll kung saan nanihirahan ang isang botante , bilang unang hakbang para maging karapat-dapat na bumoto.

**Voter Registration Rolls (Listahan ng mga Rehistradong Botante)**
Listahan ng mga indibidwal na nakarehistro sa isang electoral roll kung saan nanihirahan ang isang botante, bilang unang hakbang para maging karapat-dapat na bumoto.

**Voter Registration System (Sistema ng Pagrehistro ng Botante)**
Ipinamahaging o sentralisadong sistema nagpapahintulot sa koleksyon, pag-iimbak, pag-babago, pagbubura, at pag-uulat ng mga talaan ng mga botante. Ang Help America Vote Act (HAVA) ay nag-uutos sa lahat ng estado na magkaroon ng sentralisadong, pang-buong estadong voter registration system (VRS o Sistema ng Pagrehistro ng Botante). Ang VRS ay may maraming interface at kaya nitong makipag-ugnayan sa sistema ng Department of Motor Vehicle (DMV), panghalalang opisyal, botante, at mga stakeholder. Ang VRS ay maaaring ibigay ng nagbebenta o "homegrown". Maaari silang maging client-server architecture o naka-base sa mainframe.

**Voter Statistics (Estadistika ng Botante)**
Data ng iniulat na aktibidad sa pagboboto at rehistrasyon, kabilang ang mga ibang bahagi tulad ng bilang ng dumalo at edad.

**Voter Turnout (Bilang ng Bumoto)**
Ang bilang o numero ng mga taong bumoto sa isang halalan. Itong bilang ay kadalasang inuulat bilang isang porsyento ng kabuuang numero ng mga botante sa isang halalan na inihati ng kabuuang numero ng mga rehistradong botante sa isang presinto o hurisdiksyon.

**Voter's Bill of Rights (Panukalang Batas ng Karapatan ng Botante)**
Mga ligal at konstitusyonal na proteksyong idinisenyo upang siguraduhin ang pagkakataong makaboto nang malaya sa mga makatarungan at patas na halalan.

**Voter's Declaration (Pagpapahayag ng Botante)**
Nakasulat na pahayag na kinumpirma ng panunumpa o paninindigan, na idinedeklara ang katotohanan.

**Voter-Verifiable (Maaaring Mapatunayan ng Botante)**
Isang katangian ng sistema ng pagboboto na nagbibigay sa botante ng pagkakataon na mapatunayan na ang kanyang mga pinili sa balota ay naitala nang wasto, bago ito maihulog.

**Voter-Verifiable Audit Record (Talaan ng Audit na Mapapatunayan ng Botante)**
Talaang nakalimbag na maaaring mabasa ng botante upang mapatunayan at masuri ang pagkawasto ng kanyang mga napili.

**Voter-Verified Paper Audit Trail (VVPAT: Paper Audit Trail na Mapapatunayan ng Botante)**
Sa sistema ng DRE, isang dokumentong papel na naglalaman ng ebidensya ng mga napili ng botante na masusuri bago opisyal na ihulog ang balota.

**Voter-Verified Paper Record System (VVPRS: Sistema ng Talaang Papel na Mapapatunayan ng Botante)**
Pisikal na talaang papel ng mga balota ng botanteng inihulog sa sistema ng botohan. Sakaling kailanganing ulitin ang bilang ng halalan o gumawa ng audit, ang VVPPRS ay magbibigay ng opisyal na talaan ng balota.

**Voter-Verified Paper Trail (VVPT: Paper Trail na Mapapatunayan ng Botante)**
Pisikal na talaang papel ng mga balota ng botanteng inihulog sa sistema ng botohan. Sakaling kailanganing ulitin ang bilang ng halalan o gumawa ng audit, ang VVPT ay magbibigay ng sumusuportang talaan. Ang 'voter-verified' na bahagi ng VVPT ay nangangahulugan ng katotohanan na ang botante ay binigyan ng pagkakataong beripikahin na ang mga pinili sa talaang papel ay nagtutugma sa mga pinili ng botante noong inihulog ang kanyang balota. Samakatuwid, ang resulta ng halalan ay isang elektronic na listahan ng mga botong inihulog at isang talaang papel ng mga botong inihulog ng indibidwal.

**Voters with Disabilities (Botanteng may Kapansanan)**
Isang Botante  na nangngailangan ng tulong o panteknolohiyag tulong upang masuri ang mga pamamaraang hindi idinisenyo para sa lahat.

**Votes Cast (Mga Inihulog na Balota)**
Ang bilang ng mga balotang tinanggap kabilang ang mga balotang hindi pa tinatanggap para sa pagbibilang.

**Voting Booth (Lugar ng Botohang Itinatalaga)**
Isang nakasaradong lugar kung saan makakahulog nang pribado ang isang tao.

**Voting Device (Aparatong Pangboto)**
Aparatong bahagi ng sistema ng pagboboto.

**Voting Equipment (Kagamitang Pangboto)**
Ang lahat ng aparato, kabilang na ang makinaryang pangboto, ginagamit para ipakita ang balota, tanggapin ang mga pinili ng botante, itala ang mga pinili ng botante, at magtabula ng mga boto.

**Voting Indicator (Tanda ng Pagboboto)**
Espasyong katabi ng pangalan ng bawat kandidato at tanong sa balota, ito ay ginagamit para magmarka ng boto.

**Voting Instructions (Tagubilin sa Pagboboto)**
Impormasyong ibinigay sa botante na nagpapaliwanag ng mga pamamaraan sa pagboboto. Itong impormasyon ay maaaring diretsahang makita sa balotang papel o elektronic o maaari ring ibigay nang hiwalay.

**Voting Lever (Hawakan sa Pagboboto)**
Kasangkapan na direktang tumatala ng pinili ng botante sa pamamagitan ng de-manong hawakan papunta sa makinang nagbibilang ng mga boto kahit hindi gumamit ng pisikal na balota.

**Voting Location (Lokasyon ng Pagboboto)**
Pisikal na lokasyon kung saan makakahulog ng balota ang mga botante.

**Voting Machine (Makinaryang Pamboto)**
Ang mekanikal, elektromekanikal, at elektric na kasangkapan ng pambotohang sistema na ginagamit ng botante upang mabasa ang balota, imarka ang kanyang napili, at iberipika ang mga iyon. Sa ilang mga sitwasyon, ang makinaryang pamboto ay naghuhulog din ng balota at nagtatabula ng mga ito.

**Voting Official (Mga Opisyal o kawani sa )**
Salitang ginagamit upang italaga ang grupo ng mga taong nauugnay sa halalan, kabilang ang mga tauhan ng halalan, manggagawa sa halalan, taga-disenyo ng balota at ang mga taong namamahala sa pagtatayo, pagpapatakbo, pagpapanatili ng mga sistemang pamboto.

**Voting Position (Posisyon sa Botohan)**
Partikular na espasyo ng isang balota para sa pagtugon kung saan  ipinapahiwatig ng  botant ang pagpili ng isang kandidato o tugon sa panukala ng balota..

**Voting Position Target (Target na Posisyon sa Pagboto)**
Ang target na posisyon sa pagboto ay tumutukoy sa lugar na iyon ng balota na katabi ng bawat kandidato o panukala, o ang lugar n na iyon ng balota na particular na itinalaga upang itala ang pinili ng botante para sa labanang na iyon. Nalalapat ang termino sa lahat ng uri ng mga target ng posisyon sa pagboto sa mga balota, anuman ang anyo ng mga ito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, parihaba, hugis biluhaba, bilog, parisukat, hole punch, cross punch, slotting, at bukas na pana.

**Voting Precinct (Presinto ng Botohan)**
Dibisyon ng halalan na naayon sa malapit na heograpikong lugar na siyang batayan para sa pagtukoy kung aling mga labanan at isyu ang maaaring iboto ng kwalipikadong botanteng nakatira sa lugar na iyon.

**Voting Process (Proseso ng Pagboboto)**
Buong hanay ng mga pamamaraan, tao, mapagkukunan, kagamitan, at lokasyong nauugnay sa pagsasagawa ng halalan.

**Voting Punch (Pambutas ng balota)**
Isang aparatong pangmarka ng balota na ginagamit ng mga botante upang makagawa ng butas sa kard ng balota para markhan ang kanilang napili.

**Voting Restrictions (Mga Paghihigpit sa Pagboboto)**
Isang batas o hanay ng mga batas ng nagpapahirap sa mga tao na bumoto.

**Voting Right (Karapatang Bumoto)**
Mga batas na nagpoprotekta sa karapatan ng mamamayang makilahok sa pampublikong halalan.

**Voting Rolls (Listahan ng Bumoto)**
Isang listahan ng mga indibidwal na nakapagrehistro para sa lugar ng botohan kung saan nakatira ang botante, bilang isang kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat na bumoto.

**Voting Session (Sesyong Pamboto)**
Koleksyon ng mga aktibidad kabilang na ang pagbigay ng balota, paggamit ng botante ng aparatong pagtatala ng boto, pagboto, pagpapatunay, at paghulog.

**Voting Station (Himpilan ng Botohan)**
Ang lugar sa loob ng lokasyon ng botohan kung saan maaring itala ng mga botante and kanilang mga boto. Kabilang sa himpilan ng botohan ang lokasyon, puwesto o nakasaradong lugar kung saan nagaganap ang botohan gayundin ang makina ng pagboto.

**Voting Status (Katayuan ng Pagboto)**
Salitang ginagamit ng mga opisyal ng halalan upang ilarawan ang talaan ng botante kung siya ay karapat-dapat na bumoto at/o kung sila ay bumoto.

**Voting Stylus (Stylus ng Pagboto)**
Aparatong ginagamit upang markahan ang alinman sa isang demanong balota o idirekta ang pagtala ng boto sa elektronic na makina ng pamboto.

**Voting System (Sistema ng Pagboboto)**
Ang kabuuang kumbinasyon ng mekanikal, elektromekanikal or elektronikong kagamitan (kabilang ang software, firmware, at dokumentong kinakailangan upang i-program, kontrolin, at suportahan ang kagamitan) na ginagamit para bumuo ng balota; bumoto at makabilang ng boto; makaulat o magpakita ng resulta ng halalan; at mapanatili at makagawa ng anumang impormasyon ng audit trail; at mga gawain at kasamang dokumentong ginagamit sa pagkakakilanlan ng kasangkapang pang-sistema at ibang bersyon nitong mga kasangkapan; para masubukan ang sistema sa panahon ng pagbubuo at pagpapanatili nito; upang makapanatili ng mga talaan ng pagkakamali sa sistema at pagkakasira; upang matukoy ang espesipikong pagbabago sa sistema na ginagawa sa isang sistema pagkatapos ng unang kwalipikasyon ng sistema; at iaalok ang lahat ng materyales sa botante (tulad ng pang-abiso, tagubilin, dokumento o balotang papel).

**Voting System Certification (Katibayan sa Sistema ng Pagboboto)**
Ang proseso kung saan ang EAC, pagkatapos ng pagsusuring isinagawa ng kinikilalang Voting System Test Laboratory (laboratoryo ng pagsusuri ng sistemang pangboto), at magpapatunay na ang isang sistema ng pagboboto ay tumutugon sa mga pangangailangang inilatag sa kasalukuyang voting system testing standards (VVSG o pamantayan sa pagsusuri ng sistema ng pagboboto), at tumatakbo ito alinsunod sa espesipikasyon ng Tagagawa para sa sistema.

**Voting System Procedures (Pamamaraan sa Sistema ng Pagboboto)**
Ang EAC ay nagpapatakbo ng programa ng pagsusuri sa sistema ng pagboboto at katibayan. Itong programa ay sumusuri at nagbibigay ng katibayan sa hardware at software at maaari din itong magtanggal ng katibayan ng iyong mga sistema. Itong programa ay gumagamit ng mga laboratoryong ng pagsusuri para isagawa ang pagsusuri para sa EAC. Habang hindi inutusan ang mga estadong makilahok sa programang ito, ang ilan ay pinairal ang mga batas o nagkaroon ng mga kautusan na nangangailangan ng antas ng pakikihalok.

**Voting System Software (Software para sa Sistema ng Pagboboto)**
Ang lahat ng executable code at mga nauugnay na configuration files na kailangan para sa wastong pagpapatakbo ng sistema ng pagboboto. Kasama dito ang third party software tulad ng mga operating systems, drivers, at database management tools.

**Voting System Standards (VSS o Pamantayan sa Sistema ng Pagboboto)**
Sistema ng pagbobotong binigyan ng katibayan ng EAC ay sinubukan alinsunod sa mga boluntaryong pamantayan na nagbibigay ng pangangailangan na dapat tugunan ng mga sistema ng pagboboto upang makatanggap ng Pederal na katibayan. Itong mga pamantayan ay tinatawag na Voluntary Voting System Guidelines (VVSG).

**Voting System Test Laboratory (VSTLs o Laboratoryo ng Pagsubok sa Sistema ng Pagboboto)**
Ang VSTLs ay pribadong laboratory na sumusubok ng mga sistema ng pagboboto (at ibang sistemang panghalalan) para sumunod sa Voluntary Voting System Guidelines (VVSG) o sa ibang pangangailangan, kabilang ang mga indibidwal na kinakailangan ng estado. Ang VSTL ay panapanahong nirerepaso para sa pagsunod sa National Voluntary Laboratory Accreditation Program (NVLAP) na isinasagawa ng National Institute for Standards and Technology (Pambansang Instituto ng Pamantayan at Teknolohiya).

**Voting System Testing (Pagsubok ng Sistema ng Pagboboto)**
Pagsusuri at pagsubok ng isang computerized na system ng pagboto sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan ng pagsubok upang matukoy kung ang sistema ay sumusunod sa mga kinakailangan ng Voluntary Voting System Guidelines at kanyang mga espesipikasyon.

# W

**Waive The Right To (Kusang Talikuran ang Karapatan sa…)**
Ang legal na kakahayang humiling ng exemption sa isang tuntunin o regulasyon.

**Waiver (Waiver)**
Ang boluntaryong pagbibitiw o pagsusuko ng ilang mga karapatan o pribilehiyo. Ang mga ahensiyang ng regulasyon ng mga kagawaran ng estado ang pederal na pamahalaan ay maaaring magbigay ng waiver upang i-exempt ang mga kumpanya sa ilang partikular na regulasyon.

**Ward (Dibisyon ng Lungsod/Distrito)**
Administratibong dibisyon ng isang lungsod o barangay na kadalasang naghahalal ng konsehal o mga konsehal na siyang kumakatawang.

**Water District (Distrito ng Tubig)**
Heograpiyang bahagi ng lokal na pamahalaan na binigyan ng tungkulin ng pagsasagot sa mga pangangailangan sa tubig at posonegro ng isang komunidad.

**Wheelchair Accessible (Nakalaan para sa Wheelchair)**
Katangian ng gusaling magbigay ng madaliang pagkilos para sa mga indibidwal na gumagamit ng wheelchair. Ang mga nakalaang pinto ay dapat makakapagbigay ng kahit 32 pulgada sa lapad. Ang pagbukas at pagsara ng pinto ay hindi dapat nangangailangan ng higit sa 5 pounds (2.267 kilos) na puwersa. Dapat kaya din itong magamit ng kahit isang kamay lang at hindi nangangailangan ng matinding kapit, pihit, o pagpilipit ng pulso. Ang threshold (ibabang bahagi ng pinto) ay hindi maaring mas mataas sa 1/2 pulgada sa mga nakalaan na pinto, pati rin ang mga sliding door. Dapat ang mga pinto ay may tiyak na lawak sa paligid ng mga ito, sa lahat ng kaso, ang espasyong para makakilos ay dapat may patag na kalatagan na may maximum slope na 1:48.

**White Box Testing (Paraan ng pagsubok sa Software ng Sistema)**
Pagsusuri ng panloob na istruktura ng isang kasangkapan o sistema.

**Wi-Fi**
Isang wireless networking na teknolohiya na gumagamit ng radio waves upang makabigay ng koneksyon sa internet. Ang salitang Wi-Fi ay pangkalakal na pangalan para sa pamantyang IEEE 802.11x.

**Wide Area Network (Network pang Malawak na Sukat)**
Network na nagkokonekta sa mga computer sa buong metropolitan, rehiyon, at pambansang hangganan.

**Wireless (Walang kable o kawad)**
Pagkokonekta sa network sa pamamagitan ng radio waves imbes na kable o kawad. Ang mga wireless na signal ay maaaring mahadlangan, at, kung hindi naka-encrypt, madali itong maunawaan.

**Withdrawal of Candidacy (Pag-atras sa Pagkakandidato)**
Kapag may taong kumakandidato ngunit napagdesisyonang, mula sa sariling kagustuhan, na hindi maisama sa huling balota.

**Withdrawal of Nominating Petition (Pagbawi ng Petisyon para sa Nominasyon)**
Kapag ang isang tao ay nagsumite ng mga papeles para makonsiderang mahalal sa pampublikong pwesto, ngunit napagdesisyonan, mula sa sariling kagustuhan, na bawiin ang kagustuhang mahalal.

**Withdrawn Candidates (Mga Kandidatong Umatras)**
Mga kandidatong tumakbo o nagpahayag ng kandidatura ngunit napagdesisyonan, mula sa sariling kagustuhan, na hindi maisama sa huling balota.

**Writ of Election (Proklamasyon ng Halalan)**
Isang termino legal na ginagamit kapag ang isang may awtorisadong awtoridad ng pamahalaan ay nagpahayag na ang isang halalan ay magaganap sa isang partikular na panahon.

**Write-In (Boto para sa Kandidatong wala sa Listahan)**
Isang boto para sa kandidatong hindi nakalista sa balota. Sa ilang mga hurisdiksyon, magagawa ito ng mga botante sa pamamagitan ng pagsusulat ng pangalan sa write-in na espasyo ng isang balotang papel, o makakagamit sila ng keypad , touch screen, o ibang elektronik na paraan upang ilagay ang pangalan sa elektronik na aparatong pamboto.

**Write-In Campaign (Kampanya para sa Kandidatong wala sa Listahan)**
Kahit sinong taong tumatakbo, ngunit ang kanyang pangalan ay hindi nakalista sa balota. Dapat turuan ng kandidato ang mga botanteng isulat ang pangalan ng kandidato sa inilaang espasyo sa balota.

**Write-In Candidate (Kandidatong wala sa Listahan)**
Kahit sinong taong tumatakbo, ngunit ang kanyang pangalan ay hindi nakalista sa balota. Para mabilang at mapatunayan itong mga boto, ang kandidato ay dapat magsumite ng mga dokumento sa opisyal ng halalan sa panahon ng kwalipikasyon. May inilaang espasyo sa balota kung saan masusulat ng mga botante ang pangalan ng kandidato. Dapat turuan ng kandidato ang mga botanteng isulat ang pangalan ng kandidato sa inilaang espasyo.

**Write-In Candidate Requirements (Pangangailangan ng Kandidatong wala sa Listahan)**
Kahit sinong taong tumatakbo, ngunit ang kanyang pangalan ay hindi nakalista sa balota, ay dapat pa ring magkumpleto at magsumite ng mga dokumento sa opisyal ng halalan sa panahon ng kwalipikasyon, upang maibilang at mapatunayan.

**Write-In Space (Espasyo sa Balota para sa Kandidatong wala sa Listahan)**
Espasyong inilaan sa balota para maisulat ng mga botante ang pangalan ng kandidatong wala sa listahan.

**Write-In Vote (Boto sa Kandidatong wala sa Listahan)**
Boto para sa kandidatong wala sa listahan ng balota. Sa ilang mga hurisdiksyon, magagawa ng mga botante ito sa pamamagitan ng aparatong pangmarka upang maisulat nila ang kanilang piniling kandidato sa balota o makakagamit sila ng keypad, touch screen, o ibang elektronik na paraan upang maisulat ang pangalan.

**Write-In Voting (Pagboboto sa Kandidatong wala sa Listahan)**
Upang makapili ng kandidatong wala sa listahan ng balota. Sa ilang mga hurisdiksyon, magagawa ng mga botante ito sa pamamagitan ng aparatong pangmarka upang maisulat nila ang kanilang piniling kandidato sa balota o makakagamit sila ng keypad, touch screen, o ibang elektronik na paraan upang maisulat ang pangalan.

# X

**X of Y (X of Y)**
Tumutukoy sa bilang ng mga pambotong presinto na nagawan na ng tabulasyon at iniulat. Halimbawa: 8 sa 10 pambotong presinto ay nagawan na ng tabulasyon at iniulat.

**XML Extensible Markup Language (XML Extensible Markup na Wika)**
Ang XML ay isang text-based na wikang ginagamit sa pagbubuo at pagpepresenta ng impormasyon sa World Wide Web (Internet).

# Y

**Yard Sign (Karatulang Pang-bakuran)**
Karatulang nagtataguyod ng partikular na boto.

# Z

**Zero Report (Ulat Zero)**
Ulat na ginawa bago ang tabulasyon upang siguraduhing walang nakatagong boto.